

Tablets of the Divine Plan	Mga Tableta ng Banal na Plano
	Na Ipinahayag ni ‘Abdu’l-Bahá para sa mga Bahá’í ng Hilagang Amerika
‘Abdu’l-Bahá	
• • •	
Table of Contents	Mga Nilalaman
1. Tablet to the Bahá’ís of the Northeastern States	1 Tableta sa mga Bahá’í ng mga Estado ng Hilagang Silangan
2. Tablet to the Bahá’ís of the Southern States	2 Tableta sa mga Bahá’í ng mga Estadong nasa Katimugan
3. Tablet to the Bahá’ís of the Central States	3 Tableta sa mga Bahá’í ng mga Estadong nasa Kalagitnaan
4. Tablet to the Bahá’ís of the Western States	4 Tableta sa mga Baha’i ng mga Estadong nasa Kanluran
5. Tablet to the Bahá’ís of Canada and Greenland	5 Tableta sa mga Baha’i ng Canada at Greenland
6. Tablet to the Bahá’ís of the United States and Canada	6 Tableta sa mga Baha’i ng Estados Unidos at Canada
7. Tablet to the Bahá’ís of the United States and Canada	7 Tableta sa mga Baha’i ng Estados Unidos at Canada
8. Tablet to the Bahá’ís of the United States and Canada	8 Tableta sa mga Baha’i ng Estados Unidos at Canada
9. Tablet to the Bahá’ís of the Northeastern States	9 Tableta sa mga Baha’i ng mga Estadong Hilagang Silangan
10. Tablet to the Bahá’ís of the Southern States	10 Tableta sa mga Baha’i ng mga Estadong nasa Katimugan
11. Tablet to the Bahá’ís of the Central States	11 Tableta sa mga Baha’i ng Gitnang Estado
12. Tablet to the Bahá’ís of the Western States	12 Tableta sa mga Baha’i ng Estadong nasa Kanluran
13. Tablet to the Bahá’ís of Canada and Greenland	13 Tableta sa mga Baha’i ng Canada at Greenland
14. Tablet to the Bahá’ís of the United States and Canada	14 Tableta sa mga Baha’i ng Estados Unidos at Canada
Notes and References in this Publication	Mga Tala at mga Reperensiya sa Lathalaing ito

1	1
Tablet to the Bahá'ís of the Northeastern States	Tableta sa mga Bahá'í ng mga Estado ng Hilagang Silangan
Revealed on March 26, 1916, in ‘Abdu’l-Bahá’s room at the house in Bahjí, addressed to the Bahá'ís of nine Northeastern States of the United States: Maine, Massachusetts, New Hampshire, Rhode Island, Connecticut, Vermont, Pennsylvania, New Jersey and New York.	Ipinahayag noong ika-26 ng Marso 1916, sa silid ni ‘Abdu’l-Bahá sa tahanan sa Bahjí, isinulat para sa mga Bahá'í ng siyam na Estado ng Hilagang Silangan ng Estados Unidos: Maine, Massachusetts, New Hampshire, Rhode Island, Connecticut, Vermont, Pennsylvania, New Jersey at New York.
<i>O ye heavenly heralds:</i>	<i>O kayong makalangit na mga tagapamalita:</i>
1.1 These are the days of Naw-Rúz. I am always thinking of those kind friends! I beg for each and all of you confirmations and assistance from the threshold of oneness, so that those gatherings may become ignited like unto candles, in the republics of America, enkindling the light of the love of God in the hearts; thus the rays of the heavenly teachings may begem and brighten the states of America like the infinitude of immensity with the stars of the Most Great Guidance.	1.1 Ito ang mga araw ng Naw-Rúz. Lagi kong iniisip ang mabababait na mga kaibigang iyon! Isinasamo para sa bawat isa sa inyo ang mga pagpapatibay at tulong mula sa bungad ng kaisahan, nang sa gayon ang mga pagtitipong iyon ay maging tulad ng nasisindihang mga kandila, sa mga republika ng America, na pinagniningas ang liwanag ng pag-ibig sa Diyos sa mga puso; sa gayon ang mga sinag ng makalangit na mga turo ay maging hiyas na magpaniningning sa mga estado ng America tulad sa kalawakan ng kawalang-hanggan na nagniningning sa mga bituin ng Pinakadakilang Pamamatnubay.
1.2 The Northeastern States on the shores of the Atlantic—Maine, New Hampshire, Massachusetts, Rhode Island, Connecticut, Vermont, Pennsylvania, New Jersey and New York—in some of these states believers are found, but in some of the cities of these states up to this date people are not yet illumined with the lights of the Kingdom and are not aware of the heavenly teachings; therefore, whenever it is possible for each one of you, hasten ye to those cities and shine forth like unto the stars with the light of the Most Great Guidance. God says in the glorious Qur’án: “The soil was black and dried. Then we caused the rain to descend upon it and immediately it became green, verdant, and every kind of plant sprouted up luxuriantly.”¹ In other words, He says the earth is black, but when the spring showers descend upon it that black soil is quickened, and variegated flowers are pushed forth. This means the souls of humanity belonging to the world of nature are black like unto the soil. But when the heavenly outpourings descend and the radiant effulgences appear, the hearts are resuscitated, are liberated from the darkness of nature and the flowers of divine mysteries grow and become luxuriant. Consequently man must become the cause of the	1.2 Ang mga estado ng Hilagang silangan sa mga dalampasigan ng Atlantic—Maine, New Hampshire, Massachusetts, Rhode Island, Connecticut, Vermont, Pennsylvania, New Jersey at New York—sa ilan sa mga estadong ito ay matatagpuan ang mga mananampalataya, subalit sa ilang mga lungsod ng mga estadong ito hanggang sa ngayon ang mga tao ay hindi pa natataglang ng mga liwanag ng Kaharian at hindi pa nababatid ang makalangit na mga turo; samakatwid, kailanmang magagawa ng bawat isa sa inyo ay magmadali kayo patungo sa mga lungsod na iyon at suminag nang tulad ng mga bituin sa pamamagitan ng liwanag ng Pinakadakilang Pamamatnubay. Sinabi ng Diyos sa maluwalhating Qur’án: “Ang lupa ay maitim at tigang. Pagkatapos ay ginawa Naming bumuhos ang ulan doon, at agad itong naging luntian, yumayabong, at ang bawat uri ng halaman ay tumutubo nang mataba.”¹ Sa ibang mga salita, sinabi Niyang ang lupa ay maitim, subalit sa mga ulan ng tagsibol, ang lupang iyon ay nagkabuhay, at ang iba’t ibang mga bulaklak ay umusbong. Ang kahulugan nito ay ang mga kaluluwa ng sangkatauhan na bahagi ng daigdig ng kalikasan ay maitim tulad ng lupa. Subalit kapag ang makalangit na mga kaloob ay bumubuhos at

¹ Qur’án 22:5.

illumination of the world of humanity and propagate the holy teachings revealed in the sacred books through the divine inspiration. It is stated in the blessed Gospel: Travel ye toward the East and toward the West and enlighten the people with the light of the Most Great Guidance, so that they may take a portion and share of eternal life.² Praise be to God, that the Northeastern States are in the utmost capacity. Because the ground is rich, the rain of the divine outpouring is descending. Now you must become heavenly farmers and scatter pure seeds in the prepared soil. The harvest of every other seed is limited, but the bounty and the blessing of the seed of the divine teachings is unlimited. Throughout the coming centuries and cycles many harvests will be gathered. Consider the work of former generations. During the lifetime of Jesus Christ the believing, firm souls were few and numbered, but the heavenly blessings descended so plentifully that in a number of years countless souls entered beneath the shadow of the Gospel. God has said in the Qur'án: "One grain will bring forth seven sheaves, and every sheaf shall contain one hundred grains."³ In other words, one grain will become seven hundred; and if God so wills He will double these also. It has often happened that one blessed soul has become the cause of the guidance of a nation. Now we must not consider our ability and capacity, nay, rather, we must fix our gaze upon the favors and bounties of God, in these days, Who has made of the drop a sea, and of the atom a sun.	lumilitaw ang maningning na mga liwanag, ang mga puso ay muling nagkakabuhay, napalalaya mula sa karimlan ng kalikasan at ang mga bulaklak ng mga hiwagang dibino ay tumutubo at yumayabong. Samakatwid ang tao ay dapat maging sanhi ng pagtatanglaw sa daigdig ng sangkatauhan at pagpapalaganap sa mga banal na turong ipinahayag sa mga banal na aklat sa pamamagitan ng dibinong inspirasyon. Sinabi sa mahal na Ebanghelyo: Maglakbay kayo tungo sa Silangan at tungo sa Kanluran at tanglawan ang mga tao sa pamamagitan ng liwanag ng Pinaka-dakilang Pamamatnubay, nang sa gayon ay magkaroon sila ng bahagi ng walang-hanggang buhay.² Purihin ang Diyos na ang mga Estado ng Hilagang Silangan ay may sukdulang kakayahan. Dahil mataba ang lupa, ang ulan ng dibinong pagbuhos ay bumababa. Ngayon ay dapat kayong maging makalangit na mga magsasaka at ihasik ang dalisay na mga binhi sa lupang inihanda. Ang pag-ani ng bawat ibang binhi ay may hangganan, subalit ang biyaya at pagpapala ng binhi ng mga katuruang dibino ay walang hangganan. Sa kabuuan ng darating na mga siglo at mga pag-inog maraming mga ani ang titipunin. Isipin ang gawain ng nakalipas na mga salinlahi. Habang nabubuhay pa si Hesukristo, ang mga nananalig at matatag na mga kaluluwa ay iilan lamang at bilang na bilang, subalit pumanaog ang makalangit na mga pagpapala nang napakasagana, na sa loob lamang ng ilang mga taon ang di-mabilang na mga kaluluwa ay pumasok na sa ilalim ng lilim ng Ebanghelyo. Sinabi ng Diyos sa Qur'án: "Ang isang butil ay magbubunga ng pitong bungkos, at ang bawat bungkos ay maglalaman ng isang daang butil."³ Sa ibang mga salita, ang bawat butil ay magiging pitong daan; at kung nanaisin ng Diyos ay maaari pa Niyang doblehin ito. Madalas nang nangyari na ang isang pinagpalang kaluluwa ay naging sanhi ng pamamatnubay ng isang sambayanan. Ngayon ay hindi natin dapat isipin ang ating kahusayan at kakayahan, hindi lamang iyon, sa halip ay dapat nating ituon ang ating paningin sa mga biyaya at mga pagpapala ng Diyos sa mga araw na ito, Siya na ginawang maging karagatan ang isang patak, at maging araw ang isang atomo.
1.3 Upon you be greeting and praise!	1.3 Mapasa inyo ang pagbati at papuri!
2	2

² Ihambing sa Marcos 16:15.

³ Ihambing sa Qur'án 2:261.

Tablet to the Bahá'ís of the Southern States	Tableta sa mga Baha'i ng mga Estadong nasa Katimugan
Revealed on March 27, 1916, in the garden adjacent to the Shrine of Bahá'u'lláh, addressed to the Bahá'ís of sixteen Southern States of the United States: Delaware, Maryland, Virginia, West Virginia, North Carolina, South Carolina, Georgia, Florida, Alabama, Mississippi, Tennessee, Kentucky, Louisiana, Arkansas, Oklahoma and Texas.	Ipinahayag noong ika-27 ng Marso 1916 sa harding katabi ng Dambana ni Bahá'u'lláh, at isinulat sa mga Bahá'í ng labing-anim na Estadong nasa Katimugan ng Estados Unidos: Delaware, Maryland, Virginia, West Virginia, North Carolina, South Carolina, Georgia, Florida, Alabama, Mississippi, Tennessee, Kentucky, Louisiana, Arkansas, Oklahoma at Texas.
<i>O ye heralds of the Kingdom of God:</i>	<i>O kayong mga tagapamalita ng Kaharian ng Diyos:</i>
2.1 A few days ago an epistle was written to those divine believers, but because these days are the days of Naw-Rúz, you have come to my mind and I am sending you this greeting for this glorious feast. All the days are blessed, but this feast is the national fête of Persia. The Persians have been holding it for several thousand years past. In reality every day which man passes in the mention of God, the diffusion of the fragrances of God and calling the people to the Kingdom of God, that day is his feast. Praise be to God that you are occupied in the service of the Kingdom of God and are engaged in the promulgation of the religion of God by day and by night. Therefore all your days are feast days. There is no doubt that the assistance and the bestowal of God shall descend upon you.	2.1 Ilang araw nitong nakaraan ang isang epistola ay isinulat para sa banal na mga mananampalatayang iyon, subalit dahil ang mga araw na ito ay ang mga araw ng Naw-Rúz, kayo ay aking naisip at ipinapadala ko sa inyo ang pagbating ito para sa maluwalhating pistang ito. Ang lahat ng araw ay mayroong pagpapala, subalit ang pistang ito ay ang pambansang pista ng Persia. Idinaraos ito ng mga Persiyano sa loob ng ilang libong taong na. Sa katunayan ang bawat araw na pinalilipas ng tao sa pagbanggit sa Diyos, sa pagpapalaganap ng mga halimuyak ng Diyos at sa pagtawag sa mga tao patungo sa Kaharian ng Diyos, ang araw na iyon ay kaniyang pista. Purihin ang Diyos na kayo ay abala sa paglilingkod sa Kaharian ng Diyos at isinasagawa ang pagpapalaganap ng relihiyon ng Diyos sa araw at gabi. Samakatwid ang lahat ng inyong mga araw ay mga araw ng pista. Walang pag-aalinlangang pavanaog sa inyo ang tulong at kaloob ng Diyos.
2.2 In the Southern States of the United States, the friends are few, that is, in Delaware, Maryland, Virginia, West Virginia, North Carolina, South Carolina, Georgia, Florida, Alabama, Mississippi, Tennessee, Kentucky, Louisiana, Arkansas, Oklahoma and Texas. Consequently you must either go yourselves or send a number of blessed souls to those states, so that they may guide the people to the Kingdom of Heaven. One of the holy Manifestations, addressing a believing soul, has said that, if a person become the cause of the illumination of one soul, it is better than a boundless treasury. “O ‘Alí! If God guide, through thee, one soul, it is better for thee than all the riches!” Again He says, “Direct us to the straight path!”¹ that is, Show us the right road. It is also mentioned in the Gospel: Travel ye to all parts of the world and give ye the glad tidings of the appearance of the Kingdom of God.²	2.2 Sa mga Estadong Katimugan ng Estados Unidos, kakaunti lamang ang mga kaibigan, yaon ay, sa Delaware, Maryland, Virginia, West Virginia, North Carolina, South Carolina, Georgia, Florida, Alabama, Mississippi, Tennessee, Kentucky, Louisiana, Arkansas, Oklahoma at Texas. Samakatwid ay kailangang kayo mismo ang pumunta o magpadala ng ilang pinagpalang kaluluwa sa mga estadong iyon, nang sa ganoon ay gabayan nila ang mga tao patungo sa Kaharian ng Langit. Sinabi ng isa sa mga banal na Kahayagan, habang kausap ang isang kaluluwang nananalig, na kung ang isang tao ay maging sanhi ng kaliwanagan ng isang kaluluwa, ito ay higit na mabuti pa kaysa sa walang katapusang kabanyaman. “O ‘Alí! Kung patnubayan ng Diyos, sa pamamagitan mo, ang isang kaluluwa, ito ay higit na mabuti para sa iyo kaysa sa lahat ng kayamanan!” At muli ay Kaniyang sinabi, “Idako kami sa tuwid na landas!”⁴ yaon ay, Ituro sa amin ang tamang daan. Ito ay

	binanggit din sa Ebanghelyo: Maglakbay kayo sa lahat ng bahagi ng daigdig at ibigay ang magandang balita ng pagsapit ng Kaharian ng Diyos. ⁵
2.3 In brief, I hope you will display in this respect the greatest effort and magnanimity. It is assured that you will become assisted and confirmed. A person declaring the glad tidings of the appearance of the realities and significances of the Kingdom is like unto a farmer who scatters pure seeds in the rich soil. The spring cloud will pour upon them the rain of bounty, and unquestionably the station of the farmer will be raised in the estimation of the lord of the village, and many harvests will be gathered.	2.3 Sa maikling salita, umaasa akong ipakikita ninyo kaugnay nito ang pinakamalaking pagsisikap at kadakilaan ng loob. Tiyak na kayo ay tutulungan at pagtitibayin. Ang taong nagtatalastas sa magandang balita ng paglitaw ng mga realidad at mga kahulugan ng Kaharian ay tulad ng isang magsasakang naghahasik ng dalisay na mga binhi sa mayamang lupa. Ang ulap ng tagsibol ay magbubuhos dito ng ulan ng biyaya, at walang alinlangang ang kalagayan ng magsasaka ay tataas sa paningin ng panginoon ng nayon, at maraming ani ang malilikom.
2.4 Therefore, ye friends of God! Appreciate ye the value of this time and be ye engaged in the sowing of the seeds, so that you may find the heavenly blessing and the lordly bestowal. Upon you be Bahá'u'l-Abhá!	2.4 Samakatwid, kayong mga kaibigan ng Diyos! Alamin ninyo ang halaga ng panahong ito at maging abala kayo sa paghahasik ng mga binhi, nang sa gayon ay makamtan ninyo ang makalangit na pagpapala at ang kaloob ng Panginoon. Mapasa inyo si Bahá'u'l-Abhá!

3	3
Tablet to the Bahá'ís of the Central States	Tableta sa mga Baha'i ng mga Estadong nasa Kalagitnaan
Revealed on March 29, 1916, outside the house in Bahjí, and addressed to the Bahá'ís of twelve Central States of the United States: Michigan, Wisconsin, Illinois, Indiana, Ohio, Minnesota, Iowa, Missouri, North Dakota, South Dakota, Nebraska and Kansas.	Ipinahayag noong ika-29 ng Marso 1916 sa labas ng tahanan sa Bahjí, at isinulat sa mga Bahá'í ng labindalawang mga Estadong nasa Kalagitnaan ng Estados Unidos: Michigan, Wisconsin, Illinois, Indiana, Ohio, Minnesota, Iowa, Missouri, North Dakota, South Dakota, Nebraska at Kansas.
<i>O ye heavenly souls, O ye spiritual assemblies, O ye lordly meetings:</i>	<i>O kayong makalangit na mga kaluluwa, O kayong espirital na mga kalipunan, O kayong mga pagtitipon para sa panginoon:</i>
3.1 For some time past correspondence has been delayed, and this has been on account of the difficulty of mailing and receiving letters. But because at present a number of facilities are obtainable, therefore, I am engaged in writing you this brief epistle so that my heart and soul may obtain joy and fragrance through the remembrance of the friends. Continually this wanderer supplicates and entreats at the threshold of His Holiness the One and begs assistance, bounty and heavenly confirmations in behalf of the believers. You are always in my thoughts. You are not nor shall you ever be forgotten. I hope by the favor of His	3.1 Sa ilang nakaraang panahon ang mga liham ay naantala, at ito ay dahil sa kahirapan ng pagpapadala at pagtanggap ng mga sulat. Subalit dahil sa kasalukuyan ay mayroon nang ilang mga kaparaanang magagamit, samakatwid ako ay abala sa pagsulat nitong maikling epistola sa inyo upang ang aking puso at kaluluwa ay makatamo ng kaligayahan at kabanguhan sa pamamagitan ng paggunita sa mga kaibigan. Ang lagalag na ito ay patuloy na nagsusumamo at nagmamakaawa sa bungad ng Kaniyang Kabanalan ang Iisa at humihingi ng tulong, biyaya at makalangit na pagpapatibay para sa mga mananampalataya. Kayo

⁵ Ihambing sa Marcos 16:15.

Holiness the Almighty that day by day you may add to your faith, assurance, firmness and steadfastness, and become instruments for the promotion of the holy fragrances.	ay laging nasa aking isipan. Kayo ay hindi at kailanman ay hindi malilimutan. Umaasa akong sa pamamagitan ng pagpapala ng Kaniyang Kabanalan ang Makapangyarihan sa Lahat na sa araw-araw ay daragdagan ninyo ang inyong pananalig, katiyakan, katatagan at katibayan, at maging mga instrumento para sa pagtataguyod ng banal na mga halimuyak.
^{3.2} Although in the states of Illinois, Wisconsin, Ohio, Michigan and Minnesota—praise be to God—believers are found who are associating with each other in the utmost firmness and steadfastness—day and night they have no other intention save the diffusion of the fragrances of God, they have no other hope except the promotion of the heavenly teachings, like the candles they are burning with the light of the love of God, and like thankful birds are singing songs, spirit-imparting, joy-creating, in the rose garden of the knowledge of God—yet in the states of Indiana, Iowa, Missouri, North Dakota, South Dakota, Nebraska and Kansas few of the believers exist. So far the summons of the Kingdom of God and the proclamation of the oneness of the world of humanity has not been made in these states systematically and enthusiastically. Blessed souls and detached teachers have not traveled through these parts repeatedly; therefore these states are still in a state of heedlessness. Through the efforts of the friends of God souls must be likewise enkindled in these states, with the fire of the love of God and attracted to the Kingdom of God, so that section may also become illumined and the soul imparting breeze of the rose garden of the Kingdom may perfume the nostrils of the inhabitants. Therefore, if it is possible, send to those parts teachers who are severed from all else save God, sanctified and pure. If these teachers be in the utmost state of attraction, in a short time great results will be forthcoming. The sons and daughters of the kingdom are like unto the real farmers. Through whichever state or country they pass they display self-sacrifice and sow divine seeds. From that seed harvests are produced. On this subject it is revealed in the glorious Gospel: When the pure seeds are scattered in the good ground heavenly blessing and benediction is obtained.¹ I hope that you may become assisted and confirmed, and never lose courage in the promotion of the divine teachings. Day by day may you add to your effort, exertion, and magnanimity.	^{3.2} Bagaman sa mga estado ng Illinois, Wisconsin, Ohio, Michigan at Minnesota—purihin ang Diyos—ay matatagpuan ang mga mananampalatayang nakikipag-ugnay sa isa’t isa sa ganap na katatagan at katibayan—sa araw at gabi sila ay walang ibang layunin maliban sa pagpapalaganap ng mga halimuyak ng Diyos, sila ay walang ibang pag-asa liban sa pagtataguyod ng makalangit na mga katuruan, tulad ng mga kandila, sila ay nag-aapoy sa liwanag ng pag-ibig sa Diyos, at tulad ng mapagpasalamat na mga ibon ay umaawit ng mga awitin, nagkakaloob ng espiritu, lumilikha ng kaligayahan, sa hardin ng mga rosas ng kaalaman ng Diyos—subalit sa mga estado ng Indiana, Iowa, Missouri, North Dakota, South Dakota, Nebraska at Kansas ay kaunti lamang ang mga mananampalataya roon. Hanggang sa ngayon ang panawagan sa Kaharian ng Diyos at ang pamamahayag ng kaisahan ng daigdig ng sangkatauhan ay hindi pa nagagawa sa mga estadong ito nang masistema at masigla. Ang mga kaluluwang pinagpala at mga tagapagturong nakawalay ay hindi pa naglalakbay nang paulit-ulit sa mga bahaging ito; samakatwid ang mga estadong ito ay nasa kalagayan pa ng pagpapabaya. Sa pamamagitan ng mga pagsisikap ng mga kaibigan ng Diyos, ang mga kaluluwa ay kailangan ding parikitin sa mga estadong ito, sa pamamagitan ng apoy ng pag-ibig sa Diyos at sa pagkaakit sa Kaharian ng Diyos, nang sa gayon ang bahaging iyon ay matanglawan din at ang simoy na nagkakaloob sa kaluluwa mula sa hardin ng rosas ng Kaharian ay maghahatid ng kabanguhan sa mga ilong ng mga nananahan doon. Samakatwid, kung maaari ay magpapunta sa mga bahaging iyon ng mga tagapagturong nakawalay sa lahat liban sa Diyos, banal at dalisay. Kapag ang mga tagapagturong ito ay nasa kalagayan ng sukdulang pagkaakit, sa maikling panahon ay lilitaw ang malaking mga resulta. Ang mga anak ng kaharian na lalaki at babae ay tulad ng tunay na mga magsasaka. Sa loob ng alinmang estado o bansa sila dumaan, nagpapamalas sila ang pagpapakasakit sa sarili at nagpupunla ng mga binhing dibino. Mula sa binhing iyon ay lumilitaw ang mga ani. Sa paksang ito ay ipinahayag sa maluwalhating Ebanghelyo na: Kapag ang binhing dalisay ay naihasik sa mabuting

	lupa, ang makalangit na pagpapala at bendisyon ay natatamo. ⁶ Umaasa Akong kayo ay tutulungan at pagtitibayin, at hindi kailanman mawawalan ng lakas-loob sa pagtataguyod ng mga katuruang banal. Sa bawat araw ay madagdagan nawa ang inyong pagsisikap, pagpupunyagi, at kadakilaan.
3.3 Upon you be greeting and praise!	3.3 Mapasa-inyo nawa ang pagbati at papuri!

4	4
Tablet to the Bahá'ís of the Western States	Tableta sa mga Baha'i ng mga Estadong nasa Kanluran
Revealed on April 1, 1916, in 'Abdu'l-Bahá's room at the house in Bahjí, addressed to the Bahá'ís of eleven Western States of the United States: New Mexico, Colorado, Arizona, Nevada, California, Wyoming, Utah, Montana, Idaho, Oregon and Washington.	Ipinahayag noong ika-1 ng Abril 1916 sa silid ni 'Abdu'l-Bahá sa tahanan ng in Bahjí, na isinulat para sa mga Bahá'í ng labing-isang Estadong nasa Kanluran ng Estados Unidos: New Mexico, Colorado, Arizona, Nevada, California, Wyoming, Utah, Montana, Idaho, Oregon at Washington.
<i>He is God!</i> <i>O ye sons and daughters of the Kingdom:</i>	<i>Siya ay Diyos!</i> <i>O kayong mga anak na lalaki at babae ng Kaharian:</i>
4.1 Day and night I have no other occupation than the remembrance of the friends, praying from the depth of my heart in their behalf, begging for them confirmation from the Kingdom of God and supplicating the direct effect of the breaths of the Holy Spirit. I am hopeful from the favors of His Highness the Lord of Bestowals, that the friends of God during such a time may become the secret cause of the illumination of the hearts of humanity, breathing the breath of life upon the spirits—whose praiseworthy results may become conducive to the glory and exaltation of humankind throughout all eternity. Although in some of the Western States, like California, Oregon, Washington and Colorado, the fragrances of holiness are diffused, numerous souls have taken a share and a portion from the fountain of everlasting life, they have obtained heavenly benediction, have drunk an overflowing cup from the wine of the love of God and have hearkened to the melody of the Supreme Concourse—yet in the states of New Mexico, Wyoming, Montana, Idaho, Utah, Arizona and Nevada, the lamp of the love of God is not ignited in a befitting and behooving manner, and the call of the Kingdom of God has not been raised. Now, if it is possible, show ye an effort in this direction. Either travel yourselves, personally,	4.1 Araw at gabi wala Akong ibang pinagkakaabalahan liban sa paggunita sa mga kaibigan, nananalangin mula sa kaibuturan ng Aking puso para sa kanila, sumasamo para sa kanila ng pagpapatibay mula sa Kaharian ng Diyos at nananalangin para sa tuwirang bisa ng mga hininga ng Espiritu Santo. Umaasa Akong, mula sa mga pagpapala ng Kaniyang Kamahalan, ang Panginoon ng mga Kaloob, ang mga kaibigan ng Diyos sa ganitong panahon, ay maging ang lihim na sanhi ng pagtatanglaw sa mga puso ng sangkatauhan, hinihipan ng hininga ng buhay ang mga espiritu—na ang kapuri-puring mga bunga niyon ay makatulong sa pagluluwalhati at pagdadakila ng sangkatauhan sa buong kawalang-hanggan. Bagaman sa ilang mga Estadong Kanluran, tulad ng California, Oregon, Washington, at Colorado, ang mga halimuyak ng kabanalan ay ipinalaganap na, napakaraming mga kaluluwa ang kumuha na ng kanilang bahagi at kahati mula sa bukal ng buhay magpakailanman, nakatamo na sila ng makalangit na pagpapala, uminom ng nag-uumapaw na kopa mula sa alak ng pag-ibig sa Diyos at nakinig sa himig ng Kaitaas-taasang Kalipunan—gayumpaman, sa mga estado ng New Mexico, Wyoming, Montana, Idaho, Utah, Arizona, at Nevada, ang ilawan ng pag-ibig sa Diyos ay

⁶ Ihambing sa Mateo 13:23.

throughout those states or choose others and send them, so that they may teach the souls. For the present those states are like unto dead bodies: they must breathe into them the breath of life and bestow upon them a heavenly spirit. Like unto the stars they must shine in that horizon and thus the rays of the Sun of Reality may also illumine those states.	hindi pa nasisindihan sa isang paraang nararapat at kinakailangan, at ang panawagan ng Kaharian ng Diyos ay hindi pa naitataas. Ngayon, kung maaari, ay dapat kayong gumawa ng pagsisikap sa dakong ito. Alinman sa dalawa, personal kayong maglakbay sa mga estadong iyon o pumili ng mga iba at papuntahin sila, nang sa gayon ay maturuan nila ang mga kaluluwa. Sa kasalukuyan ang mga estadong iyon ay tulad ng patay na mga katawan: kailangan nilang hipan ang mga iyon ng hininga ng buhay at ipagkaloob sa kanila ang makalangit na espiritu. Tulad ng mga bituin ay dapat silang sumikat sa sugpungang-guhit at sa gayon ay matatanglawan din ng mga sinag ng Araw ng Realidad ang mga estadong iyon.
4.2 God says in the great Qur'án: "Verily God is the helper of those who have believed. He will lead them from darkness into light."⁷ This means: God loves the believers, consequently He will deliver them from darkness and bring them into the world of light.	4.2 Sinabi ng Diyos sa dakilang Qur'án: "Tunay na ang Diyos ang katulong nilang mga naniniwala. Gagabayan Niya sila mula sa karimlan tungo sa liwanag."⁷ Ang ibig sabihin nito ay: Minamahal ng Diyos ang mga mananampalataya, bunga niyon ay ililigtas Niya sila mula sa karimlan at dadalhin sa daigdig ng liwanag.
4.3 It is also recorded in the blessed Gospel: Travel ye throughout the world and call ye the people to the Kingdom of God.² Now this is the time that you may arise and perform this most great service and become the cause of the guidance of innumerable souls. Thus through this superhuman service the rays of peace and conciliation may illumine and enlighten all the regions and the world of humanity may find peace and composure.	4.3 Naitala rin sa pinagpalang Ebanghelyo: Magsipaglakbay kayo sa buong daigdig at tawagin ang mga tao patungo sa Kaharian ng Diyos.⁸ Ngayon na ang oras upang kayo ay magsibangon at isagawa itong pinakadakilang paglilingkod at maging dahilan ng paggabay sa hindi mabilang na mga kaluluwa. Sa gayon sa pamamagitan nitong higit pa sa makataong paglilingkod, ang mga sinag ng kapayapaan at pagkakasundo ay magtatanglaw at magbibigay liwanag sa lahat ng mga rehiyon at ang daigdig ng sangkatauhan ay makatatagpo ng katiwasayan at kahinahunan.
4.4 During my stay in America I cried out in every meeting and summoned the people to the propagation of the ideals of universal peace. I said plainly that the continent of Europe had become like unto an arsenal and its conflagration was dependent upon one spark, and that in the coming years, or within two years, all that which is recorded in the Revelation of John and the Book of Daniel would become fulfilled and come to pass. This matter, in all probability, was published in the San Francisco <i>Bulletin</i>, October 12, 1912. You may refer to it, so that the truth may become clear and manifest; thus ye may fully realize that this is the time for the diffusion of the fragrances.	4.4 Sa panahon ng Aking pagtigil sa America nagsalita Ako sa bawat pagtitipon at tinawagan ang mga tao na palaganapin ang mga huwaran ng pandaigdigang kapayapaan. Malinaw Kong sinabi na ang lupalop ng Europa ay magiging tulad ng imbakan ng mga armas at ang pagsabog nito ay nababatay sa isang siklab lamang, at sa loob ng darating na mga taon, o sa loob ng dalawang taon, ang lahat ng naitala sa Apokalipsis ni Juan at sa Aklat ni Daniel ay matutupad at magaganap. Ang bagay na ito malamang ay inilathala sa San Francisco <i>Bulletin</i>, ika-12 ng Oktubre 1912. Maaari kayong sumangguni roon, nang upang maging malinaw at hayag ang katotohanan; sa gayon ay

⁷ Qur'án 2:257.

⁸ Ihambing sa Marcos 16:15.

	ganap ninyong mababatid na ito ang panahon para sa pagpapalaganap ng mga halimuyak.
4.5 The magnanimity of man must be heavenly or, in other words, it must be assisted by the divine confirmation, so that he may become the cause of the illumination of the world of humanity.	4.5 Ang kagandahang-loob ng tao ay dapat maging makalangit, o sa ibang salita, dapat itong tinutulungan ng banal na pagpapatibay, nang sa gayon siya ay maging sanhi ng kaliwanagan ng daigdig ng sangkatauhan.
4.6 Upon you be greeting and praise!	4.6 Mapasa inyo ang pagbati at papuri!

5	5
Tablet to the Bahá'ís of Canada and Greenland	Tableta sa mga Baha'i ng Canada at Greenland
Revealed on April 5, 1916, in the garden adjacent to the Shrine of Bahá'u'lláh, and addressed to the Bahá'ís of Canada—Newfoundland, Prince Edward Island, Nova Scotia, New Brunswick, Quebec, Saskatchewan, Manitoba, Ontario, Alberta, British Columbia, Yukon, Mackenzie, Keewatin, Ungava, Franklin Islands—and Greenland.	Ipinahayag noong ika-5 ng Abril 1916 sa harding katabi ng Dambana ni Bahá'u'lláh, at isinulat para sa mga Bahá'í ng Canada—Newfoundland, Prince Edward Island, Nova Scotia, New Brunswick, Quebec, Saskatchewan, Manitoba, Ontario, Alberta, British Columbia, Yukon, Mackenzie, Keewatin, Ungava, Franklin Islands—at Greenland.
<i>He is God! O ye daughters and sons of the Kingdom:</i>	<i>Siya ay Diyos! O kayong mga anak na babae at lalaki ng Kaharian:</i>
5.1 Although in most of the states and cities of the United States, praise be to God, His fragrances are diffused, and souls unnumbered are turning their faces and advancing toward the Kingdom of God, yet in some of the states the Standard of Unity is not yet upraised as it should be, nor are the mysteries of the Holy Books, such as the Bible, the Gospel, and the Qur'án, unraveled. Through the concerted efforts of all the friends the Standard of Unity must needs be unfurled in those states, and the divine teachings promoted, so that these states may also receive their portion of the heavenly bestowals and a share of the Most Great Guidance. Likewise in the provinces of Canada, such as Newfoundland, Prince Edward Island, Nova Scotia, New Brunswick, Quebec, Ontario, Manitoba, Saskatchewan, Alberta, British Columbia, Ungava, Keewatin, Mackenzie, Yukon, and the Franklin Islands in the Arctic Circle—the believers of God must become self-sacrificing and like unto the candles of guidance become ignited in the provinces of Canada. Should they show forth such a magnanimity, it is assured that they will obtain universal divine confirmations, the heavenly cohorts will reinforce them uninterruptedly, and a most great victory will be obtained. God willing, the call of the Kingdom may reach the ears of the Eskimos, the inhabitants of the Islands of Franklin	5.1 Bagaman sa karamihan ng mga estado at mga lungsod ng Estados Unidos, purihin ang Diyos, ang Kaniyang mga halimuyak ay laganap na, at ang hindi mabilang na mga kaluluwa ay nagbabaling ng kanilang mga mukha at sumusulong patungo sa Kaharian ng Diyos, gayumpaman sa ilang mga estado ang Bandila ng Pagkakaisa ay hindi pa naitataas sa paraang narapat, ni hindi pa rin natatastas ang mga hiwaga ng mga Banal na Aklat, tulad ng Bibliya, ng Ebanghelyo, at ng Qur'án. Sa pamamagitan ng sama-samang mga pagsisikap ng lahat ng mga kaibigan, ang Bandila ng Pagkakaisa ay dapat mailadlad sa mga estadong iyon, at ang mga katuruan ng Diyos ay maitaguyod, nang sa gayon ang mga estadong iyon ay makatanggap din ng kanilang bahagi ng makalangit na mga kaloob at ng kahati sa Pinakadakilang Patnubay. Gayundin, sa mga lalawigan ng Canada, tulad ng Newfoundland, Prince Edward Island, Nova Scotia, New Brunswick, Quebec, Ontario, Manitoba, Saskatchewan, Alberta, British Columbia, Ungava, Keewatin, Mackenzie, Yukon, at ang Franklin Islands sa Arctic Circle—ang mga mananampalataya ng Diyos ay dapat maging mapagpakasakit ng sarili at tulad ng mga kandila ng pamamatnubay ay masindiha sa mga lalawigan ng Canada. Kung magpapamalas sila ng gayong

in the north of Canada, as well as Greenland. Should the fire of the love of God be kindled in Greenland, all the ice of that country will be melted, and its cold weather become temperate—that is, if the hearts be touched with the heat of the love of God, that territory will become a divine rose garden and a heavenly paradise, and the souls, even as fruitful trees, will acquire the utmost freshness and beauty. Effort, the utmost effort, is required. Should you display an effort, so that the fragrances of God may be diffused among the Eskimos, its effect will be very great and far-reaching. God says in the great Qur’án: A day will come wherein the lights of unity will enlighten all the world. “The earth will be irradiated with the light of its Lord.”¹ In other words, the earth will become illumined with the light of God. That light is the light of unity. “There is no God but God.” The continent and the islands of Eskimos are also parts of this earth. They must similarly receive a portion of the bestowals of the Most Great Guidance.	kagandahang-loob, tiyak na makatatamo sila ng pangkalahatang banal na mga pagpapatibay, walang-puknat silang palalakasin ng makalangit na mga hukbo, at makakamtan ang napakalaking tagumpay. Ipahintulot nawa ng Diyos na umabot ang panawagan ng Kaharian sa mga tainga ng mga Eskimo, sa mga nananahan sa mga Isla ng Franklin sa hilagang Canada, at gayundin sa Greenland. Kung ang apoy ng pag-ibig sa Diyos ay mapaningas sa Greenland, ang lahat ng yelo sa bansang iyon ay matutunaw, at ang malamig na klima nito ay magiging banayad—yaon ay, kapag ang mga puso ay maantig ng init ng apoy ng Diyos, ang teritoryong iyon ay magiging isang dibinong halamanan ng rosas at makalangit na paraiso, at ang mga kaluluwa, tulad ng mabungang mga puno, ay magtatamo ng sukdulang kasariwaan at kagandahan. Pagsisikap, sukdulang pagsisikap, ang kinakailangan. Kung magpamalas kayo ng pagsisikap upang ang mga halimuyak ng Diyos ay lumaganap sa mga Eskimo, ang epekto nito ay magiging napakalaki at malayo ang maaabot. Sinasabi ng Diyos sa dakilang Qur’án: Darating ang araw kung kailan ang mga liwanag ng pagkakaisa ay tatanglaw sa buong daigdig. “Ang lupa ay pagniningningin ng liwanag ng Panginoon nito.”⁹ Sa ibang mga salita, ang lupa ay matatanglawan ng liwanag ng Diyos. Iyon ay ang liwanag ng pagkakaisa. “Walang ibang Diyos liban sa Diyos.” Ang lupalop at ang mga isla ng mga Eskimo ay bahagi rin ng daigdig na ito. Dapat din silang tumanggap ng bahagi ng mga kaloob ng Pinakadakilang Patnubay.
5.2 Upon you be greeting and praise!	5.2 Mapasa inyo ang pagbati at papuri!

6	6
Tablet to the Bahá’ís of the United States and Canada	Tableta sa mga Bahá’í ng Estados Unidos at Canada
Revealed on April 8, 1916, in the garden outside the Shrine of Bahá’u’lláh, and addressed to the Bahá’ís of the United States and Canada.	Ipinahayag noong ika-8 ng Abril 1916 sa hardin sa labas ng Dambana ni Bahá’u’lláh, at isinulat para sa mga Bahá’í ng Estados Unidos at Canada.
<i>He is God!</i> <i>O ye blessed souls:</i>	<i>Siya ang Diyos!</i> <i>O kayong pinagpalang mga kahuluwa:</i>
6.1 I desire for you eternal success and prosperity and beg perfect confirmation for each one in the divine world. My hope for you is that each one may shine forth like unto the morning star from the horizon of the world and in this Garden of	6.1 Hinahangad Ko para sa inyo ang walang maliw na tagumpay at kasaganaan at sumasamo ng ganap ng pagpapatibay para sa bawat isa sa inyo sa daigdig ng kabanalan. Ang Aking pag-asa para sa inyo ay suminag ang bawat isa tulad

⁹ Qur’án 39:69.

God become a blessed tree, producing everlasting fruits and results.	ng tala ng umaga mula sa sugpungang-guhit ng daigdig at dito Hardin ng Diyos ay maging isang pinagpalang puno, nagbibigay ng walang-maliw na mga bunga at mga resulta.
6.2 Therefore I direct you to that which is conducive to your heavenly confirmation and illumination in the Kingdom of God!	6.2 Samakatwid ay idinadako Ko kayo tungo roon sa magdudulot sa inyo ng makalangit na pagpapatibay at kaliwanagan sa Kaharian ng Diyos!
6.3 It is this: Alaska is a vast country; although one of the maidservants of the Merciful has hastened to those parts, serving as a librarian in the public library, and according to her ability is not failing in teaching the Cause, yet the call of the Kingdom of God is not yet raised through that spacious territory.	6.3 Iyon ay ito: Ang Alaska ay napakalawak na lupain; bagaman ang isa sa mga kawaksing babae ay nagmadaling patungo sa mga dakong iyon, naglilingkod bilang isang katiwala ng aklatang bayan, at sang-ayon sa kaniyang kakayahan ay hindi nagkukulang sa pagtuturo ng Kapakanan, gayumpaman, ang panawagan sa Kaharian ng Diyos ay hindi pa naitataas sa malawak na teritoryong iyon.
6.4 His Holiness Christ says: Travel ye to the East and to the West of the world and summon the people to the Kingdom of God. ¹ Hence the mercy of God must encompass all humanity. Therefore do ye not think it permissible to leave that region deprived of the breezes of the Morn of Guidance. Consequently, strive as far as ye are able to send to those parts fluent speakers, who are detached from aught else save God, attracted with the fragrances of God, and sanctified and purified from all desires and temptations. Their sustenance and food must consist of the teachings of God. First they must themselves live in accordance with those principles, then guide the people. Perchance, God willing, the lights of the Most Great Guidance will illuminate that country, and the breezes of the rose garden of the love of God will perfume the nostrils of the inhabitants of Alaska. Should you be aided to render such a service, rest ye assured that your heads shall be crowned with the diadem of everlasting sovereignty, and at the threshold of oneness you will become the favored and accepted servants.	6.4 Sinasabi ng Kaniyang Kabanalan si Kristo na: Maglakbay kayo sa Silangan at sa Kanluran ng daigdig at tawagin ang mga tao patungo sa Kaharian ng Diyos. ¹⁰ Sa gayon ang habag ng Diyos ay dapat pumalibot sa buong sangkatauhan. Samakatwid ay huwag ninyong akalaing pinahihintulatang hayaan ang dakong iyon na manatiling salat sa mga simoy ng Umaga ng Pamamatnubay. Kung gayon ay magsumikap kayo hanggang maaari, na ipadala sa mga dakong iyon ang mga matatas magsalita, na nakawalay sa lahat liban sa Diyos, naaakit sa mga halimuyak ng Diyos, at konsagrado at dalisay mula sa lahat ng mga pagnanasa at mga tukso. Ang kanilang panustos at pagkain ay kailangang maging ang mga katuruan ng Diyos. Una ay kailangan muna nilang mamuhay sang-ayon sa mga tuntuning iyon, bago nila gabayan ang mga tao. Baka sakaling, kung ipahintulot ng Diyos, ang mga liwanag ng Pinakadakilang Patnubay ay tatanglaw sa bansang iyon, at ang mga simoy ng hardin ng rosas ng pag-ibig sa Diyos ay magpapabango sa mga ilong ng mga nananahan sa Alaska. Kung kayo ay matulungang makapagbigay ng gayong paglilingkod, makatitiyak kayong ang inyong mga ulo ay mapuputungan ng korona ng walang hanggang paghahari, at sa bungad ng kaisahan kayo ay magiging mga tagapaglingkod na pinagpala at tinatanggap.
6.5 Likewise the republic of Mexico is very important. The majority of the inhabitants of that country are devoted Catholics. They are totally unaware of the reality of the Bible, the Gospel and the new divine teachings. They do not know that	6.5 Gayundin ang republika ng Mexico ay napakahalaga. Ang karamihan ng mga nananahan sa bansang iyon ay debotong mga Katoliko. Ganap na hindi nila batid ang realidad ng Bibliya, ng Ebanghelyo, at ng bagong mga katuruan

¹⁰ Ihambing sa Marcos 16:15.

the basis of the religions of God is one and that the holy Manifestations are like unto the Sun of Truth, rising from the different dawning-places. Those souls are submerged in the sea of dogmas. If one breath of life be blown over them, great results will issue therefrom. But it is better for those who intend to go to Mexico to teach, to be familiar with the Spanish language.	ng kabanalan. Hindi nila alam na ang batayan ng mga relihiyon ng Diyos ay iisa at ang banal na mga Kahayagan ay tulad ng Araw ng Katotohanan, sumisikat mula sa magkakaibang mga pook-silangan. Ang mga kaluluwang iyon ay nakalugmok sa karagatan ng mga turong gawa ng tao. Kung hihip ang isang hininga ng buhay sa kanila, napakalaking mga bunga ang lilitaw mula roon. Subalit higit na mabuti para sa yaong mga naglalayong pumunta sa Mexico upang magturo, na nalalaman nila ang wikang Castila.
6.6 Similarly, the six Central American republics, situated south of Mexico—Guatemala, Honduras, Salvador, Nicaragua, Costa Rica, Panama and the seventh country Belize or British Honduras. The teachers going to those parts must also be familiar with the Spanish language.	6.6 Gayundin, ang anim na mga republika ng Kalagitnaang America, na nasa dakong timog ng Mexico—Guatemala, Honduras, Salvador, Nicaragua, Costa Rica, Panama at ang ikapitong bansa ng Belize o British Honduras. Ang mga gurong pupunta sa mga bahaging iyon ay dapat ding nalalaman ang wikang Castila.
6.7 Attach great importance to the indigenous population of America. For these souls may be likened unto the ancient inhabitants of the Arabian Peninsula, who, prior to the Mission of Muḥammad, were like unto savages. When the light of Muḥammad shone forth in their midst, however, they became so radiant as to illumine the world. Likewise, these Indians, should they be educated and guided, there can be no doubt that they will become so illumined as to enlighten the whole world.	6.7 Magbigay ng malaking kahalagahan sa mga populasyong katutubo ng America. Sapagkat ang mga kaluluwang ito ay maihalintulad sa sinaunang mga nananahan sa Tangway ng Arabia, na bago sumapit ang Misyong ni Muḥammad, ay tulad ng mga barbaro. Gayumpaman, nang sumikat ang liwanag ni Muḥammad sa kalagitnaan nila, sila ay naging lubusang maningning na tinanglawan nila ang daigdig. Sa gayunding paraan, itong mga Indian, kung sila ay magkakaroon ng edukasyon at patnubay, walang alinlangang sila rin ay lubusang magniningning na matataglawan nila ang buong daigdig.
6.8 All the above countries have importance, but especially the Republic of Panama, wherein the Atlantic and Pacific Oceans come together through the Panama Canal. It is a center for travel and passage from America to other continents of the world, and in the future it will gain most great importance.	6.8 Ang lahat ng mga bansa sa itaas ay mahalaga, subalit lalo na ang Republika ng Panama, kung saan ang mga Karagatan ng Atlantic at Pacific ay nagtatagpo sa pamamagitan ng Panama Canal. Ito ay isang sentro para sa paglalakbay at pagtawid mula sa America patungo sa ibang mga lupalop ng daigdig, at sa hinaharap ito ay magkakaroon ng napakalaking kahalagahan.
6.9 Likewise the islands of the West Indies, such as Cuba, Haiti, Puerto Rico, Jamaica, the islands of the Lesser Antilles, Bahama Islands, even the small Watling Island, have great importance; especially the two black republics, Haiti and Santo Domingo, situated in the cluster of the Greater Antilles. Likewise the cluster of the islands of Bermuda in the Atlantic Ocean have importance.	6.9 Gayundin ang mga isla ng West Indies, tulad ng Cuba, Haiti, Puerto Rico, Jamaica, ang mga isla ng Lesser Antilles, Bahama Islands, kahit ang maliit na Watling Island ay may malaking kahalagahan; lalo na ang dalawang republikang itim, Haiti at Santo Domingo, na matatagpuan sa grupo ng Greater Antilles. Gayundin ang grupo ng mga isla ng Bermuda sa Karagatang Atlantic ay mahalaga.
6.10 In a similar way, the republics of the continent of South America—Colombia, Ecuador,	6.10 Sa gayunding paraan, ang mga republika ng lupalop ng South

Peru, Brazil, British Guiana, Dutch Guiana, French Guiana, Bolivia, Chile, Argentina, Uruguay, Paraguay, Venezuela; also the islands to the north, east and west of South America, such as Falkland Islands, the Galapagòs, Juan Fernandez, Tobago and Trinidad. Likewise the city of Bahia, situated on the eastern shore of Brazil. Because it is some time that it has become known by this name, its efficacy will be most potent.	America—Colombia, Ecuador, Peru, Brazil, British Guiana, Dutch Guiana, French Guiana, Bolivia, Chile, Argentina, Uruguay, Paraguay, Venezuela; gayundin ang mga isla sa dakong hilaga, silangan, at kanluran ng South America, tulad ng Falkland Islands, ang Galapagòs, Juan Fernandez, Tobago at Trinidad. Gayundin ang lungsod ng Bahia, na matatagpuan sa silangang pampang ng Brazil. Dahil matagal-tagal na rin itong nakilala sa pangalang ito, magiging napakalakas ng bisa nito.
6.11 In short, O ye believers of God! Exalt your effort and magnify your aims. His Holiness Christ says: Blessed are the poor, for theirs shall be the Kingdom of Heaven. ² In other words: Blessed are the nameless and traceless poor, for they are the leaders of mankind. Likewise it is said in the Qur'án: "And We desire to show favor to those who were brought low in the land, and to make them spiritual leaders among men, and to make of them Our heirs." ³ Or, we wish to grant a favor to the impotent souls and suffer them to become the inheritors of the Messengers and Prophets.	6.11 Sa maikling salita, O kayong mga mananampalataya ng Diyos! Itaas ang inyong pagsisikap at palawakin ang inyong mga layunin. Sinabi ng Kaniyang Kamahalan, si Kristo: Pinagpala ang mahirap, dahil sa kanila ang Kaharian ng Langit. ¹¹ Sa ibang mga salita: Pinagpala ang mga mahirap na walang pangalan at walang bakas, sapagkat sila ang mga nangunguna sa sangkatauhan. Gayundin ay sinabi sa Qur'án: "At ninais Naming magbigay ng pagpapala sa mga hinamak sa lupain, at gawin silang mga pinunong espirital ng mga tao, at gawin silang Aming mga tagapagmana." ¹² O, nais Naming bigyan ng pagpapala ang mga kaluluwang walang lakas at tulutan silang maging mga tagapagmana ng mga Sugo at mga Propeta.
6.12 Now is the time for you to divest yourselves of the garment of attachment to this world that perisheth, to be wholly severed from the physical world, become heavenly angels, and travel to these countries. I swear by Him, besides Whom there is none other God, that each one of you will become an Isráfil of Life, and will blow the Breath of Life into the souls of others.	6.12 Ngayon na ang oras upang hubarin mula sa inyong mga sarili ang baro ng pangangapit sa naglalahong daigdig na ito, na maging lubos na nakawalay mula sa pisikal na daigdig, na maging makalangit na mga anghel, at maglakbay sa mga bansang ito. Sumusumpa Ako sa Kaniya, na liban sa Kaniya ay walang ibang Diyos, na ang bawat isa sa inyo ay magiging isang Isráfil ng Buhay, at ang Hininga ng Buhay ay ihihihip sa mga kaluluwa ng mga iba.
6.13 Upon you be greeting and praise!	6.13 Mapasa inyo ang pagbati at papuri!
<i>Supplication</i>	<i>Panalangin</i>
6.14 O Thou Incomparable God! O Thou Lord of the Kingdom! These souls are Thy heavenly army. Assist them and, with the cohorts of the Supreme Concourse, make them victorious, so that each one of them may become like unto a regiment and conquer these countries through the	6.14 O Ikaw na walang kahambing na Diyos! O Ikaw na Panginoon ng Kaharian! Ang mga kaluluwang ito ang Iyong hukbo sa langit. Tulungan sila at sa pamamagitan ng mga pangkat ng Kataas-taasang Kalipunan ay pagtagumpayin sila, upang ang bawat isa sa kanila ay maging tulad

¹¹ Ihambing sa Mateo 5:3.

¹² Qur'án 28:5.

love of God and the illumination of divine teachings.	ng isang rehimyento at masakop ang mga bansang ito sa pamamagitan ng pag-ibig sa Diyos at ng tanglaw ng mga banal na aral.
6.15 O God! Be Thou their supporter and their helper, and in the wilderness, the mountain, the valley, the forests, the prairies and the seas, be Thou their confidant—so that they may cry out through the power of the Kingdom and the breath of the Holy Spirit.	6.15 O Diyos! Ikaw ang maging tagatangkilik at katulong nila, at sa ilang, sa kabundukan, sa kalambakan, sa kagubatan, sa kaparangan at sa karagatan, Ikaw ang maging kanilang katapatang-lihim—upang sila ay makasigaw sa kapangyarihan ng Kaharian at sa hininga ng Espiritu Santo!
6.16 Verily, Thou art the Powerful, the Mighty and the Omnipotent, and Thou art the Wise, the Hearing and the Seeing.	6.16 Tunay na Ikaw ang Malakas, ang Makapangyarihan at ang Lubos na Mabisa, at Ikaw ang Marunong, ang Nakaririnig, at ang Nakakikita.

7	7
Tablet to the Bahá'ís of the United States and Canada	Tableta sa mga Bahá'í ng Estados Unidos at Canada
Revealed on April 11, 1916, in 'Abdu'l-Bahá's room at the house in Bahjí, and addressed to the Bahá'ís of the United States and Canada.	Ipinahayag noong ika-11 ng Abril 1916, sa silid ni 'Abdu'l-Bahá sa tahanan sa Bahjí, at isinulat para sa mga Bahá'í ng Estados Unidos at Canada.
<i>He is God!</i> <i>O ye real Bahá'ís of America:</i>	<i>Siya ay Diyos!</i> <i>O kayong mga tunay na Bahá'í ng America:</i>
7.1 Praise be to His Highness the Desired One that ye have become confirmed in the promotion of divine teachings in that vast Continent, raised the call of the Kingdom of God in that region and announced the glad tidings of the manifestation of the Lord of Hosts and His Highness the Promised One. Thanks be unto the Lord that ye have become assisted and confirmed in this aim. This is purely through the confirmations of the Lord of Hosts and the breaths of the Holy Spirit. The full measure of your success is as yet unrevealed, its significance still unapprehended. Erelong ye will, with your own eyes, witness how brilliantly every one of you, even as a shining star, will radiate in the firmament of your country the light of divine Guidance, and will bestow upon its people the glory of an everlasting life.	7.1 Purihin nawa ang Kaniyang Kamahalan ang Siyang Minimithi na kayo ay naging matatag sa pagtataguyod ng mga banal na turo sa malawak na Kontinenteng iyan, itinaas ang panawagan ng Kaharian ng Diyos sa dakong iyan at ipinatalastas ang magandang balita ng paghahayag ng Panginoon ng mga Hukbo at ng Kaniyang Kamahalan, Siya na Ipinangako. Salamat sa Panginoon na kayo ay natulungan at napatatag sa layuning ito. Ito ay pawang sa pamamagitan ng pagpapatibay ng Panginoon ng mga Hukbo at ng mga hininga ng Banal na Espiritu. Ang buong sukat ng inyong tagumpay ay hindi pa naihahayag, ang kahalagahan nito ay hindi pa nauunawaan. Di-magtatagal inyong masasaksihan, sa pamamagitan ng sarili ninyong mga mata, kung gaano kaningning ang bawat isa sa inyo, na tulad ng kumikinang na bituin, ay pasisikatin sa himpapawid ng inyong bansa ang liwanag ng banal na Patnubay, at pagkakalooban ang sambayanan nito ng luwalhati ng walang-hanggang buhay.
7.2 Consider! The station and the confirmation of the apostles in the time of Christ was not known, and no one looked on them with the feeling of importance—nay, rather, they persecuted and ridiculed them. Later on it became evident what	7.2 Isipin! Ang katayuan at pagpapatibay ng mga apostol sa panahon ni Kristo ay hindi nalaman, at walang tumingin sa kanila nang nadarama ang kahalagahan—hindi lamang iyon, sa halip, sila ay inusig at kinutya nila.

crowns studded with the brilliant jewels of guidance were placed on the heads of the apostles, Mary Magdalene and Mary the mother of John.	Kapagdaka naging hayag kung anong mga koronang nagtataglay ng maningning na mga hiyas ng patnubay ang ipinutong sa mga ulo ng mga apostol, ni Maria Magdalena at ni Maria, ang ina ni Juan.
7.3 The range of your future achievements still remains undisclosed. I fervently hope that in the near future the whole earth may be stirred and shaken by the results of your achievements. The hope, therefore, which ‘Abdu’l-Bahá cherishes for you is that the same success which has attended your efforts in America may crown your endeavors in other parts of the world, that through you the fame of the Cause of God may be diffused throughout the East and the West, and the advent of the Kingdom of the Lord of Hosts be proclaimed in all the five continents of the globe.	7.3 Ang saklaw ng inyong mga tagumpay sa hinaharap ay natatago pa. Taimtim akong umaasa na sa malapit na hinaharap ang buong daigdig ay maaantig at mayayanig ng mga bunga ng inyong mga tagumpay. Ang pag-asa, kung gayon, na minimithi ni 'Abdu'l-Bahá para sa inyo, na ang gayunding tagumpay na sumalubong sa inyong mga pagsisikap sa America, ay puputong din sa inyong mga pagsisikap sa ibang mga bahagi ng daigdig, nang sa pamamagitan ninyo ang katanyagan ng Kapakanan ng Diyos ay mapalaganap sa Silangan at Kanluran at ang pagsapit ng Kaharian ng Panginoon ng mga Hukbo ay maipahayag sa lahat ng limang kontinente ng daigdig.
7.4 The moment this divine Message is carried forward by the American believers from the shores of America and is propagated through the continents of Europe, of Asia, of Africa and of Australasia, and as far as the islands of the Pacific, this community will find itself securely established upon the throne of an everlasting dominion. Then will all the peoples of the world witness that this community is spiritually illumined and divinely guided. Then will the whole earth resound with the praises of its majesty and greatness. A party speaking their languages, severed, holy, sanctified and filled with the love of God, must turn their faces to and travel through the three great island groups of the Pacific Ocean—Polynesia, Micronesia and Melanesia, and the islands attached to these groups, such as New Guinea, Borneo, Java, Sumatra, Philippine Islands, Solomon Islands, Fiji Islands, New Hebrides, Loyalty Islands, New Caledonia, Bismarck Archipelago, Ceram, Celebes, Friendly Islands, Samoa Islands, Society Islands, Caroline Islands, Low Archipelago, Marquesas, Hawaiian Islands, Gilbert Islands, Moluccas, Marshall Islands, Timor and the other islands. With hearts overflowing with the love of God, with tongues commemorating the mention of God, with eyes turned to the Kingdom of God, they must deliver the glad tidings of the manifestation of the Lord of Hosts to all the people. Know ye of a certainty that whatever gathering ye enter, the waves of the Holy Spirit are surging over it, and the	7.4 Sa oras na dinala itong banal na Mensahe ng mga mananampalataya ng America mula sa mga pampang ng America at pinalaganap sa kabuuan ng mga kontinente ng Europa, ng Asia, ng Africa at ng Australasia, at hanggang sa mga isla ng Pacific, ang pamayanang ito ay matatagpuan ang sariling matatag na nakaluklok na sa trono ng walang-maliw na paghahari. Sa gayon ay sasaksi ang lahat ng mga sambayanan ng daigdig na taglay ng pamayanang ito ang espiritwal na tanglaw at banal na patnubay. Sa gayon ang buong daigdig ay dadagundong sa mga papuri ng karingalan at kadakilaan nito. Ang isang pangkat na nagsasalita ng kanilang mga wika, nakawalay, banal, konsagrado at puspos ng pag-ibig sa Diyos, ay dapat ibaling ang kanilang mga mukha tungo sa at maglakbay sa kabuuan ng tatlong malaking grupo ng mga isla ng Karagatan ng Pacific—Polynesia, Micronesia at Melanesia, at sa mga islang nakakabit sa mga grupong ito, tulad ng New Guinea, Borneo, Java, Sumatra, Philippine Islands, Solomon Islands, Fiji Islands, New Hebrides, Loyalty Islands, New Caledonia, Bismarck Archipelago, Ceram, Celebes, Friendly Islands, Samoa Islands, Society Islands, Caroline Islands, Low Archipelago, Marquesas, Hawaiian Islands, Gilbert Islands, Moluccas, Marshall Islands, Timor at ng iba pang mga isla. Taglay ang mga pusong nag-uumapaw sa pag-ibig sa Diyos, ang mga dilang nagdiriwang sa pagbanggit sa Diyos, ang mga mata ay nakabaling sa Kaharian ng Diyos, dapat nilang ihatid ang magandang balita ng pagkahayag ng Panginoon ng mga Hukbo sa lahat ng mga tao. Alamin ninyo

heavenly grace of the Blessed Beauty encompasseth that gathering.	nang buong katiyakan na alinmang pagtitipon ang inyong pasukin, ang mga alon ng Banal na Espiritu ay dumadaluyong sa ibabaw nito, at ang makalangit na biyaya ng Pinagpalang Kagandahan ay pumapalibot sa pagtitipong iyon.
7.5 Consider ye, that Miss Agnes Alexander, the daughter of the Kingdom, the beloved maidservant of the Blessed Perfection, traveled alone to the Hawaiian Islands, to the Island of Honolulu, and now she is gaining spiritual victories in Japan! Reflect ye how this daughter was confirmed in the Hawaiian Islands. She became the cause of the guidance of a gathering of people.	7.5 Isipin ninyo na si Bb. Agnes Alexander, ang anak na babae ng Kaharian, ang minamahal na babaeng tagapaglingkod ng Pinagpalang Kaganapan, ay naglakbay nang nag-iisa sa mga isla ng Hawaii, sa Isla ng Honolulu, at ngayon siya ay umaani ng espiritwal na mga tagumpay sa Japan! Nilay-nilayin ninyo kung paano itong anak na babae ay pinagtibay sa mga Isla ng Hawaii. Siya ay naging sanhi ng pamamatnubay ng isang kalipunan ng mga tao.
7.6 Likewise Miss Knobloch traveled alone to Germany. To what a great extent she became confirmed! Therefore, know ye of a certainty that whosoever arises in this day to diffuse the divine fragrances, the cohorts of the Kingdom of God shall confirm him and the bestowals and the favors of the Blessed Perfection shall encircle him.	7.6 Gayundin si Bb. Knobloch ay naglakbay nang mag-isa patungo sa Germany. Anong laking saklaw ng kaniyang pagiging matibay! Samakatwid ay alamin nang buong katiyakan na ang sinumang bumangon sa araw na ito upang ipalaganap ang mga banal na halimuyak, ang mga hukbo ng Kaharian ng Diyos ay magpapatibay sa kaniya at ang mga kaloob at mga pagpapala ng Pinagpalang Kaganapan ay papalibot sa kaniya.
7.7 O that I could travel, even though on foot and in the utmost poverty, to these regions, and, raising the call of “Yá Bahá’u’l-Abhá” in cities, villages, mountains, deserts and oceans, promote the divine teachings! This, alas, I cannot do. How intensely I deplore it! Please God, ye may achieve it.	7.7 O na Ako sana ay makapaglakbay, nang kahit na naglalakad at sa sukdulang karukhaan, sa mga dakong ito, at sa pagtataas ng tawag ng “Yá Bahá’u’l-Abhá” sa mga lungsod, mga nayon, mga kabundukan, mga disyerto at mga karagatan, ay itaguyod ang mga katuruang dibino! Ito, sa kasawiang-palad, ay hindi Ko na magawa. Napakatindi Kong pinagsisisihan ito! Isinasamo Ko sa Diyos na ito ay magawa ninyo.
7.8 At this time, in the Hawaiian Islands, through the efforts of Miss Alexander, a number of souls have reached the shore of the sea of faith! Consider ye, what happiness, what joy is this! I declare by the Lord of Hosts that had this respected daughter founded an empire, that empire would not have been so great! For this sovereignty is eternal sovereignty and this glory is everlasting glory.	7.8 Sa panahong ito, sa mga Isla ng Hawaii, sa pamamagitan ng mga pagsisikap ni Bb. Alexander, ang isang bilang ng mga kaluluwa ay nakarating na sa dalampasigan ng karagatan ng pananalig! Isipin ninyo, anong ligaya, anong galak ito! Sumasaksi ako sa ngalan ng Panginoon ng mga Hukbo na kung itong kagalang-galang na anak na babae ay nakapagtayo ng isang imperyo, ang imperyong iyon ay hindi magiging ganoon kadakila! Sapagkat ang paghaharing ito ay walang-maliw na paghahari at ang luwalhating ito ay walang-hanggang kaluwalhatian.
7.9 Likewise, if some teachers go to other islands and other parts, such as the continent of Australia, New Zealand, Tasmania, also to Japan, Asiatic Russia, Korea, French Indochina, Siam, Straits Settlements, India, Ceylon and Afghanistan,	7.9 Gayundin, kung ang ilang mga tagapagturo ay pupunta sa ibang mga isla at ibang mga bahagi, tulad ng kontinente ng Australia, New Zealand, Tasmania, at gayundin sa Japan, Asiatic Russia, Korea, French Indochina, Siam, Straits

most great results will be forthcoming. How good would it be were there any possibility of a commission composed of men and women, to travel together through China and Japan—so that this bond of love may become strengthened, and through this going and coming they may establish the oneness of the world of humanity, summon the people to the Kingdom of God and spread the teachings.	Settlements, India, Ceylon at Afghanistan, ang napakadakilang mga bunga ay lilitaw. Napakabuti sana kung may anumang pagkakataong para sa isang lupon na binubuo ng mga lalaki at mga babae, na sama-samang maglakbay sa kabuuan ng China at Japan—nang upang itong bigkis ng pag-ibig ay mapalakas, at sa pamamagitan nitong paroo't-parito ay maitatag nila ang kaisahan ng daigdig ng sangkatauhan, matawagan ang mga tao tungo sa Kaharian ng Diyos at mapalaganap ang mga katuruan.
7.10 Similarly, if possible, they should travel to the continent of Africa, Canary Islands, Cape Verde Islands, Madeira Islands, Réunion Islands, St. Helena, Zanzibar, Mauritius, etc., and in those countries summon the people to the Kingdom of God and raise the cry of “Yá Bahá’u’l-Abhá!” They must also upraise the flag of the oneness of the world of humanity in the island of Madagascar.	7.10 Gayundin, kung maaari, dapat silang maglakbay sa kontinente ng Africa, Canary Islands, Cape Verde Islands, Madeira Islands, Reunion Islands, St. Helena, Zanzibar, Mauritius, atbp., at sa mga bansang iyo ay tawagin ang mga tao patungo sa Kaharian ng Diyos at itaas ang tawag ng “Yá Bahá’u’l-Abhá!” Dapat rin nilang itaas ang bandila ng kaisahan ng daigdig ng sangkatauhan sa isla ng Madagascar.
7.11 Books and pamphlets must be either translated or composed in the languages of these countries and islands, to be circulated in every part and in all directions.	7.11 Ang mga aklat at mga pampleta ay dapat isalin o isulat sa mga wika ng mga bansa at mga islang ito, na ipamumudmod sa bawat bahagi at sa lahat ng dako.
7.12 It is said that in South Africa, a diamond mine is discovered. Although this mine is most valuable, yet after all it is stone. Perchance, God willing, the mine of humanity may be discovered and the brilliant pearls of the Kingdom be found.	7.12 Nababalitang sa South Africa, may natuklasang mina ng mga brilyante. Bagaman ang minang ito ay napakahalaga, gayumpaman bato lamang ito. Sakaling, kung naisin ng Diyos, ang mina ng sangkatauhan ay matutuklasan at ang maningning na mga perlas ng Kaharian ay matatagpuan.
7.13 In brief, this world-consuming war has set such a conflagration to the hearts that no word can describe it. In all the countries of the world the longing for universal peace is taking possession of the consciousness of men. There is not a soul who does not yearn for concord and peace. A most wonderful state of receptivity is being realized. This is through the consummate wisdom of God, so that capacity may be created, the standard of the oneness of the world of humanity be upraised, and the fundamental of universal peace and the divine principles be promoted in the East and the West.	7.13 Sa maikling salita, itong digmaang tumutupok sa daigdig ay nagpaningas sa mga puso ng gayong apoy na walang salita ang makapaglalarawan. Sa lahat ng mga bansa ng daigdig ang pagnanasa para sa pangkalahatang kapayapaan ay natatanim na sa kabatiran ng mga tao. Walang kaluluwang hindi naghahangad ng pagkakasundo at kapayapaan. Ang lubos na kahanga-hangang kalagayan ng pagiging handang tumanggap ay nagaganap na. Ito ay sa pamamagitan ng sukdulang dunong ng Diyos, upang ang kakayahan ay malikha, ang bandila ng kaisahan ng sangkatauhan ay maitaas, at ang saligan ng pandaigdigang kapayapaan at ang mga tuntuning dibino ay maitaguyod sa Silangan at Kanluran.
7.14 Therefore, O ye believers of God! Show ye an effort and after this war spread ye the synopsis of the divine teachings in the British Isles, France, Germany, Austria-Hungary, Russia, Italy, Spain, Belgium, Switzerland, Norway, Sweden,	7.14 Samakatwid, O kayong mga mananampalataya ng Diyos! Magpakita kayo ng pagsisikap at pagkaraan ng digmaang ito ay palaganapin ninyo ang buod ng mga banal na katuruan sa British Isles, France, Germany,

Denmark, Holland, Portugal, Rumania, Serbia, Montenegro, Bulgaria, Greece, Andorra, Liechtenstein, Luxemburg, Monaco, San Marino, Balearic Isles, Corsica, Sardinia, Sicily, Crete, Malta, Iceland, Faroe Islands, Shetland Islands, Hebrides and Orkney Islands.	Austria-Hungary, Russia, Italy, Spain, Belgium, Switzerland, Norway, Sweden, Denmark, Holland, Portugal, Rumania, Serbia, Montenegro, Bulgaria, Greece, Andorra, Liechtenstein, Luxemburg, Monaco, San Marino, Balearic Isles, Corsica, Sardinia, Sicily, Crete, Malta, Iceland, Faroe Islands, Shetland Islands, Hebrides and Orkney Islands.
7.15 In all these countries, like unto the morning stars shine ye forth from the horizon of guidance. Thus far ye have been untiring in your labors. Let your exertions henceforth increase a thousandfold. Summon the people in these countries, capitals, islands, assemblies and churches to enter the Abhá Kingdom. The scope of your exertions must needs be extended. The wider its range, the more striking will be the evidence of divine assistance.	7.15 Sa lahat ng mga bansang ito, tulad ng mga bituin sa umaga ay magningning kayo mula sa sugpungang-guhit ng pamamatnubay. Hanggang sa ngayon ay wala kayong kapaguran sa inyong mga gawain. Tolutang ang inyong mga pagsisikap mula ngayon ay mag-ibayo nang isang libong ulit. Tawagan ang mga tao sa mga bansa, mga kapitolyo, mga isla, mga kapulungan at mga simbahan na pumasok sa Kaharian ng Abha. Ang saklaw ng inyong mga pagsisikap ay dapat lumawak. Habang higit na malawak ang saklaw nito, higit na makikita ang patunay ng dibinong tulong.
7.16 You have observed that while ‘Abdu’l-Bahá was in the utmost bodily weakness and feebleness, while he was indisposed, and had not the power to move—notwithstanding this physical state he traveled through many countries, in Europe and America, and in churches, meetings and conventions was occupied with the promotion of the divine principles and summoned the people to the manifestation of the Kingdom of Abhá. You have also observed how the confirmations of the Blessed Perfection encompassed all. What result is forthcoming from material rest, tranquillity, luxury and attachment to this corporeal world? It is evident that the man who pursues these things will in the end become afflicted with regret and loss.	7.16 Inyong napagmasdan na samantalang si ‘Abdu’l-Bahá ay nasa sukdulang kahinaan ng katawan at pag-uugod-ugod, habang siya ay may karamdaman, at walang kakayahang kumilos—sa kabila ng ganitong pisikal na kalagayan siya ay naglakbay sa maraming mga bansa, sa Europe at America, at sa mga simbahan, mga pagpupulong at mga pagtitipon ay naging abala sa pagtataguyod sa mga tuntuning dibino at tinawagan ang mga tao tungo sa paghahayag ng Kaharian ng Abhá. Inyo ring napagmasdan kung paano pumalibot sa lahat ang mga pagpapatibay ng Pinagpalang Kaganapan. Anong bunga ang nagbubuhat sa materyal na pamamahinga, katiwasayan, karangyaan at pangangapit sa makalupang daigdig na ito? Maliwanag na ang taong naghahabol sa ganitong mga bagay sa wakas ay daranas ng pagsisisi at kawalan.
7.17 Consequently, one must close his eyes wholly to these thoughts, long for eternal life, the sublimity of the world of humanity, the celestial developments, the Holy Spirit, the promotion of the Word of God, the guidance of the inhabitants of the globe, the promulgation of universal peace and the proclamation of the oneness of the world of humanity! This is the work! Otherwise like unto other animals and birds one must occupy himself with the requirements of this physical life, the satisfaction of which is the highest aspiration of the animal kingdom, and one must stalk across the earth like unto the quadrupeds.	7.17 Samakatwid ay dapat ganap na isara ng tao ang kaniyang mga mata sa mga kaisipang ito, maghangad ng walang-hanggang buhay, ng kadakilaan ng daigdig ng sangkatauhan, ng makalangit na mga pag-unlad, ng Banal na Espiritu, ng pagtataguyod sa Salita ng Diyos, ng pamamatnubay sa mga nananahan sa daigdig, ng pagpapatupad sa pandaigdigang kapayapaan at sa pagtatalastas sa kaisahan ng daigdig ng sangkatauhan! Ito ang gawain! Kung hindi, tulad ng ibang mga hayop at mga ibon ang tao ay dapat lamang mag-abala ng kaniyang sarili sa mga pangangailangan nitong pisikal na daigdig, na ang pagkamit nito ang pinakamatayog na hangarin ng

	kaharian ng mga hayop, at dapat lumakad ang tao sa ibabaw ng lupa nang tulad ng mga apat ang paa.
7.18 Consider ye! No matter how much man gains wealth, riches and opulence in this world, he will not become as independent as a cow. For these fattened cows roam freely over the vast tableland. All the prairies and meadows are theirs for grazing, and all the springs and rivers are theirs for drinking! No matter how much they graze, the fields will not be exhausted! It is evident that they have earned these material bounties with the utmost facility.	7.18 Isipin ninyo! Gaanuman karaming kayamanan, kasaganaan at karangyaan ang matamo ng tao sa daigdig na ito, hindi niya maaabot ang kasarinlan ng isang baka. Sapagkat itong pinatatabang mga baka ay malayang gumagala sa napakalawak na kaparangan. Ang lahat ng mga parang at mga kapatagan ay kanilang pastulan, at ang lahat ng mga bukal at mga ilog ay kanilang inuman! Gaanuman sila manginain, ang mga kaparangan ay hindi nauubos! Maliwanag na natamo nila itong materyal na mga biyaya nang may ganap na kadalian.
7.19 Still more ideal than this life is the life of the bird. A bird, on the summit of a mountain, on the high, waving branches, has built for itself a nest more beautiful than the palaces of the kings! The air is in the utmost purity, the water cool and clear as crystal, the panorama charming and enchanting. In such glorious surroundings, he expends his numbered days. All the harvests of the plain are his possessions, having earned all this wealth without the least labor. Hence, no matter how much man may advance in this world, he shall not attain to the station of this bird! Thus it becomes evident that in the matters of this world, however much man may strive and work to the point of death, he will be unable to earn the abundance, the freedom and the independent life of a small bird. This proves and establishes the fact that man is not created for the life of this ephemeral world—nay, rather, is he created for the acquirement of infinite perfections, for the attainment to the sublimity of the world of humanity, to be drawn nigh unto the divine threshold, and to sit on the throne of everlasting sovereignty!	7.19 Higit pang uliran sa buhay na ito ang pamumuhay ng ibon. Ang isang ibon, sa tugatog ng bundok, sa mataas na kumakaway na mga sanga, ay nakagawa para sa sarili niya ng isang pugad na higit na maganda pa kaysa mga palasyo ng mga hari! Ang hangin ay lubos na dalisay, ang tubig ay malamig at kasinlinaw ng kristal, ang tanawin ay kalugod-lugod at nakabibighani. Sa gayong napakagandang mga kapaligiran ay ginugugol niya ang kaniyang nabibilang na mga araw. Ang lahat ng mga ani ng parang ay kaniyang pag-aari, nakamtan ang lahat ng yaman na ito nang walang kahirap-hirap. Samakatwid, gaanuman sumulong ang tao sa daigdig na ito, hindi niya matatamo ang kalagayan ng ibong ito! Sa gayon ay nagiging malinaw na sa mga bagay ng daigdig na ito, gaanuman magsumikap at kumayod ang tao hanggang sa mamatay-matay na siya, hindi pa rin niya makakamtan ang kasaganaan, ang kalayaan at kasarinlan ng isang maliit na ibon. Ito ay nagpapatunay at nagtatakda ng katotohanan na ang tao ay hindi nilikha para sa buhay ng naglalahong daigdig na ito—hindi, sa halip, siya ay nilikha para sa pagtatamo ng walang-hanggang mga kaganapan, para sa paghahantong sa kadakilaan ng daigdig ng sangkatauhan, upang mapalapit sa banal na bungad, at makaupo sa trono ng walang maliw na paghahari!
7.20 Upon you be Bahá'u'l-Abhá!	7.20 Mapasa-inyo si Bahá'u'l-Abhá!
Whoever sets out on a teaching journey to any place, let him recite this prayer day and night during his travels in foreign lands:	<i>Ang sinumang nagsasagawa ng paglalakbay upang magturo sa alinmang lugar, tulutang usalin niya ang panalanging ito sa araw at gabi sa kaniyang mga paglalakbay sa mga lupaing banyaga:</i>
7.21 O God, my God! Thou seest me enraptured and attracted toward Thy glorious kingdom, enkindled with the fire of Thy love amongst mankind, a herald of Thy kingdom in these	7.21 O Diyos, aking Diyos! Nakikita Mo akong nababalani at naaakit sa Iyong maluwalhating kaharian, pinagniningas ng apoy ng Iyong pag-ibig sa sangkatauhan, isang tagapagbalita

vast and spacious lands, severed from aught else save Thee, relying on Thee, abandoning rest and comfort, remote from my native home, a wanderer in these regions, a stranger fallen upon the ground, humble before Thine exalted threshold, submissive toward the heaven of Thine omnipotent glory, supplicating Thee in the dead of night and at the break of dawn, entreating and invoking Thee at morn and at eventide to graciously aid me to serve Thy Cause, to spread abroad Thy teachings and to exalt Thy Word throughout the East and the West.	ng Iyong Kaharian sa malawak at maluwang na mga lupaing ito, nakawalay sa anuman liban sa Iyo, nananangan sa Iyo, tinalikuran ang pahinga at kaghawahan, malayo sa aking sariling tahanan, isang lagalag sa mga rehiyong ito, isang dayuhang nabuwal sa lupa, mapagpakumbaba sa harap ng Iyong dakilang bungad, masunurin sa langit ng Iyong kaluwalhatiang lubos na makapangyarihan, nagsusumamo sa Iyo sa kalaliman ng gabi at sa pagbubukang-liwayway, nagmamakaawa at nananawagan sa Iyo sa umaga at gabi, na buong giliw akong tulungan upang makapaglingkod sa Iyong Kapakanan, upang mapalaganap ang Iyong mga katuruan, at upang madakila ang Iyong Salita sa kabuuan ng Silangan at ng Kanluran.
7.22 O Lord! Strengthen my back, enable me to serve Thee with the utmost endeavor, and leave me not to myself, lonely and helpless in these regions.	7.22 O Panginoon! Palakasin ang aking likod, tulutang makapaglingkod ako sa Iyo nang buong pagsisikap, at huwag akong iwan sa aking sarili, nag-iisa at walang kakayahan sa mga rehiyong ito.
7.23 O Lord! Grant me communion with Thee in my loneliness, and be my companion in these foreign lands.	7.23 O Panginoon! Pagkalooban ako ng pakikipagniig sa Iyo sa aking pag-iisa, at maging aking kasama rito sa mga banyagang lupa.
7.24 Verily, Thou art the Confirmer of whomsoever Thou wilt in that which Thou desirest, and, verily, Thou art the All-Powerful, the Omnipotent.	7.24 Tunay na Ikaw ang Tagapagpatibay ng sinumang loobin Mo sa anumang Iyong hinahangad, at tunay na Ikaw ang Lubos na Malakas, ang Lubos na Makapangyarihan.

8	8
Tablet to the Bahá'ís of the United States and Canada	Tableta sa mga Bahá'í ng Estados Unidos at Canada
Revealed on April 19, 1916, in 'Abdu'l-Bahá's room at the house in Bahjí; on April 20, in the pilgrims' quarters of the house in Bahjí; on April 22, in the garden adjacent to the Shrine of Bahá'u'lláh, and addressed to the Bahá'ís of the United States and Canada.	Ipinahayag noong ika-19 ng Abril 1916 sa silid ni 'Abdu'l-Bahá sa tahanan sa Bahjí; noong ika-20 ng Abril sa tirahan ng mga peregrino sa tahanan sa Bahjí; noong ika-22 ng Abril sa hardin sa tabi ng Dambana ni Bahá'u'lláh, at isinulat para sa mga Bahá'í ng Estados Unidos at Canada.
<i>He is God! O ye Apostles of Bahá'u'lláh! May my life be sacrificed for you!</i>	<i>Siya ang Diyos! O kayong mga Apostol ni Bahá'u'lláh! Maialay nawa ang aking buhay para sa inyo!</i>
8.1 The Blessed Person of the Promised One is interpreted in the Holy Book as the Lord of Hosts—the heavenly armies. By heavenly armies those souls are intended who are entirely freed from the human world, transformed into celestial spirits and have become divine angels. Such souls are the rays of the Sun of Reality who will illumine all the continents. Each one is holding in his hand a	8.1 Ang Pinagpalang Katauhan ng Siyang Ipinangako ay ipinapakahulugan sa Banal na Aklat bilang ang Panginoon ng mga Hukbo—ang makalangit na mga hukbo. Ang tinutukoy ng makalangit na mga hukbo ay yaong mga kaluluwang lubos na malaya sa daigdig ng tao, nabago upang maging makalangit na mga espiritu at naging banal na mga anghel. Ang gayong mga

trumpet, blowing the breath of life over all the regions. They are delivered from human qualities and the defects of the world of nature, are characterized with the characteristics of God, and are attracted with the fragrances of the Merciful. Like unto the apostles of Christ, who were filled with Him, these souls also have become filled with His Holiness Bahá'u'lláh; that is, the love of Bahá'u'lláh has so mastered every organ, part and limb of their bodies, as to leave no effect from the promptings of the human world.	kaluluwa ay mga sinag ng Araw ng Realidad na nagtatanglaw sa lahat ng mga lupalop. Ang bawat isa ay humahawak sa kaniyang kamay ng isang trumpeta, hinihipan ng hininga ng buhay ang lahat ng mga rehiyon. Sila ay nailigtas mula sa mga katangiang pantao at mga kapansanan ng daigdig ng kalikasan, natatangi ng mga katangian ng Diyos, at nahahalina ng mga halimuyak ng Mahabagin. Tulad ng mga apostol ni Kristo, na sila ay napuspos sa Kaniya, ang mga kaluluwang ito ay napuspos din ng Kaniyang Kabanalan si Bahá'u'lláh; yaon ay, ang pag-ibig kay Bahá'u'lláh ay lubos na naghahari sa bawat bahagi, kalamnan, bisig at binti ng kanilang mga katawan, na hindi na ito tinatalaban ng mga udyok mula sa pantaong daigdig.
8.2 These souls are the armies of God and the conquerors of the East and the West. Should one of them turn his face toward some direction and summon the people to the Kingdom of God, all the ideal forces and lordly confirmations will rush to his support and reinforcement. He will behold all the doors open and all the strong fortifications and impregnable castles razed to the ground. Singly and alone he will attack the armies of the world, defeat the right and left wings of the hosts of all the countries, break through the lines of the legions of all the nations and carry his attack to the very center of the powers of the earth. This is the meaning of the Hosts of God.	8.2 Ang mga kaluluwang ito ay ang mga hukbo ng Diyos at mga mananakop ng Silangan at ng Kanluran. Kung ibabaling ng isa sa kanila ang kaniyang mukha tungo sa alinmang dako at tatawagan ang mga tao tungo sa Kaharian ng Diyos, ang lahat ng mga huwarang puwersa at mga pagpapatibay ng Panginoon ay susugod upang itaguyod at palakasin siya. Makikita niyang nagbubukas ang lahat ng mga pintuan at pinaguguho sa lupa ang lahat ng mga kutang matibay at mga kastilyong di-magapi. Nag-iisa at walang kasama niyang susugurin ang mga hukbo ng daigdig, tatalunin ang mga panig sa kanan at kaliwa ng mga hukbo ng lahat ng mga bansa, bubuwagin ang mga hanay ng mga hukbo ng lahat ng mga bansa at itutuloy ang kaniyang pagsalakay patungo sa mismong sentro ng mga kapangyarihan ng daigdig. Ito ang kahulugan ng mga Hukbo ng Diyos.
8.3 Any soul from among the believers of Bahá'u'lláh who attains to this station will become known as the Apostle of Bahá'u'lláh. Therefore strive ye with heart and soul so that ye may reach this lofty and exalted position, be established on the throne of everlasting glory, and crown your heads with the shining diadem of the Kingdom, whose brilliant jewels may irradiate upon centuries and cycles.	8.3 Ang alinmang kaluluwa mula sa mga mananampalataya ni Bahá'u'lláh na makatatamo sa katayuang ito ay makikilala bilang Apostol ni Bahá'u'lláh. Samakatwid ay magsumikap kayo nang buong puso at kaluluwa upang maabot ninyo ang matayog at dakilang kalagayang ito, mailuklok kayo sa trono ng kaluwalhatianang walang-maliw, at maputungan ang inyong mga ulo ng nagniningning na korona ng Kaharian, na ang maringal na mga hiyas niyon ay magbibigay liwanag sa mga dantaon at mga pag-inog ng panahon.
8.4 O ye kind friends! Uplift your magnanimity and soar high toward the apex of heaven so that your blessed hearts may become illumined more and more, day by day, through the rays of the Sun of Reality, that is, His Holiness Bahá'u'lláh; at every moment the spirits may obtain a new life, and the darkness of the world of nature	8.4 O kayong mga kaibigang mabait! Itaas pa ang inyong kadakilaan at pumailanglang tungo sa kaitaasan ng langit nang sa gayon ang inyong mga pusong pinagpala ay maging higit at higit pang natatanglawan sa araw-araw sa pamamagitan ng mga sinag ng Araw ng Katotohanan, yaon ay, ang Kaniyang Kabanalan si

may be entirely dispelled; thus you may become incarnate light and personified spirit, become entirely unaware of the sordid matters of this world and in touch with the affairs of the divine world.	Bahá'u'lláh; sa bawat sandali makatamo nawa ang mga espiritu ng bagong buhay, at ang karimlan ng daigdig ng sangkatauhan ay lubusang mapawi; sa gayon kayo ay magiging liwanag na may katawan at espiritung may hugis, magiging lubos na walang kamalayan sa maruming mga bagay ng daigdig na ito at nauugnay sa mga gawain ng daigdig ng kabanalan.
8.5 Behold the portals which Bahá'u'lláh hath opened before you! Consider how exalted and lofty is the station you are destined to attain; how unique the favors with which you have been endowed. Should we become intoxicated with this cup, the sovereignty of this globe of earth will become lower in our estimation than children's play. Should they place in the arena the crown of the government of the whole world, and invite each one of us to accept it, undoubtedly we shall not condescend, and shall refuse to accept it.	8.5 Masdan ang mga pintuang binuksan ni Bahá'u'lláh sa harap ninyo! Isipin kung anong dakila at matayog ang katayuang itinadhanang matamo ninyo; na walang kahalintulad ang mga biyayang ipinagkaloob sa inyo. Kung malalango tayo sa tasang ito, ang paghahari sa globo ng lupang ito ay magiging mas mababa pa sa ating tantiya kaysa sa laro ng mga bata. Kung ilalagay nila sa larangan ang korona ng pamamahala sa buong daigdig, at aanyayahan ang bawat isa sa ating tanggapin iyon, walang pag-aalinlangang hindi natin mamarapatin, at hindi natin tatanggapin iyon.
8.6 To attain to this supreme station is, however, dependent on the realization of certain conditions:	8.6 Upang makamtan itong kataas-taasang kalagayan, gayumpaman, ang tanging mga kundisyon ay kailangan munang matupad:
8.7 The first condition is firmness in the Covenant of God. For the power of the Covenant will protect the Cause of Bahá'u'lláh from the doubts of the people of error. It is the fortified fortress of the Cause of God and the firm pillar of the religion of God. Today no power can conserve the oneness of the Bahá'í world save the Covenant of God; otherwise differences like unto a most great tempest will encompass the Bahá'í world. It is evident that the axis of the oneness of the world of humanity is the power of the Covenant and nothing else. Had the Covenant not come to pass, had it not been revealed from the Supreme Pen and had not the Book of the Covenant, like unto the ray of the Sun of Reality, illuminated the world, the forces of the Cause of God would have been utterly scattered and certain souls who were the prisoners of their own passions and lusts would have taken into their hands an axe, cutting the root of this Blessed Tree. Every person would have pushed forward his own desire and every individual aired his own opinion! Notwithstanding this great Covenant, a few negligent souls galloped with their chargers into the battlefield, thinking perchance they might be able to weaken the foundation of the Cause of God: but praise be to God all of them were afflicted with regret and loss, and ere long they shall see themselves in poignant despair. Therefore, in the	8.7 Ang unang kundisyon ay katatagan sa Kasunduan ng Diyos. Sapagkat ang kapangyarihan ng Kasunduan ang magsasanggalang sa Kapakanan ni Bahá'u'lláh mula sa mga pag-aalinlangan ng mga tao ng pagkakamali. Ito ay ang pinalakas na muog ng Kapakanan ng Diyos at isang matibay na haligi ng relihiyon ng Diyos. Sa araw na ito walang kapangyarihan ang makapagpapanatiling buo sa kaisahan ng sandaigdigang Bahá'í liban sa Kasunduan ng Diyos; kung hindi, ang mga di-pagkakaunawaan tulad ng isang napakalaking bagyo ay babalot sa sandaigdigang Bahá'í. Malinaw na ang pinag-iinugan ng kaisahan ng daigdig ng sangkatauhan ay ang kapangyarihan ng Kasunduan at wala nang iba pa. Kung hindi sana naitatag ang Kasunduan, kung hindi sana ito ipinahayag ng Kataas-taasang Panulat at kung ang Aklat ng Kasunduan, tulad ng sinag ng Araw ng Realidad, ay hindi sana tinanglawan ang daigdig, ang mga puwersa ng Kapakanan ng Diyos ay ganap na nabuwag na sana at ang tanging mga kaluluwa na bihag ng silakbo ng sarili nilang mga damdamin at mga pagnanasa ay tinanganan na sana ng sarili nilang mga kamay ang palakol at pinuputol ang ugat nitong Pinagpalang Puno. Isinulong na sana ng bawat tao ang sarili niyang hangarin at ipinahayag na sana ng bawat indibidwal ang sarili niyang

beginning the believers must make their steps firm in the Covenant so that the confirmations of Bahá'u'lláh may encircle them from all sides, the cohorts of the Supreme Concourse may become their supporters and helpers, and the exhortations and advices of ‘Abdu’l-Bahá, like unto the pictures engraved on stone, may remain permanent and ineffaceable in the tablets of all hearts.	kuru-kuro! Sa kabila ng dakilang Kasunduang ito, ang ilang mga kaluluwang pabaya ay nagpatakbo ng kanilang mga kabayo sa larangan ng digmaan, iniisip na baka sakaling magagawa nilang pahinain ang saligan ng Kapakanan ng Diyos: subalit purihin ang Diyos ang lahat sa kanila ay dumanas ng pagsisisi at kawalan, at di nagtagal ay nakita nila ang mga sarili nila sa kalunos-lunos na kawalan ng pag-asa. Samakatwid sa simula ay kailangang patatagin ng mga mananampalataya ang kanilang mga hakbang sa Kasunduan nang sa gayon ang mga pagpapatibay ni Bahá'u'lláh ay pumalibot sa kanila mula sa lahat ng dako, ang mga hukbo ng Kalipunan sa Kaitaasan ay maging kanilang mga tagatangkilik at mga katulong, at ang mga paghimok at mga payo ni ‘Abdu’l-Bahá, tulad ng mga larawang iniukit sa bato, ay manatiling permanente at hindi mabubura sa mga tableta ng lahat ng mga puso.
8.8 The second condition: Fellowship and love amongst the believers. The divine friends must be attracted to and enamored of each other and ever be ready and willing to sacrifice their own lives for each other. Should one soul from amongst the believers meet another, it must be as though a thirsty one with parched lips has reached to the fountain of the water of life, or a lover has met his true beloved. For one of the greatest divine wisdoms regarding the appearance of the holy Manifestations is this: The souls may come to know each other and become intimate with each other; the power of the love of God may make all of them the waves of one sea, the flowers of one rose garden, and the stars of one heaven. This is the wisdom for the appearance of the holy Manifestations! When the most great bestowal reveals itself in the hearts of the believers, the world of nature will be transformed, the darkness of the contingent being will vanish, and heavenly illumination will be obtained. Then the whole world will become the Paradise of Abhá, every one of the believers of God will become a blessed tree, producing wonderful fruits.	8.8 Ang pangalawang kundisyon: Mabuting samahan at pagmamahalan sa pagitan ng mga mananampalataya. Ang mga kaibigang banal ay dapat nahahalina at nagmamahal sa isa’t isa at maging laging handa at kusang-loob na iniaalay ang kanilang sariling mga buhay para sa isa’t isa. Mula sa mga mananampalataya, kapag nakaharap ng isang kaluluwa ang isa pa, ito ay dapat maging tulad ng isang nauuhaw na tuyot ang mga labi na umabot na sa bukal ng tubig ng buhay, o tulad ng isang mangingibig na nakaharap ang kaniyang tunay na iniibig. Sapagkat ang isa sa pinakadakilang banal na karunungan kaugnay ng paglitaw ng mga banal na Kahayagan ay ito: Makikilala ng mga kaluluwa ang isa’t isa at magiging matalik na kaibigan sa isa’t isa; ang kapangyarihan ng pag-ibig ng Diyos ay ginagawa silang lahat na maging mga alon ng iisang dagat, mga bulaklak ng isang halamanan ng rosas, at mga bituin ng iisang langit. Ito ang karunungan ng paglitaw ng banal na mga Kahayagan! Kapag inihahayag ng pinakadakilang kaloob ang sarili nito sa mga puso ng mga mananampalataya, ang daigdig ng kalikasan ay mababago, ang karimlan ng walang katiyakang nilalang ay mapapawi, at matatamo ang makalangit na liwanag. Sa gayon ang buong daigdig ay magiging Paraiso ng Abhá, ang bawat isang mananampalataya ng Diyos ay magiging pinagpalang puno, nagbibigay ng kamangha-manghang mga bunga.
8.9 O ye friends! Fellowship, fellowship! Love, love! Unity, unity!—so that the power of the Bahá’í Cause may appear and become manifest in the world of existence. My thoughts are	8.9 O kayong mga kaibigan! Mabuting samahan! Mabuting samahan! Pag-ibig! Pag-ibig! Pagkakaisa! Pagkakaisa!—upang ang kapangyarihan ng Kapakanang Bahá’í ay lumitaw

turned towards you, and my heart leaps within me at your mention. Could ye know how my soul glows with your love, so great a happiness would flood your hearts as to cause you to become enamored with each other.	at maging hayag sa umiiral na daigdig. Ang Aking mga kaisipan ay nakadako sa inyo, at lumulundag ang Aking puso kapag nababanggit kayo. Kung alam lamang ninyo ang pag-aalab ng Aking kaluluwa sa inyong pag-ibig, ang napakalaking kaligayahan ay lilipos sa inyong mga puso na mabibighani kayo sa isa't isa.
8.10 The third condition: Teachers must continually travel to all parts of the continent, nay, rather, to all parts of the world, but they must travel like ‘Abdu’l-Bahá, who journeyed throughout the cities of America. He was sanctified and free from every attachment and in the utmost severance. Just as His Holiness Christ says: Shake off the very dust from your feet.¹	8.10 Ang pangatlong kundisyon: Kailangang patuloy na maglakbay ang mga tagapagturo sa lahat ng dako ng kontinente, hindi lamang iyon, sa halip ay sa lahat ng dako ng daigdig, subalit kailangan nilang maglakbay nang tulad ni ‘Abdu’l-Bahá, na naglakbay sa kahabaan ng mga lungsod ng America. Siya ay dalisay at malaya sa bawat pagkagiliw at nasa sukdulang pagkawalay. Tulad ng sinabi ng Kaniyang Kabanalan si Kristo: Pagpagin ninyo ang mismong alabok mula sa inyong mga paa.¹³
8.11 You have observed that while in America many souls in the utmost of supplication and entreaty desired to offer some gifts, but this servant, in accord with the exhortations and behests of the Blessed Perfection, never accepted a thing, although on certain occasions we were in most straitened circumstances. But on the other hand, if a soul for the sake of God, voluntarily and out of his pure desire, wishes to offer a contribution (toward the expenses of a teacher) in order to make the contributor happy, the teacher may accept a small sum, but must live with the utmost contentment.	8.11 Inyong napagmasdan na habang nasa America, maraming mga kaluluwa sa sukdulang pagsamo at pakiusap ay naghangad na mag-alay ng anumang kaloob, subalit ang tagapaglingkod na ito, sang-ayon sa mga paghimok at mga utos ng Pinagpalang Kaganapan, ay hindi kailanman tumanggap ng anumang bagay, kahit pa sa ilang mga pagkakataon ay hapit na hapit ang kalagayan. Subalit sa kabilang dako, kung alang-alang sa Diyos ay nais ng isang kaluluwa, nang kusa at mula sa kaniyang dalisay na hangarin, na magbigay ng ambag (para sa mga gastusin ng tagapagturo), upang mapaligaya ang nagbibigay, maaaring tanggapin ng tagapagturo ang isang maliit na halaga, subalit ay dapat mamuhay sa sukdulang kasiyahan.
8.12 The aim is this: The intention of the teacher must be pure, his heart independent, his spirit attracted, his thought at peace, his resolution firm, his magnanimity exalted and in the love of God a shining torch. Should he become as such, his sanctified breath will even affect the rock; otherwise there will be no result whatsoever. As long as a soul is not perfected, how can he efface the defects of others? Unless he is detached from aught else save God, how can he teach severance to others?	8.12 Ang layunin ay ito: Dapat dalisay ang hangarin ng tagapagturo, malaya ang kaniyang puso, naaakit ang kaniyang espiritu, payapa ang kaniyang isipan, matibay ang kaniyang pagtatalaga, dakila ang kaniyang kagandahang-loob, at sa pag-ibig sa Diyos ay isang nagniningning na sulo. Kung siya ay maging ganito, ang kaniyang banal na hininga ay magkakabisa kahit sa bato; subalit kung hindi ay walang magiging anumang bunga. Hanggang ang isang kaluluwa ay hindi nagiging ganap, paano niya mapapawi ang mga pagkukulang ng mga iba? Maliban kung siya ay nakawalay sa lahat liban sa Diyos, paano niya maituturo ang pagkawalay sa mga iba?
8.13 In short, O ye believers of God! Endeavor ye, so that you may take hold of every	8.13 Sa maikling salita, O kayong mga mananampalataya ng Diyos, nang sa gayon ay

¹³ Ihambing sa Mateo 10:14.

means in the promulgation of the religion of God and the diffusion of the fragrances of God.	matanganan ninyo ang bawat paraan para sa pagpapalaganap ng relihiyon ng Diyos at ng pagsasabog ng mga halimuyak ng Diyos.
8.14 Amongst other things is the holding of the meetings for teaching so that blessed souls and the old ones from amongst the believers may of the love of God in schools of instruction and teach them all the divine proofs and irrefragable arguments, explain and elucidate the history of the Cause, and interpret also the prophecies and proofs which are recorded and are extant in the divine books and epistles regarding the manifestation of the Promised One, so that the young ones may go in perfect knowledge in all these degrees.	8.14 Kabilang sa iba pang mga bagay ay ang pagdaraos ng mga pagtitipon para sa pagtuturo upang ang pinagpalang mga kaluluwa at ang mga dati na mula sa mga mananampalataya ay tipunin ang mga kabataan sa pag-ibig ng Diyos sa mga paaralan ng pagtuturo at ibahagi sa kanila ang lahat ng mga katibayang banal at mga katwirang hindi maitatatwa, ipaliwanag at linawin ang kasaysayan ng Kapakanan, at gayundin ay ilahad ang kahulugan ng mga propesiya at mga katibayang naitala at umiiral pa rin sa mga banal na aklat at mga epistola kaugnay ng kahayagan Niya na Siyang Ipinangako, nang sa gayon ang mga bata ay magtaglay ng ganap na kaalaman sa lahat nitong mga antas.
8.15 Likewise, whenever it is possible a committee must be organized for the translation of the Tablets. Wise souls who have mastered and studied perfectly the Persian, Arabic, and other foreign languages, or know one of the foreign languages, must commence translating Tablets and books containing the proofs of this Revelation, and publishing those books, circulate them throughout the five continents of the globe.	8.15 Gayundin, kailanman maaari, kailangang bumuo ng komite para sa pagsasalin ng mga Tableta. Ang marunong na mga kaluluwang nagpakadalubhasa at lubusang pinag-aralan ang mga wikang Persiano, Arabe, at iba pang banyagang mga wika, o marunong ng isa sa mga wikang banyaga, ay dapat magsimula sa pagsasalin ng mga Tableta at mga aklat na naglalaman ng mga katibayan ng Rebelasyong ito, at ilathala ang mga aklat na iyon, palaganapin ang mga iyon sa limang kontinente ng daigdig.
8.16 Similarly, the magazine, the <i>Star of the West</i> , must be edited with the utmost regularity, but its contents must be the promulgation of the Cause of God that both East and West may become informed of the most important events.	8.16 Gayundin, ang magasin na <i>Star of the West</i> ay dapat patnugutan nang lubos na regular, subalit ang mga nilalaman nito ay dapat maging ang pagpapahayag ng Kapakanan ng Diyos nang sa gayon ay mabatid ng kapuwa Silangan at Kanluran ang pinakamahalagang mga pangyayari.
8.17 In short, in all the meetings, whether public or private, nothing should be discussed save that which is under consideration, and all the articles be centered around the Cause of God. Promiscuous talk must not be dragged in and contention is absolutely forbidden.	8.17 Sa maikling salita, sa lahat ng mga pagtitipon, maging pangmadla man o pribado, walang dapat talakayin liban sa pinag-uusapang ito, at ang lahat ng mga lathalain ay dapat nakatuon sa Kapakanan ng Diyos. Ang walang delikadesang pananalita ay hindi dapat ipasok at ang pagtatalo ay lubos na ipinagbabawal.
8.18 The teachers traveling in different directions must know the language of the country in which they will enter. For example, a person being proficient in the Japanese language may travel to Japan, or a person knowing the Chinese language may hasten to China, and so forth.	8.18 Ang mga tagapagtutrong naglalakbay sa iba't ibang mga dako ay dapat nalalaman ang wika ng bansang papasukin nila. Halimbawa, ang taong mahusay sa wikang Hapones ay maaaring maglakbay sa Japan, o ang taong marunong ng wikang Intsik ay maaaring magmadali patungo sa China, at iba pa.
8.19 In short, after this universal war, the people have obtained extraordinary capacity to	8.19 Sa madaling salita, pagkatapos nitong digmaang pandaigdig, matatamo ng mga tao

hearken to the divine teachings, for the wisdom of this war is this: That it may become proven to all that the fire of war is world-consuming, whereas the rays of peace are world-enlightening. One is death, the other is life; this is extinction, that is immortality; one is the most great calamity, the other is the most great bounty; this is darkness, that is light; this is eternal humiliation and that is everlasting glory; one is the destroyer of the foundation of man, the other is the founder of the prosperity of the human race.	ang bukod-tanging kakayahan na makinig sa mga katuruan ng Diyos, sapagkat ang wastong kadahilanan para sa digmaang ito ay ganito: Upang mapatunayan sa lahat na ang apoy ng digmaan ay tumutupok sa buong daigdig, samantalang ang mga sinag ng kapayapaan ay nagbibigay-liwanag sa buong daigdig. Ang isa ay kamatayan, ang kabila ay buhay; ito ay pagkalipol, iyon ay walang-hanggang buhay; ang isa ay ang pinakamatinding kalamidad, ang isa pa ay ang pinakamalaking biyaya; ito ay karimlan, iyon ay liwanag; ito ay walang katapusang kahihiyan, at iyon ay walang maliw na kaluwalhatian; ang isa ay nagwawasak sa saligan ng tao, ang isa pa ay ang nagtatatag ng kasaganaan ng sangkatauhan.
8.20 Consequently, a number of souls may arise and act in accordance with the aforesaid conditions, and hasten to all parts of the world, especially from America to Europe, Africa, Asia and Australia, and travel through Japan and China. Likewise, from Germany teachers and believers may travel to the continents of America, Africa, Japan and China; in brief, they may travel through all the continents and islands of the globe. Thus in a short space of time, most wonderful results will be produced, the banner of universal peace will be waving on the apex of the world and the lights of the oneness of the world of humanity may illumine the universe.	8.20 Samakatwid, ang isang bilang ng mga kaluluwa ay maaaring magbangon at kumilos sang-ayon sa nabanggit na mga kundisyon, at magmadali patungo sa lahat ng dako ng daigdig, lalo na mula sa America patungo sa Europa, Africa, Asia, at Australia, at maglakbay sa kabuuan ng Japan at China. Gayundin, mula sa Alemanya ang mga tagapagturo at mga mananampalataya ay maaaring maglakbay sa mga kontinente ng America, Africa, Japan, at China; sa maikling salita, maaari silang maglakbay sa lahat ng mga kontinente at mga isla ng globo. Sa gayon sa isang maikling panahon, ang lubos na kamangha-manghang mga bunga ay lilitaw, ang bandila ng pandaigdigang kapayapaan ay iwawagayway sa rurok ng daigdig at ang mga liwanag ng kaisahan ng daigdig ng sangkatauhan ay tatanglaw sa sansinukob.
8.21 In brief, O ye believers of God! The text of the divine Book is this: If two souls quarrel and contend about a question of the divine questions, differing and disputing, both are wrong. The wisdom of this incontrovertible law of God is this: That between two souls from amongst the believers of God, no contention and dispute may arise; that they may speak with each other with infinite amity and love. Should there appear the least trace of controversy, they must remain silent, and both parties must continue their discussions no longer, but ask the reality of the question from the Interpreter. This is the irrefutable command!	8.21 Sa maikling salita, O kayong mga mananampalataya ng Diyos! Ang teksto ng banal na Aklat ay ito: Kung ang dalawang kaluluwa ay mag-away at magtalo tungkol sa isang paksa sa mga paksang banal, di-nagkakasundo at nagtutunggalian, kapuwa sila mali. Ang wastong kadahilanan nitong di-magbabagong batas ng Diyos ay ito: Sa pagitan ng dalawang kaluluwa mula sa mga mananampalataya ng Diyos, walang pag-aaway at pagtatalo ang dapat lumitaw; dapat silang makipag-usap sa isa't isa sa sukdulang kabaitan at pagmamahal. Kung may lumitaw na kaliit-liitang bahid ng pagtatalo, dapat silang manahimik, at ang kapuwa panig ay hindi na dapat magpatuloy sa mga talakayan, bagkus ay hilingin ang realidad ng katanungang iyon mula sa Tagapagpakahulugan. Ito ang hindi matatawarang utos!

8.22	Upon you be Bahá'u'l-Abhá!	8.22	Mapasa-inyo nawa si Bahá'u'l-Abhá!
	<i>Supplication</i>		<i>Panalangin</i>
8.23	O God, my God! Thou seest how black darkness is enshrouding all regions, how all countries are burning with the flame of dissension, and the fire of war and carnage is blazing throughout the East and the West. Blood is flowing, corpses bestrew the ground, and severed heads are fallen on the dust of the battlefield.	8.23	O Diyos, aking Diyos! Iyong nakikita kung paano kinukubkob ng maitim na karimlan ang lahat ng rehiyon, kung paano nagliliyab sa pagtatalo ang lahat ng bansa, at ang apoy ng digmaan at patayan ay naglalagablab sa buong Silangan at Kanluran. Dumadanak ang dugo, nagkalat sa lupa ang mga bangkay, at ang mga ulong pinugot ay inihagis sa lupa sa larangan ng digmaan.
8.24	O Lord! Have pity on these ignorant ones and look upon them with the eye of forgiveness and pardon. Extinguish this fire, so that these dense clouds which obscure the horizon may be scattered, the Sun of Reality shine forth with the rays of conciliation, this intense gloom be dispelled and the resplendent light of peace shed its radiance upon all countries.	8.24	O Panginoon! Mahabag sa mga mangmang na ito at itunghay sa kanila ang mata ng pagpapaumanhin at pagpapatawad. Subhan ang apoy na ito, upang maitaboy itong mapanglaw na mga ulap na nagtatakip sa sugpungang-guhit, upang makasikat ang Araw ng Realidad sa mga sinag ng pagkakasundo, upang mapawi itong matinding karimlan, at upang matanglawan ng maningning na liwanag ng kapayapaan ang lahat ng bansa.
8.25	O Lord! Draw up the people from the abyss of the ocean of hatred and enmity, and deliver them from this impenetrable darkness. Unite their hearts, and brighten their eyes with the light of peace and reconciliation. Deliver them from the depths of war and bloodshed, and free them from the darkness of error. Remove the veil from their eyes, and enlighten their hearts with the light of guidance. Treat them with Thy tender mercy and compassion, and deal not with them according to Thy justice and wrath which cause the limbs of the mighty to quake.	8.25	O Panginoon! Hanguin ang mga tao buhat sa kalaliman ng karagatan ng pagkamuhi at poot, at iligtas sila mula rito sa karimlang di-malagusan. Pagkaisahin ang kanilang mga puso, at tanglawan ang kanilang mga mata sa liwanag ng kapayapaan at pagkakasundo. Sagipin sila buhat sa napakalalang mga digmaan at pagdanak ng dugo, at palayain sila buhat sa lagim ng pagkakamali. Punitin ang lambong sa kanilang mga mata, at pagningningin ang kanilang mga puso sa liwanag ng pamamatnubay. Pakitunguhan sila ng Iyong masuyong habag at paglingap, at hindi sa Iyong katarungan at poot na nagsasanhing mangatal ang kalamnan ng mga makapangyarihan.
8.26	O Lord! Wars have persisted. Distress and anxiety have waxed great and every flourishing region is laid waste.	8.26	O Panginoon! Ang mga digmaan ay nagpapatuloy. Ang hapis at bagabag ay naging matindi at bawat dakong mayabong ay nawasak.
8.27	O Lord! Hearts are heavy, and souls are in anguish. Have mercy on these poor souls and do not leave them to the excesses of their own desires.	8.27	O Panginoon! Mabigat ang mga puso, at nagdadalamhati ang mga kaluluwa. Mahabag sa mga kahabag-habag na mga kaluluwang ito at huwag silang hayaan sa pamamalabis ng sarili nilang mga pagnanasa!
8.28	O Lord! Make manifest in Thy lands humble and submissive souls, their faces illumined with the rays of guidance, severed from the world, extolling Thy Name, uttering Thy praise, and	8.28	O Panginoon! Gawing mahayag sa Iyong mga lupain ang mga kaluluwang mapagpakumbaba at mapagpahinuhod, natatanglawan ang kanilang mga mukha sa mga sinag ng pamamatnubay, nakawalay sa daigdig,

diffusing the fragrance of Thy holiness amongst mankind.	ipinagbubunyi ang Iyong Pangalan, inuusal ang papuri sa Iyo, at ipinalalaganap ang halimuyak ng Iyong kabanalan sa sangkatauhan!
8.29 O Lord! Strengthen their backs, gird up their loins, and enrapture their hearts with the most mighty signs of Thy love.	8.29 O Panginoon! Patibayin ang kanilang mga likod, palakasin ang kanilang mga balakang, at bighaniin ang kanilang mga puso sa napakatinding mga palatandaan ng Iyong pag-ibig.
8.30 O Lord! Verily, they are weak, and Thou art the Powerful and the Mighty; they are impotent, and Thou art the Helper and the Merciful.	8.30 O Panginoon! Tunay na sila ay mahina at Ikaw ang Malakas at ang Makapangyarihan; sila ay walang kakayahan at Ikaw ang Tumutulong at ang Mahabagin.
8.31 O Lord! The ocean of rebellion is surging, and these tempests will not be stilled save through Thy boundless grace which hath embraced all regions.	8.31 O Panginoon! Dumadaluyong ang karagatan ng paghihimagsik at ang mga bagyong ito ay hindi mapapayapa liban sa Iyong walang-hanggang biyaya na sumasaklaw sa lahat ng dako.
8.32 O Lord! Verily, the people are in the abyss of passion, and naught can save them but Thine infinite bounties.	8.32 O Panginoon! Tunay na ang mga tao ay nasa bangin ng pagnanasa, at walang makasasagip sa kanila liban sa Iyong walang-hanggang mga pagpapala.
8.33 O Lord! Dispel the darkness of these corrupt desires, and illumine the hearts with the lamp of Thy love through which all countries will erelong be enlightened. Confirm, moreover, Thy loved ones, those who, leaving their homelands, their families and their children, have, for the love of Thy Beauty, traveled to foreign countries to diffuse Thy fragrances and promulgate Thy teachings. Be Thou their companion in their loneliness, their helper in a strange land, the remover of their sorrows, their comforter in calamity. Be Thou a refreshing draught for their thirst, a healing medicine for their ills and a balm for the burning ardor of their hearts.	8.33 O Panginoon! Pawiin ang karimlan nitong mga hangaring balakyot, at tanglawan ang mga puso ng ilawan ng Iyong pag-ibig, na di-magtatagal ay magbibigay ng liwanag sa lahat ng bansa. Higit pa rito ay pagtibayin ang Iyong mga minamahal, yaong mga nilisan ang kanilang mga inang-bayan, ang kanilang mga pamilya at kanilang mga anak, at alang-alang sa pag-ibig sa Iyong kagandahan ay naglakbay sa ibang mga bansa upang ipalaganap ang Iyong mga halimuyak at ipahayag ang Iyong mga katuruan. Maging kasama Ka nila sa kanilang pangungulila, katulong nila sa banyagang lupa, tagapawi ng kanilang kalungkutan, taga-alo sa kanilang kasawiang-palad. Ikaw ay maging nakapananariwang inumin sa kanilang pagkauhaw, nagpapagaling na lunas sa kanilang karamdaman, at balsamo para sa nag-aapoy na pag-aalab ng kanilang mga puso.
8.34 Verily, Thou art the Most Generous, the Lord of grace abounding, and, verily, Thou art the Compassionate and the Merciful.	8.34 Tunay na Ikaw ang Lubos na Mapagbigay, ang Panginoon ng masaganang pagpapala, at tunay na Ikaw ang Madamayin at ang Mahabagin.

9	9
Tablet to the Bahá'ís of the Northeastern States	Tableta sa mga Baha'i ng mga Estadong Hilagang Silangan

Revealed on February 2, 1917, in Ismá'íl Áqá's room at the house of 'Abdu'l-Bahá in Haifa, and addressed to the Bahá'ís of the nine Northeastern States of the United States: Maine, Massachusetts, New Hampshire, Rhode Island, Connecticut, Vermont, Pennsylvania, New Jersey and New York.	Ipinahayag noong ika-2 ng Pebrero 1917 sa silid ni Ismá'íl Áqá sa tahanan ni 'Abdu'l-Bahá sa Haifa, at isinulat para sa mga Bahá'í ng siyam na Estadong Hilagang Silangan ng Estados Unidos: Maine, Massachusetts, New Hampshire, Rhode Island, Connecticut, Vermont, Pennsylvania, New Jersey at New York.
<i>He is God!</i> <i>O ye real friends:</i>	<i>Siya ang Diyos!</i> <i>O kayong tunay na mga kaibigan:</i>
9.1 All countries, in the estimation of the one true God, are but one country, and all cities and villages are on an equal footing. Neither holds distinction over another. All of them are the fields of God and the habitation of the souls of men. Through faith and certitude, and the precedence achieved by one over another, however, the dweller conferreth honor upon the dwelling, some of the countries achieve distinction, and attain a preeminent position. For instance, notwithstanding that some of the countries of Europe and of America are distinguished by, and surpass other countries in, the salubrity of their climate, the wholesomeness of their water, and the charm of their mountains, plains and prairies, yet Palestine became the glory of all nations inasmuch as all the holy and divine Manifestations, from the time of Abraham until the appearance of the Seal of the Prophets (Muḥammad), have lived in, or migrated to, or traveled through, that country. Likewise, Mecca and Medina have achieved illimitable glory, as the light of Prophethood shone forth therein. For this reason Palestine and Hijáz have been distinguished from all other countries.	9.1 Ang lahat ng mga bansa, sa paningin ng iisang tunay na Diyos, ay iisang bansa lamang, at ang lahat ng mga lungsod at mga nayon ay magkakapantay ang katayuan. Walang nakahihigit sa iba. Ang lahat ng mga iyon ay mga kaparangan ng Diyos at mga tahanan ng mga kaluluwa ng tao. Sa pamamagitan ng pananalig at katiyakan, at ng pag-uuna ng isa sa isa pa, gayumpaman ay naipagkakaloob ng nananahan ang karangalan sa tahanan, ang ilang mga bansa ay nagtatamasa ng pagtatangi, at nagtatamo ng nangungunang kalagayan. Halimbawa, sa kabila ng katotohanang ang ilang mga bansa sa Europa at America ay natatangi at nakahihigit sa ibang mga bansa sa kagandahan ng kanilang klima, ng kalinisan ng kanilang tubig, at ng halina ng kanilang mga kabundukan, mga kapatagan at mga kaparangan, gayumpaman ang Palestine ang naging luwalhati ng lahat ng mga bansa yamang ang lahat ng mga banal na Kahayagan, mula sa panahon ni Abraham hanggang sa paglitaw ng Selyo ng mga Propeta (si Muḥammad), ay nabuhay roon, o lumipat doon, o naglakbay sa bansang iyon. Gayundin ang Mecca at Medina ay nagtamasa ng walang hanggang kaluwalhatian, yamang sumikat doon ang liwanag ng pagka-Propeta. Sa dahilang ito ang Palestine at ang Hijáz ay natatangi sa lahat ng ibang mga bansa.
9.2 Likewise, the continent of America is, in the eyes of the one true God, the land wherein the splendors of His light shall be revealed, where the mysteries of His Faith shall be unveiled, where the righteous will abide and the free assemble. Therefore, every section thereof is blessed: but because these nine states have been favored in faith and assurance, hence through this precedence they have obtained spiritual privilege. They must realize the value of this bounty; because they have obtained such a favor and in order to render thanksgiving for this most great bestowal, they must arise in the diffusion of divine fragrances so that the blessed verse of the Qur'án, "God is the light of heaven and earth: the similitude of His light is a niche in a wall, wherein a lamp is placed, and	9.2 Gayundin, ang kontinente ng America, sa mga mata ng iisang tunay na Diyos, ay ang lupain kung saan ang mga karingalan ng Kaniyang liwanag ay ihahayag, kung saan ang mga hiwaga ng Kaniyang Pananampalataya ay ilalantad, kung saan ang mga matuwid ay mananahan at ang mga malaya ay magtitipon. Samakatwid, ang bawat bahagi niyon ay pinagpala: subalit dahil ang siyam na estadong ito ay biniyayaan ng pananalig at katiyakan, samakatwid bunga nitong pangunguna, nakatamo sila ng pribilehiyong espirital. Kailangan nilang mabatid ang halaga ng biyayang ito; dahil sa nakatanggap sila ng gayong pagpapala at upang makapagpasalamat sa napakadakilang kaloob na ito, kailangan nilang magsibangon sa pagpapalaganap ng mga banal na halimuyak nang

the lamp enclosed in a case of glass; the glass appears as if it were a shining star. It is lighted with the oil of a Blessed Tree, an olive neither of the East, nor of the West; it wanteth little but that the oil thereof would give light, although no fire touched it. This is the light added unto light. God will direct unto His light whom He pleaseth”¹⁴—may be realized.	sa gayon ay matupad ang pinagpalang bersikulo ng Qur’án, “Ang Diyos ay ang liwanag ng langit at lupa: maihahalintulad ang Kaniyang liwanag sa isang angkop na lugar sa pader, kung saan ay inilagay ang isang lampara, at ang lampara ay may takip na kristal; ang kristal ay waring nagniningning na bituin. Ito ay pinag-ilaw ng langis mula sa Pinagpalang Puno, isang olibang hindi mula sa Silangan, ni hindi rin mula sa Kanluran; wala itong hinahangad liban sa magbigay ng liwanag ang langis na iyon, bagaman walang apoy ang dumapo roon. Ito ang liwanag na idinagdag sa liwanag. Idadako ng Diyos sa Kaniyang liwanag ang sinumang naisin Niya.”¹⁴
9.3 He says: The world of nature is the world of darkness, because it is the origin of a thousand depravities; nay, rather, it is darkness upon darkness. The illumination of the world of nature is dependent upon the splendor of the Sun of Reality. The grace of guidance is like unto the candle which is enkindled in the glass of knowledge and wisdom and that glass of knowledge and wisdom is the mirror of the heart of humanity. The oil of that luminous lamp is from the fruits of the Blessed Tree and that oil is so refined that it will burn without light. When the intensity of the light and the translucency of the glass and the purity of the mirror are brought together, it will become light upon light.	9.3 Sinabi Niya: Ang daigdig ng kalikasan ay ang daigdig ng karimlan, sapagkat ito ang pinagmumulan ng isang libong kasamaan; hindi lamang iyon, sa halip ito ay patung-patong na karimlan. Ang liwanag ng daigdig ng kalikasan ay nababatay sa karingalan ng Araw ng Realidad. Ang biyaya ng pamamatnubay ay tulad ng kandilang sinindihan sa loob ng kristal ng kaalaman at karunungan at ang kristal na iyon ng kaalaman at karunungan ay ang salamin ng puso ng sangkatauhan. Ang langis ng maningning na lamparang iyon ay mula sa bunga ng Pinagpalang Puno at ang langis na iyon ay napakadalisay na masusunog ito nang walang liwanag. Kapag ang katindihan ng liwanag at ang kalinisan ng kristal at ang kadalisayan ng salamin ay pinagsama, ito ay magiging patung-patong na liwanag.
9.4 In brief, in these nine blessed states ‘Abdu’l-Bahá journeyed and traveled from place to place, explained the wisdom of the heavenly books and diffused the fragrances. In most of these states he founded the divine Edifice and opened the door of teaching. In those states he sowed pure seeds and planted blessed trees.	9.4 Sa maikling salita, sa siyam na pinagpalang estadong ito si ‘Abdu’l-Bahá ay naglakbay at nagtungo sa iba’t ibang lugar, ipinaliwanag ang karunungan ng makalangit na mga aklat at ipinalaganap ang mga halimuyak. Sa karamihan ng mga estadong ito ay itinatag Niya ang banal na Gusali at binuksan ang pintuan ng pagtuturo. Sa mga estadong iyon inihatik Niya ang dalisay na mga binhi at ipinunla ang pinagpalang mga puno.
9.5 Now the believers of God and the maidservants of the Merciful must irrigate these fields and with the utmost power engage themselves in the cultivation of these heavenly plantations so that the seeds may grow and develop, prosperity and blessing be realized and many rich and great harvests be gathered in.	9.5 Ngayon ay dapat diligin ng mga mananampalataya ng Diyos at ng mga kawaksing babae ng Mahabagin ang mga tanimang ito at sa sukdulang kapangyarihan ay pagkaabalahan ng kanilang mga sarili ang paglilinig nitong makalangit na mga punlaan, nang sa gayon ang mga binhi ay tumubo at lumago, makamtam ang kasaganaan at pagpapala at matipon ang maraming ani.

9.6	The Kingdom of God is like unto a farmer who comes into possession of a piece of pure and virgin soil. Heavenly seeds are scattered therein, the clouds of divine providence pour down and the rays of the Sun of Reality shine forth.	9.6	Ang Kaharian ng Diyos ay tulad ng isang magsasakang nagkaroon ng isang dalisay at basal na lupa. Ang makalangit na mga binhi ay inihasik doon, ang mga ulap ng banal na pagpapala ay bumubuhos at ang mga sinag ng Araw ng Realidad ay sumisikat.
9.7	Now all these bounties exist and appear in full in these nine states. The divine Gardener passed by that holy ground and scattered pure seeds from the lordly teachings in that field; the rain of the bounties of God poured down and the heat of the Sun of Reality—that is, the merciful confirmations—shone with the utmost splendor. It is my hope that each one of those blessed souls may become a peerless and unique irrigator and the East and the West of America may become like unto a delectable paradise so that all of you may hear from the Supreme Concourse the cry of “Blessed are you, and again blessed are you!”	9.7	Ngayon ang lahat nitong mga biyaya ay umiiral at lumitaw nang ganap sa siyam na estadong ito. Ang banal na Hardinero ay dumaan sa banal na lupang iyon at inihasik ang dalisay na mga binhi mula mga sa turo ng Panginoon sa sakahang iyon.; ang ulan ng mga biyaya ng Diyos ay bumuhos at ang init ng Araw ng Realidad—yaon ay, ang mahabaging mga pagpapatibay—ay sumikat sa sukdulang karingalan. Umaasa Akong ang bawat isa ng pinagpalang mga kaluluwang iyon ay magiging walang kapantay at walang kahalintulad na magsasaka at ang Silangan at ang Kanluran ng America ay maging tulad ng kaaya-ayang paraiso upang marinig ninyong lahat mula sa Kalipunan sa Kaitaasan ang tawag ng “Pinagpala kayo, at muli, pinagpala kayo!”
9.8	Upon you be greeting and praise!	9.8	Mapasa-inyo ang pagbati at papuri!
The following supplication is to be read by the teachers and friends daily:		Ang sumusunod na panalangin ay dapat basahin araw-araw ng mga tagapagturo at mga kaibigan:	
9.9	O Thou kind Lord! Praise be unto Thee that Thou hast shown us the highway of guidance, opened the doors of the kingdom and manifested Thyself through the Sun of Reality. To the blind Thou hast given sight; to the deaf Thou hast granted hearing; Thou hast resuscitated the dead; Thou hast enriched the poor; Thou hast shown the way to those who have gone astray; Thou hast led those with parched lips to the fountain of guidance; Thou hast suffered the thirsty fish to reach the ocean of reality; and Thou hast invited the wandering birds to the rose garden of grace.	9.9	O Ikaw na mabuting Panginoon! Purihin Ka nawa na Iyong ipinakita sa amin ang malawak na daan ng pamamatnubay, na ibinukas ang mga pinto ng Kaharian, at ipinahayag ang Iyong sarili sa pamamagitan ng Araw ng Katotohanan. Sa bulag ay nagkaloob Ka ng paningin; sa bingi ay nagbigay Ka ng pandinig; muli Mong binuhay ang patay; pinayaman Mo ang mahirap; ipinakita Mo ang daan sa mga naligaw; inakay Mo yaong mga tigang ang labi tungo sa bukal ng pamamatnubay; tinulutan Mong makarating ang nauunaw na isda sa karagatan ng katotohanan, at inanyayahan Mo ang gumagalang mga ibon sa halamanan ng rosas ng biyaya.
9.10	O Thou Almighty! We are Thy servants and Thy poor ones; we are remote and yearn for Thy presence, are athirst for the water of Thy fountain, are ill, longing for Thy healing. We are walking in Thy path and have no aim or hope save the diffusion of Thy fragrance, so that all souls may raise the cry: O God, “Guide us to the straight path.” ² May their eyes be opened to behold the light, and may they be freed from the darkness of	9.10	O Ikaw na Lubos na Makapangyarihan! Kami ang Iyong mga tagapaglingkod at Iyong mga dukha; kami ay malayo at nananabik na makapiling Ka, nauuhaw sa tubig ng Iyong bukal, maysakit at inaasam ang Iyong pagpapagaling. Lumalakad kami sa Iyong landas at walang layunin o pag-asa liban sa maikalat ang Iyong halimuyak, upang ang lahat ng mga kaluluwa ay bumulalas ng O Diyos! “Akayin

ignorance. May they gather around the lamp of Thy guidance. May every portionless one receive a share. May the deprived become the confidants of Thy mysteries.	kami sa tuwid na landas!” ¹⁵ Mabuksan nawa ang kanilang mga mata upang mamalas ang liwanag, at mapalaya nawa sila sa karimlan ng kamangmangan. Magtipon nawa sila palibot sa ilawan ng pamamatnubay. Makatanggap nawa ang bawat walang bahagi ng kaparte. Maging katapatang-lihim nawa ng Iyong mga hiwaga ang mga pinagkaitan.
9.11 O Almighty! Look upon us with the glance of mercifulness. Grant us heavenly confirmation. Bestow upon us the breath of the Holy Spirit, so that we may be assisted in Thy service and, like unto brilliant stars, shine in these regions with the light of Thy guidance.	9.11 O Lubos na Makapangyarihan! Itunghay sa amin ang sulyap ng kahabagan. Pagkalooban kami ng makalangit na pagpapatibay. Ipagkaloob sa amin ang hininga ng Espiritu Santo, upang matulungan kami sa paglilingkod, at tulad ng maningning na mga bituin, ay sumikat sa mga rehiyong ito sa liwanag ng Iyong pamamatnubay.
9.12 Verily, Thou art the Powerful, the Mighty, the Wise and the Seeing.	9.12 Tunay na Ikaw ang Malakas, ang Makapangyarihan, ang Marunong at ang Nakakikita.

10	10
Tablet to the Bahá'ís of the Southern States	Tableta sa mga Baha'i ng mga Estadong Katimugan
Revealed on February 3, 1917, in Haifa in Ismá'íl Áqá's room, and addressed to the Bahá'ís of the sixteen Southern States of the United States: Delaware, Maryland, Virginia, West Virginia, North Carolina, South Carolina, Georgia, Florida, Alabama, Mississippi, Tennessee, Kentucky, Louisiana, Arkansas, Oklahoma and Texas.	Ipinahayag noong ika-3 ng Pebrero 1917 sa Haifa, sa silid ni Ismá'íl Áqá, at isinulat para sa mga Bahá'í ng labing-anim na Estadong Katimugan ng Estados Unidos: Delaware, Maryland, Virginia, West Virginia, North Carolina, South Carolina, Georgia, Florida, Alabama, Mississippi, Tennessee, Kentucky, Louisiana, Arkansas, Oklahoma at Texas.
<i>O ye blessed, respected souls:</i>	<i>O kayong mga kaluluwang pinagpala at iginagalang:</i>
10.1 The philosophers of the ancients, the thinkers of the Middle Ages and the scientists of this and the former centuries have all agreed upon the fact that the best and the most ideal region for the habitation of man is the temperate zone, for in this belt the intellects and thoughts rise to the highest stage of maturity, and the capability and ability of civilization manifest themselves in full efflorescence. When you read history critically and with a penetrating eye, it becomes evident that the majority of the famous men have been born, reared and have done their work in the temperate zone, while very, very few have appeared from the torrid and frigid zones.	10.1 Ang mga pilosopo ng mga sinauna, ang mga mag-iisip ng Kalagitnaan ng mga Panahon, at ang mga siyentipiko ng kasalukuyan at ng nakaraang mga siglo ay nagkakasundong lahat na ang pinakamahusay at pinakahuwarang rehiyon para sa tahanan ng tao ay rehiyon ng katamtamang klima, sapagkat sa dakong ito ang mga talino at mga kaisipan ay nakaaabot sa pinakamataas na antas ng kaganapang-isip, at nagagawang maihayag sa sukdulang pagyabong ang kahusayan at kakayahan ng kabihasnan. Kapag iyong babasahin nang mapanuri ang kasaysayan, nagiging malinaw na ang karamihan ng mga tanyag na tao ay isinilang, pinalaki at tinupad ang kanilang gawain sa katamtamang klima, samantalang kaunting-kaunti lamang ang lumitaw mula sa mga rehiyong napakainit o napakalamig.

¹⁵ Qur'án 1:6.

10.2 Now these sixteen Southern States of the United States are situated in the temperate zone, and in these regions the perfections of the world of nature have been fully revealed. For the moderation of the weather, the beauty of the scenery and the geographical configuration of the country display a great effect in the world of minds and thoughts. This fact is well demonstrated through observation and experience.	10.2 Ngayon itong labing-anim na Estadong Katimugan ay nasa rehiyon ng katamtamang klima, at sa ganitong mga rehiyon ang mga kaganapan ng daigdig ng kalikasan ay naihahayag nang lubusan. Sapagkat ang kainamang sukat ng klima, ang kagandahan ng tanawin at ang hugis ng heyograpiya ng bansa ay nagkakaroon ng malaking epekto sa daigdig ng mga isipan at mga ideya. Ang katotohanang ito ay mahusay na napatutunayan sa pamamagitan ng pagmamasiid at karanasan.
10.3 Even the holy, divine Manifestations have had a nature in the utmost equilibrium, the health and wholesomeness of their bodies most perfect, their constitutions endowed with physical vigor, their powers functioning in perfect order, and the outward sensations linked with the inward perceptions, working together with extraordinary momentum and coordination.	10.3 Kahit ang banal na mga Kahayagan ay nagtaglay ng pagkataong nasa sukdulang paninimbang, ang kalusugan at pagiging buo ng kanilang mga katawan ay lubos at gana, ang kanilang pangangatawan ay pinagkalooban ng pisikal na sigla, ang kanilang mga kapangyarihan ay nasa ganap na kaayusan, at ang panlabas na mga damdamin ay nauugnay sa panloob na mga kabatiran, na magkasamang gumagana sa bukod-tanging buwelo at koordinasyon.
10.4 Therefore in these sixteen states, because they are contiguous to other states and their climate being in the utmost of moderation, unquestionably the divine teachings must reveal themselves with a brighter effulgence, the breaths of the Holy Spirit must display a penetrating intensity, the ocean of the love of God must be stirred with higher waves, the breezes of the rose garden of the divine love be wafted with higher velocity, and the fragrances of holiness be diffused with swiftness and rapidity.	10.4 Samakatwid dito sa labing-anim na mga estado, dahil ang mga ito ay katabi ng iba pang mga estado at ang kanilang klima ay nasa sukdulang kainaman, walang alinlangang ang banal na mga katuruan ay kailangang ihayag ang sarili nito nang may higit na maliwanag na kaningningan, ang mga hininga ng Banal na Espiritu ay kailangang magpamalas ng tumatagos na katindihan, ang karagatan ng pag-ibig sa Diyos ay kailangang pakilusin ng higit na mataas na mga alon, ang mga simoy ng hardin ng rosas ng banal na pag-ibig ay kailangang humihip nang higit na mabilis, at ang mga halimuyak ng kabanalan ay kailangang palaganapin nang matulin at mabilis.
10.5 Praise be to God that the divine outpourings are infinite, the melody of the lordly principles is in the utmost efficacy, the most great Orb shining with perfect splendor, the cohorts of the Supreme Concourse are attacking with invincible power, the tongues are sharper than the swords, the hearts are more brilliant than the light of electricity, the magnanimity of the friends precedes all the magnanimities of the former and subsequent generations, the souls are divinely attracted, and the fire of the love of God is enkindled.	10.5 Purihin ang Diyos na walang katapusan ang banal na mga pagbuhos, ang himig ng mga simulain ng Panginoon ay nasa sukdulang bisa, at pinakadakilang Orbe ay sumisikat sa ganap na karingalan, ang mga tropa ng Kataas-taasang Kalipunan ay sumusugod taglay ang di-malulupig na kapangyarihan, ang mga dila ay higit na matalas sa mga espada, ang mga puso ay higit na maningning kaysa sa ilaw ng kuryente, ang kagandahang-loob ng mga kaibigan ay nangunguna sa lahat ng mga kagandahang-loob ng nauna at susunod na mga salinlahi, ang mga kaluluwa ay naaakit sa kabanalan, at ang apoy ng pag-ibig sa Diyos ay pinarikit.
10.6 At this time and at this period we must avail ourselves of this most great opportunity.	10.6 Sa oras na ito at sa yugtong ito ay dapat nating gamitin itong pinakamatinding

We must not sit inactive for one moment; we must sever ourselves from composure, rest, tranquillity, goods, property, life and attachment to material things. We must sacrifice everything to His Highness, the Possessor of existence, so that the powers of the Kingdom may show greater penetration and the brilliant effulgence in this New Cycle may illumine the worlds of minds and ideals.	pagkakataon. Kahit isang saglit ay hindi tayo dapat umupo nang walang ginagawa; kailangan nating iwalay ang ating mga sarili mula sa katiwasayan, pamamahinga, kapayapaan, mga gamit, ari-arian, buhay at pangangapit sa materyal na mga bagay. Dapat nating ialay ang lahat sa Kaniyang Kamahalan, ang Nagmamay-ari ng buhay, nang sa gayon ang mga kapangyarihan ng Kaharian ay magkaroon ng higit na pagtagos at ang maningning na karingalan nitong Bagong Pag-inog ay magbigay ng liwanag sa mga daigdig ng mga kaisipan at mga huwaran.
10.7 It is about twenty-three years that the fragrances of God have been diffused in America, but no adequate and befitting motion has been realized, and no great acclamation and acceleration has been witnessed. Now it is my hope that through the heavenly power, the fragrances of the Merciful, the attraction of consciousness, the celestial outpourings, the heavenly cohorts and the gushing forth of the fountain of divine love, the believers of God may arise and in a short time the greatest good may unveil her countenance, the Sun of Reality may shine forth with such intensity that the darkness of the world of nature may become entirely dispelled and driven away; from every corner a most wonderful melody may be raised, the morning birds may break into such a song that the world of humanity may be quickened and moved, the solid bodies may become liquefied, and the souls who are like unto adamantine rocks may open their wings and through the heat of the love of God fly heavenward.	10.7 Halos dalawampu't tatlong taon na mula nang pasimuyin ang mga halimuyak ng Diyos sa America, subalit wala pang sapat at nararapat na pagpapalaganap ang natutupad, at wala pang nakikitang malaking pagbunyi at pagtulin. Ngayon Ako ay umaasang sa tulong ng makalangit na kapangyarihan, ng mga halimuyak ng Mahabagin, ng panghalina ng kabatiran, ng makalangit na mga pagbuhos, ng mga tropa ng kalangitan, at ng pagsirit ng bukal ng banal na pag-ibig, ay magagawa ng mga mananampalataya ng Diyos na magsibangon at sa loob ng maikling panahon ay mailantad ng pinakadakilang kabutihan ang kaniyang mukha, makasikat ang Araw ng Realidad sa gayong katindihan na lubos na mapapawi at matataboy ang karimlan ng daigdig ng kalikasan; na mula sa bawat sulok ang lubhang kamangha-manghang himig ay itataas, ang mga ibon ng umaga ay aawit ng gayong awit na mabubuhay at matitimo ang daigdig ng sangkatauhan, ang matigas na mga katawan ay aagos, at ang mga kaluluwang tulad ng mga batong napakatigas ay magbubukas ng kanilang mga pakpak at sa pamamagitan ng init ng pag-ibig sa Diyos ay makalipad tungo sa langit.
10.8 Nearly two thousand years ago, Armenia was enveloped with impenetrable darkness. One blessed soul from among the disciples of Christ hastened to that part, and through his effort, ere long that province became illumined. Thus it has become evident how the power of the Kingdom works!	10.8 Halos dalawang libong taon noong nakaraan, ang Armenia ay balot ng karimlang pusikit. Ang isang pinagpalang kaluluwa mula sa mga disipulo ni Kristo ay nagmadali patungo sa dakong iyon, at sa pamamagitan ng kaniyang pagpupunyagi, di nagtagal ang lalawigang iyon ay natanglawan. Sa gayon ay naging hayag kung paano gumagana ang kapangyarihan ng Kaharian!
10.9 Therefore, rest ye assured in the confirmations of the Merciful and the assistance of the Most High; become ye sanctified above and purified from this world and the inhabitants thereof; suffer your intentions to work for the good of all; cut your attachment to the earth and like unto the essence of the spirit become ye light and delicate. Then with a firm resolution, a pure heart, a rejoiced	10.9 Samakatwid ay manalig kayo sa mga pagpapatibay ng Mahabagin at sa tulong mula sa Kaitaasan; maging banal kayo at dalisay mula sa daigdig na ito at sa mga nananahan doon; tulutang pakinabangan ng lahat ang inyong mga hangarin; putulin ang inyong pangangapit sa lupa at tulad ng pinakadiwa ng espiritu ay maging magaan at pino kayo. Sa pagkagayon, taglay ang pagtatalagang

spirit, and an eloquent tongue, engage your time in the promulgation of the divine principles so that the oneness of the world of humanity may pitch her canopy in the apex of America and all the nations of the world may follow the divine policy. This is certain, that the divine policy is justice and kindness toward all mankind. For all the nations of the world are the sheep of God, and God is the kind shepherd. He has created these sheep. He has protected them, sustained and trained them. What greater kindness than this? And every moment we must render a hundred thousand thanksgivings that, praise be to God, we are freed from all the ignorant prejudices, are kind to all the sheep of God, and our utmost hope is to serve each and all, and like unto a benevolent father educate every one.	matatag, ang pusong dalisay, ang espiritung nagdiriwang, at ang dilang matatas, gugulin ang inyong panahon sa pagpapalaganap ng mga simulaing makadiyos nang sa gayon ang kaisahan ng daigdig ng sangkatauhan ay magtayo ng lilim nito sa rurok ng America at sumunod ang lahat ng mga bansa sa banal na patakaran. Ito ay tiyak, na ang banal na patakaran ay ang katarungan at kabaitan tungo sa buong sangkatauhan. Sapagkat ang lahat ng mga bansa ng daigdig ay mga tupa ng Diyos, at ang Diyos ay isang mabait na pastol. Siya ang lumikha ng mga tupang ito. Siya ang nangalaga sa kanila, tinustusan sila, at sinanay sila. Ano ang higit pang kabaitan kaysa sa rito? At sa bawat sandali ay dapat tayo mag-alay ng daan-libong pasasalamat na, purihin ang Diyos, tayo ay pinalaya sa lahat ng mangmang na pagkiling, mabait sa lahat ng mga tupa ng Diyos, at ang ating sukdulang pag-asa ay ang makapaglingkod sa bawat isa at sa lahat, at tulad ng isang mabuting ama, ay turuan ang bawat isa.
10.10 Upon you be greeting and praise!	10.10 Mapasa-inyo ang pagbati at papuri!
Every soul who travels through the cities, villages and hamlets of these states and is engaged in the diffusion of the fragrances of God, should peruse this commune every morning:	Ang dalanging ito ay dapat basahin tuwing umaga ng bawat kaluluwang naglalakbay sa mga lungsod, mga bayan, at mga nayon ng mga Estadong ito at nagsasagawa ng pagpapalaganap ng mga halimuyak ng Diyos:
10.11 O My God! O my God! Thou seest me in my lowliness and weakness, occupied with the greatest undertaking, determined to raise Thy word among the masses and to spread Thy teachings among Thy peoples. How can I succeed unless Thou assist me with the breath of the Holy Spirit, help me to triumph by the hosts of Thy glorious kingdom, and shower upon me Thy confirmations, which alone can change a gnat into an eagle, a drop of water into rivers and seas, and an atom into lights and suns? O my Lord! Assist me with Thy triumphant and effective might, so that my tongue may utter Thy praises and attributes among all people and my soul overflow with the wine of Thy love and knowledge.	10.11 O aking Diyos! O aking Diyos! Nakikita Mo ako sa aking kababaan at kahinaan, na abala sa pinakadakilang gawain, nagtitikang itaas ang Iyong salita sa mga karamihan at ikalat ang Iyong mga turo sa Iyong mga sambayanan. Paano ako magtatagumpay kung hindi Mo ako tatangkilikin sa hininga ng Espiritu Santo, tutulungan akong magtagumpay sa pamamagitan ng mga hukbo ng Iyong maluwalhating kaharian, at pauulanin sa akin ang Iyong mga pagpapatibay, na iyon lamang ang makapagpapabago ng niknik upang maging isang agila, ng isang patak ng tubig upang maging mga ilog at mga dagat, at ng isang atomo upang maging mga liwanag at mga araw? O aking Panginoon! Tulungan ako ng Iyong matagumpay at mabisang lakas, nang sa gayon ay mabigkas ng dila ko ang Iyong mga papuri at mga katangian sa lahat ng mga tao at mag-umapaw ang kaluluwa ko sa alak ng Iyong pag-ibig at kaalaman.

10.12	Thou art the Omnipotent and the Doer of whatsoever Thou willest.	10.12	Ikaw ang Lubos na Makapangyarihan at ang Gumagawa ng anumang ninanais Mo.
-------	--	-------	---

11		11	
Tablet to the Bahá'ís of the Central States		Tableta sa mga Bahá'í ng mga Estadong nasa Kalagitnaan	
Revealed on February 8, 1917, in Bahá'u'lláh's room at the house of 'Abbúd in 'Akká, and addressed to the Bahá'ís of the twelve Central States of the United States: Michigan, Wisconsin, Illinois, Indiana, Ohio, Minnesota, Iowa, Missouri, North Dakota, South Dakota, Nebraska and Kansas.		Ipinahayag noong ika-8 ng Pebrero 1917, sa silid ni Bahá'u'lláh sa tahanan ni 'Abbúd sa 'Akká, at isinulat para sa mga Bahá'í ng labindalawang Estadong nasa Kalagitnaan ng Estados Unidos: Michigan, Wisconsin, Illinois, Indiana, Ohio, Minnesota, Iowa, Missouri, North Dakota, South Dakota, Nebraska at Kansas.	
<i>He is God! O ye old believers and intimate friends:</i>		<i>Siya ay Diyos! O kayong dati nang mga mananampalataya at matalik na mga kaibigan:</i>	
11.1 God says in the great Qur'án: "He specializes for His Mercy whomsoever He willeth." ¹		11.1 Sinasabi ng Diyos sa dakilang Qur'án: "Tinatangì Niya para sa Kaniyang Habag ang sinumang ninanais Niya." ¹⁶	
11.2 These twelve Central States of the United States are like unto the heart of America, and the heart is connected with all the organs and parts of man. If the heart is strengthened, all the organs of the body are reinforced, and if the heart is weak all the physical elements are subjected to feebleness.		11.2 Itong labindalawang Gitnang Estado ng Estados Unidos ay tulad ng puso ng America, at ang puso ay nauugnay sa lahat ng mga bahagi ng katawan ng tao. Kung ang puso ay pinalalakas, ang lahat ng mga bahagi ng katawan ay pinalalakas din, at kung ang puso ay mahina ang lahat ng mga elementong pisikal ay dumaranas ng panghihina.	
11.3 Now praise be to God that Chicago and its environs from the beginning of the diffusion of the fragrances of God have been a strong heart. Therefore, through divine bounty and providence it has become confirmed in certain great matters.		11.3 Ngayon, purihin ang Diyos na ang Chicago at ang mga paligid nito mula pa sa simula ng pagpapalaganap ng mga halimuyak ng Diyos ay naging isang malakas na puso. Samakatwid, sa pamamagitan ng banal na biyaya at kalinga ito ay pinagtibay sa ilang dakilang mga bagay.	
11.4 First: The call of the Kingdom was in the very beginning raised from Chicago. This is indeed a great privilege, for in future centuries and cycles, it will be as an axis around which the honor of Chicago will revolve.		11.4 Una: Ang panawagan ng Kaharian sa pinakasimula ay itinaas mula sa Chicago. Ito ay tunay na isang dakilang pribilehiyo, sapagkat sa hinaharap na mga siglo at pag-inog, ito ay magiging tulad ng isang lunduyang pinag-iinugan ng karangalan ng Chicago.	
11.5 Second: A number of souls with the utmost firmness and steadfastness arose in that blessed spot in the promotion of the Word of God and even to the present moment, having purified and sanctified the heart from every thought, they are occupied with the promulgation of the teachings		11.5 Pangalawa: Ang isang bilang ng mga kaluluwang nagtataglay ng sukdulang katatagan at katapatan ay nagbangon sa pinagpalang pook na iyon sa pagtataguyod ng Salita ng Diyos at kahit hanggang sa kasalukuyang panahon, yamang dinalisay at ginawang sagrado ang puso mula sa	

¹⁶ Qur'án 2:105, 3:74.

of God. Hence the call of praise is raised uninterruptedly from the Supreme Concourse.	bawat kaisipan, sila ay abala sa pagpapalaganap ng mga katuruan ng Diyos. Samakatwid ang panawagang ng papuri ay itinataas nang walang puknat mula sa Kataas-taasang Kalipunan.
11.6 Third: During the American journey ‘Abdu’l-Bahá several times passed through Chicago and associated with the friends of God. For some time he sojourned in that city. Day and night he was occupied with the mention of the True One and summoned the people to the Kingdom of God.	11.6 Pangatlo: Sa panahon ng paglalakbay ni ‘Abdu’l-Bahá sa America ilang beses Siyang dumaan sa Chicago at nakipag-ugnay sa mga kaibigan ng Diyos. Sa loob ng ilang panahon ay tumigil Siya sa lungsod na iyon. Araw at gabi ay abala Siya sa pagbanggit ng Siyang Tunay at tinawagan ang mga tao patungo sa Kaharian ng Diyos.
11.7 Fourth: Up to the present time, every movement initiated in Chicago, its effect was spread to all parts and to all directions, just as everything that appears in and manifests from the heart influences all the organs and limbs of the body.	11.7 Ika-apat: Hanggang sa kasalukuyang panahon, sa bawat kilusang sinimulan sa Chicago, ang bisa nito ay kumakalat sa lahat ng ibang bahagi at sa lahat ng ibang direksiyon, tulad ng lahat ng bagay na lumilitaw at nahahayag sa puso ay nagkakabisa sa lahat ng mga bahagi ng katawan.
11.8 Fifth: The first Mashriqu’l-Adhkár in America was instituted in Chicago, and this honor and distinction is infinite in value. Out of this Mashriqu’l-Adhkár, without doubt, thousands of Mashriqu’l-Adhkárs will be born.	11.8 Ikalima: Ang unang Mashriqu’l-Adhkár sa America ay sinimulan sa Chicago, at itong karangalan at pagtatangi ay nagtataglay ng walang-hanggang kahalagahan. Mula sa Mashriqu’l-Adhkár na ito, tiyak na libo-libong mga Mashriqu’l-Adhkár ay isisilang.
11.9 Likewise (were instituted in Chicago) the general Annual Conventions, the foundation of the <i>Star of the West</i>, the Publishing Society for the publication of books and Tablets and their circulation in all parts of America, and the preparations now under way for the celebration of the Golden Centenary Anniversary of the Kingdom of God. I hope that this Jubilee and this Exhibition may be celebrated in the utmost perfection so that the call to the world of unity, “There is no God but One God, and all the Messengers, from the beginning to the Seal of the Prophets (Muhammad) were sent on the part of the True One!” may be raised; the flag of the oneness of the world of humanity be unfurled, the melody of universal peace may reach the ears of the East and the West, all the paths may be cleared and straightened, all the hearts may be attracted to the Kingdom of God, the tabernacle of unity be pitched on the apex of America, the song of the love of God may exhilarate and rejoice all the nations and peoples, the surface of the earth may become the eternal paradise, the dark clouds may be dispelled and the Sun of Truth may shine forth with the utmost intensity.	11.9 Gayundin ay sinimulan sa Chicago ang pangkalahatang Taunang Convention, ang pagtatag ng <i>Star of the West</i>, ang Publishing Society para sa paglalathala ng mga aklat at mga Tableta at sa pag-iikot ng mga ito sa lahat ng bahagi ng America, at ang mga paghahandang isinasagawa ngayon para sa pagdiriwang ng Ginintuang Sentenaryong Kaarawan ng Kaharian ng Diyos. Umaasa Akong itong Pagdiriwang at itong Exhibition ay maipagdiwang sa sukdulang kaganapan nang sa gayon ay maitaas ang panawagan sa daigdig ng pagkakaisa, na “Walang ibang Diyos liban sa Iisang Diyos, at ang lahat ng mga Sugo, mula sa simula hanggang sa Selyo ng mga Propeta (Muhammad) ay ipinadala sa ngalan ng Siyang Tunay!”; mailadlad ang bandila ng kaisahan ng daigdig ng sangkatauhan, makaabot ang himig ng pandaigdigang kapayapaan sa mga tainga sa Silangan at sa Kanluran, maalisan ng sagabal at maging tuwid ang lahat ng mga landas, maakit ang lahat ng mga puso sa Kaharian ng Diyos, maitayo ang tabernakulo ng pagkakaisa sa rurok ng America, masayahan at magdiwang sa awit ng pag-ibig ng Diyos ang lahat ng mga bansa at mga sambayanan, maging paraisong walang maliw ang balat ng lupa, mapawi ang makulimlim

	na mga ulap, at magliwanag ang Araw ng Katotohanan sa sukdulang katindihan.
11.10 O ye friends of God! Exert ye with heart and soul, so that association, love, unity and agreement be obtained between the hearts, all the aims may be merged into one aim, all the songs become one song and the power of the Holy Spirit may become so overwhelmingly victorious as to overcome all the forces of the world of nature. Exert yourselves; your mission is unspeakably glorious. Should success crown your enterprise, America will assuredly evolve into a center from which waves of spiritual power will emanate, and the throne of the Kingdom of God will, in the plenitude of its majesty and glory, be firmly established.	11.10 O mga kaibigan ng Diyos! Magpunyagi kayo nang buong puso't kaluluwa, upang ang pagsasamahan, pag-ibig, pagkakaisa, at pagkakasundo ay matamo sa pagitan ng lahat ng mga puso, ang lahat ng mga layunin ay mapagkaisa sa iisang layunin, ang lahat ng mga awitin ay maging isang awit lamang, at ang kapangyarihan ng Espiritu Santo ay maging lubusang matagumpay na magagapi nito ang lahat ng mga puwersa ng daigdig ng kalikasan. Magpunyagi kayo; hindi masabi ang kaluwalhatian ng inyong misyon. Kung putungan ng tagumpay ang inyong pagsisikap, tiyak na ang America ay magiging isang sentro na mula roon ang mga alon ng kapangyarihang espiritwal ay lalabas, at ang trono ng Kaharian ng Diyos, sa kasukdulan ng kamahalan at kaluwalhatian niyon, ay matibay na maitatatag.
11.11 This phenomenal world will not remain in an unchanging condition even for a short while. Second after second it undergoes change and transformation. Every foundation will finally become collapsed; every glory and splendor will at last vanish and disappear, but the Kingdom of God is eternal and the heavenly sovereignty and majesty will stand firm, everlasting. Hence in the estimation of a wise man the mat in the Kingdom of God is preferable to the throne of the government of the world.	11.11 Itong daigdig ng mga bagay ay hindi mananatiling walang pagbabago nang kahit maikling sandali. Sa bawat segundo ay nagkakaroon ito ng pagbabago at pag-iiba. Ang bawal saligan sa wakas ay guguhog; ang bawat luwalhati at karingalan sa wakas ay maglalaho at mawawala, subalit ang Kaharian ng Diyos ay walang maliw at ang makalangit na paghahari at kamahalan ay mananatiling matibay magpakailanman. Samakatwid sa panukat ng isang marunong na tao ang banig sa Kaharian ng Diyos ay higit na mabuti kaysa sa trono sa pamahalaan ng daigdig.
11.12 Continually my ear and eye are turned toward the Central States; perchance a melody from some blessed souls may reach my ears—souls who are the dawning-places of the love of God, the stars of the horizon of sanctification and holiness—souls who will illumine this dark universe and quicken to life this dead world. The joy of 'Abdu'l-Bahá depends upon this! I hope that you may become confirmed therein.	11.12 Patuloy na nakadako ang Aking tainga at mata tungo sa Gitnang mga Estado; sakaling ang himig mula sa ilang mga pinagpalang kaluluwa ay makaabot sa aking mga tainga—mga kaluluwang pook-silangan ng pag-ibig sa Diyos, mga bituin sa sugpungang-guhit ng pagkakonsagrado at kabanalan—mga kaluluwang magtatanglaw sa mapanglaw na sansinukob na ito at bibigyang-buhay itong patay na daigdig. Ang kaligayahan ni 'Abdu'l-Bahá ay nababatay rito! Umaasa Akong kayo ay pagtitibayin doon.
11.13 Consequently, those souls who are in a condition of the utmost severance, purified from the defects of the world of nature, sanctified from attachment to this earth, vivified with the breaths of eternal life—with luminous hearts, with heavenly spirit, with attraction of consciousness, with celestial magnanimity, with eloquent tongues and with clear explanations—such souls must hasten	11.13 Samakatwid, ang mga kaluluwang iyon na nasa kalagayan ng sukdulang pagkawalay, dinalisay mula sa mga kapintasan ng daigdig ng kalikasan, pinaging banal mula sa pangangapit sa daigdig na ito, pinasisigla ng mga hininga ng walang maliw na buhay—taglay ang mga pusong maningning, ang espiritung makalangit, ang kamalayang naaakit, ang kagandahang-loob na

and travel through all parts of the Central States. In every city and village they must occupy themselves with the diffusion of the divine exhortations and advices, guide the souls and promote the oneness of the world of humanity. They must play the melody of international conciliation with such power that every deaf one may attain hearing, every extinct person may be set aglow, every dead one may obtain new life and every indifferent soul may find ecstasy. It is certain that such will be the consummation.	makalangit, ang mga dilang matatas, at mga paliwanag na maliwan—ang gayong mga kaluluwa ay dapat magmadali at maglakbay sa lahat ng bahagi ng mga Gitnang Estado. Sa bawat lungsod at nayon ay dapat silang magpakaabala ng kanilang mga sarili sa pagpapalaganap ng makadiyos na mga paalaala at mga payo, ay gabayan ang mga kaluluwa at itaguyod ang kaisahan ng daigdig ng sangkatauhan. Kailangan nilang tugtugin ang himig ng pandaigdigang pagkakasundo nang gayong napakalakas na ang bawat bingi ay makaririnig, na ang bawat taong nalipol ay magingning, bawat patay ay makamit ang panibagong buhay, at bawat nanlalamig na kaluluwa ay makatagpo ng matinding kaligayahan. Tiyak na ganoon ang magiging kalalabasan niyon.
Let the spreaders of the fragrances of God recite this prayer every morning:	Tulutang usalin tuwing umaga ng mga tagapagkalat ng mga kabanguhan ng Diyos ang dalanging ito:
11.14 O Lord, my God! Praise and thanksgiving be unto Thee for Thou hast guided me to the highway of the kingdom, suffered me to walk in this straight and far-stretching path, illumined my eye by beholding the splendors of Thy light, inclined my ear to the melodies of the birds of holiness from the kingdom of mysteries and attracted my heart with Thy love among the righteous.	11.14 O Panginoon, aking Diyos! Ang papuri at pasasalamat ay suma-Iyo dahil sa pinamatnubayan Mo ako sa malawak na daan ng Kaharian, pinahintulutan akong lumakad sa tuwid at mahabang landas na ito, niliwanagan ang aking mata sa pagkamalas sa mga karingalan ng Iyong liwanag, inihilig ang aking tainga sa mga awitin ng mga ibon ng kabanalan buhat sa kaharian ng mga hiwaga, at inakit ang aking puso sa Iyong pag-ibig sa piling ng mga matwid.
11.15 O Lord! Confirm me with the Holy Spirit, so that I may call in Thy Name amongst the nations, and give the glad tidings of the manifestation of Thy kingdom amongst mankind.	11.15 O Panginoon! Pagtibayin ako sa Espiritu Santo, upang makatawag ako sa Iyong Pangalan sa mga bansa, at maibigay ang masayang balita ng pagkakahayag ng Iyong kaharian sa sangkatauhan.
11.16 O Lord! I am weak, strengthen me with Thy power and potency. My tongue falters, suffer me to utter Thy commemoration and praise. I am lowly, honor me through admitting me into Thy kingdom. I am remote, cause me to approach the threshold of Thy mercifulness. O Lord! Make me a brilliant lamp, a shining star and a blessed tree, adorned with fruit, its branches overshadowing all these regions. Verily, Thou art the Mighty, the Powerful and Unconstrained.	11.16 O Panginoon! Ako ay mahina, palakasin ako ng Iyong lakas at kakayahan. Ang aking dila ay nauumid, pahintulutang mausal ko ang paggunita at pagpuri sa Iyo. Ako ay aba, parangalan ako sa pagtulot na makapasok ako sa Iyong Kaharian. Ako ay nalalayo, tulutang makalapit ako sa bungad ng Iyong pagkamahabagin. O Panginoon! Gawin akong isang makinang na ilawan, isang maningning na bituin, at isang pinagpalang punungkahoy, napapalamutihan ng mga bunga, ang mga sanga ay lumililim sa lahat ng mga rehiyong ito. Tunay na Ikaw ang Makapangyarihan, ang Malakas, at ang Hindi Mapipigilan!

Tablet to the Bahá'ís of the Western States	Tableta sa mga Baha'i ng Estadong nasa Kanluran
Revealed on February 15, 1917, in Bahá'u'lláh's room at the house of 'Abbúd in 'Akká, and addressed to the Bahá'ís of the eleven Western States of the United States: New Mexico, Colorado, Arizona, Nevada, California, Wyoming, Utah, Montana, Idaho, Oregon and Washington.	Ipinahayag noong ika-15 ng Pebrero 1917, sa silid ni Bahá'u'lláh sa tahanan ni 'Abbúd sa 'Akká, at isinulat para sa mga Bahá'í ng labing-isang Estadong Kanluran ng Estados Unidos: New Mexico, Colorado, Arizona, Nevada, California, Wyoming, Utah, Montana, Idaho, Oregon at Washington.
<i>He is God!</i> <i>O ye friends and the maidservants of the Merciful, the chosen ones of the Kingdom:</i>	<i>Siya ay Diyos!</i> <i>O mga kaibigan at mga kawaksing babae ng Mahabagin, mga pinili ng Kaharian:</i>
12.1 The blessed state of California bears the utmost similarity to the Holy Land, that is, the country of Palestine. The air is of the utmost temperance, the plain very spacious, and the fruits of Palestine are seen in that state in the utmost of freshness and delicacy. When 'Abdu'l-Bahá was traveling and journeying through those states, he found himself in Palestine, for from every standpoint there was a perfect likeness between this region and that state. Even the shores of the Pacific Ocean, in some instances, show perfect resemblance to the shores of the Holy Land—even the flora of the Holy Land have grown on those shores—the study of which had led to much speculation and wonder.	12.1 Ang pinagpalang estado ng California ay nagtataglay ng lubos na pagkakatulad sa Banal na Lupain, yaon ay, sa bansa ng Palestine. Ang hangin ay nasa sukdulang kainaman, ang kaparangan ay napakalawak, at ang mga prutas ng Palestine ay matatagpuan sa estadong iyon sa sukdulang kasariwaan at kapinuhan. Nang dumaraan at naglalakbay si 'Abdu'l-Bahá sa mga estadong iyon, natagpuan Niya ang Kaniyang sarili sa Palestine, sapagkat mula sa bawat anyo may ganap na pagkakatulad ang rehiyong ito at ang estadong iyon. Kahit ang mga dalampasigan ng Karagatang Pacific, sa ilang mga pagkakataon, ay nagpapamalas ng ganap na pagkakatulad sa mga dalampasigan ng Banal na Lupain—kahit ang mga halaman ng Banal na Lupain ay tumubo sa mga dalampasigang iyon—na ang pagmamasid nito ay nagbunga ng maraming haka-haka at pagkamangha.
12.2 Likewise, in the state of California and other Western states, wonderful scenes of the world of nature, which bewilder the minds of men, are manifest. Lofty mountains, deep canyons, great and majestic waterfalls, and giant trees are witnessed on all sides, while its soil is in the utmost fertility and richness. That blessed state is similar to the Holy Land and that region and that country like unto a delectable paradise, is in many ways identical with Palestine. Now just as there are natural resemblances, heavenly resemblances must also be acquired.	12.2 Gayundin, sa estado ng California at ng ibang mga estadong Kanluran, ay nahahayag ang kamangha-manghang mga eksena sa daigdig ng kalikasan, na nagtutuliro sa mga kaisipan ng tao. Ang matayog ng mga bundok, malalim na mga lambak, napakalaki at maringal na mga talon, at dambuhalang mga puno ay mapagmamasdan sa lahat ng dako, samantalang ang lupa niyon ay lubos na mayaman at mataba. Ang pinagpalang estadong iyon ay kahalintulad ng Banal na Lupain at ang dakong iyon at ang lupaing iyon na kahalintulad ng napakagandang paraiso, ay kapareho ng Palestine sa maraming paraan. Ngayon tulad ng mga pagkakahalintulad sa kalikasan, ang makalangit na mga pagkakahalintulad ay kailangan ding matamo.
12.3 The lights of the divine traces are manifest in Palestine. The majority of the Israelitish Prophets raised the call of the Kingdom of God in this holy ground. Having spread the spiritual teachings, the nostrils of the spiritually-minded ones became fragrant, the eyes of the illumined souls became brightened, the ears were thrilled	12.3 Ang mga liwanag ng mga bakas ng Diyos ay nahahayag sa Palestine. Itinaas ng karamihan ng mga Propetang Israelite ang panawagan ng Kaharian ng Diyos sa banal na lupang ito. Yamang pinalaganap na ang mga katuruang espiritwal, naging mabango ang mga ilong ng mga espiritwal ang kaisipan, naging

through this song, the hearts obtained eternal life from the soul-refreshing breeze of the Kingdom of God and gained supreme illumination from the splendor of the Sun of Reality. Then from this region the light was spread to Europe, America, Asia, Africa and Australia.	maliwanag ang mga mata ng mga natatanglawang kaluluwa, kinilig ang mga tainga sa awiting ito, nagtamo ng walang-hanggang buhay ang mga puso mula sa simoy ng Kaharian ng Diyos na nagpapasigla sa kaluluwa at nagtamo ng sukdulang liwanag mula sa karingalan ng Araw ng Realidad. Pagkatapos ay mula sa rehiyong ito ang liwanag ay kumalat sa Europa, America, Asia, Africa, at Australia.
12.4 Now California and the other Western States must earn an ideal similarity with the Holy Land, and from that state and that region the breaths of the Holy Spirit be diffused to all parts of America and Europe, that the call of the Kingdom of God may exhilarate and rejoice all the ears, the divine principles bestow a new life, the different parties may become one party, the divergent ideas may disappear and revolve around one unique center, the East and the West of America may embrace each other, the anthem of the oneness of the world of humanity may confer a new life upon all the children of men, and the tabernacle of universal peace be pitched on the apex of America; thus Europe and Africa may become vivified with the breaths of the Holy Spirit, this world may become another world, the body politic may attain to a new exhilaration, and just as in the state of California and other Western States the marvelous scenes of the world of nature are evident and manifest, the great signs of the Kingdom of God may also be unveiled so that the body may correspond with the spirit, the outward world may become a symbol of the inward world, and the mirror of the earth may become the mirror of the Kingdom, reflecting the ideal virtues of heaven.	12.4 Ngayon ang California at ang iba pang mga Estadong Kanluran ay kailangan magtamo ng huwarang pagkakatulad sa Banal na Lupain, at mula sa estadong iyon at sa dakong iyon ang mga hininga ng Espiritu Santo ay dapat palaganapin sa lahat ng bahagi ng America at Europa, upang ang panawagan ng Kaharian ng Diyos ay magpasigla at magpaligaya sa lahat ng mga tainga, ang mga simulaing banal ay magkaloob ng panibagong buhay, ang magkakaibang mga pananaw ay mapawi at uminog lamang sa iisang sentrong walang kahalintulad, magyakapan ang Silangan at Kanluran ng America, ang himig ng kaisahan ng daigdig ng sangkatauhan ay magkaloob ng panibagong buhay sa lahat ng mga anak ng tao, at ang tabernakulo ng pandaigdigang kapayapaan ay maitayo sa ruok ng America; sa gayon ang Europa at Africa ay magkabuhay mula sa mga hininga ng Espiritu Santo, itong daigdig ay maging ibang daigdig, ang mga mamamayan ay magtamo ng panibagong sigla, at tulad din ng nasa estado ng California at ng iba pang Estadong Kanluran ang kamangha-manghang mga eksena ng daigdig ng kalikasan ay malinaw at hayag, gayundin ang dakilang mga palatandaan ng Kaharian ng Diyos ay maibunyag nang sa ganoon ang katawan ay magtugma sa espiritu, ang panlabas na daigdig ay maging sagisag ng panloob na daigdig, at ang salamin ng lupa ay maging salamin ng Kaharian, sinasalamin ang huwarang mga kabutihan ng langit.
12.5 During My journey and traveling in those parts, I beheld wonderful scenes and beautiful panoramas of nature, orchards and rivers; national parks and general conclaves; deserts, plains, meadows and prairies; and the grains and fruits of that region greatly attracted My attention; even to the present moment they are in My mind.	12.5 Sa Aking mga paglalakbay at pagtawid sa mga dakong iyon, nakita Ko ang kamangha-manghang mga tagpo at napakagandang mga tanawin ng kalikasan, mga halamanan ng mga prutas at mga ilog; pambansang mga parke at liwasang-bayan at pangkalahatang mga pagtitipon; mga disyerto, mga kapatagan, mga parang ang mga pastulan; at ang mga pananim at mga prutas ng dakong iyon ay lubos na nakatawag-pansin sa Akin; kahit sa kasalukuyang panahon ay nasa isip Ko pa rin ang mga iyon.
12.6 Particularly was I greatly pleased with the meetings in San Francisco and Oakland,	12.6 Lalo Kong ikinalugod ang mga pagpupulong sa San Francisco at sa Oakland, ang

the gatherings in Los Angeles, and the believers who came from the cities of other states. Whenever their faces cross My memory, immediately infinite happiness is realized.	mga pagtitipon sa Los Angeles, at ang mga mananampalatayang nanggaling pa sa mga lungsod ng ibang mga estado. Sa tuwing gumuguhit sa Aking alaala ang kanilang mga mukha, agad na nadarama ang walang hanggang kaligayahan.
12.7 Therefore I hope that the divine teachings like unto the rays of the sun may be diffused in all the Western States, and the blessed verse of the Qur’án, “It is a good City and the Lord is the Forgiver!”¹⁷ may become realized. Likewise, the significance of another Qur’anic verse, “Do ye not travel through the land?”² and of the verse, “Behold the traces of the Mercy of God!”³ become revealed in the utmost effulgence.	12.7 Samakatwid ay umaasa Akong ang mga katuruang banal, tulad ng mga sinag ng araw, ay lumaganap sa lahat ng mga Estadong Kanluran, at maisakatuparan ang pinagpalang bersikulo ng Qur’án, “Iyon ay isang mabuting Lungsod at ang Panginoon ay ang Nagpapatawad!”¹⁷ Gayundin, ay maihayag nawa sa sukdulang karingalan ang kahulugan ng isa pang bersikulo ng Qur’án, “Hindi ka ba naglalakbay sa kahabaan ng lupain?”¹⁸ at ang bersikulong, “Masdan ang mga bakas ng Habag ng Diyos!”¹⁹
12.8 Praise be to God that through the divine bounty and providence, in that region the field of service is vast, the minds are in the utmost degree of intelligence and progress, sciences and arts are being promoted, the hearts like unto mirrors are in the utmost state of purity and translucency, and the friends of God are in perfect attraction. Therefore it is hoped that meetings for teaching will be organized and instituted, and for the diffusion of the fragrances of God wise teachers may be sent to cities, even to villages.	12.8 Purihin ang Diyos, sa pamamagitan ng makadiyos na biyaya at kalinga, sa dakong iyan ang larangan ng paglilingkod ay napakalawak, ang mga kaisipan ay nasa sukdulang antas ng katalinuhan at pagsulong, ang mga agham at mga sining ay itinataguyod, ang mga puso tulad ng mga salamin ay nasa sukdulang kalagayan ng kadalisan at kalinawan, at ang mga kaibigan ng Diyos ay nasa ganap na pagkaakit. Samakatwid ay inaasahang ang mga pagtitipon para sa pagtuturo ay isasaayos at sisimulan, at para sa pagpapalaganap ng mga halimuyak ng Diyos ang marunong na mga tagapagturo ay papupuntahin sa mga lungsod, kahit pa sa mga nayon.
12.9 The teachers of the Cause must be heavenly, lordly and radiant. They must be embodied spirit, personified intellect, and arise in service with the utmost firmness, steadfastness and self-sacrifice. In their journeys they must not be attached to food and clothing. They must concentrate their thoughts on the outpourings of the Kingdom of God and beg for the confirmations of the Holy Spirit. With a divine power, with an attraction of consciousness, with heavenly glad tidings and celestial holiness they must perfume the nostrils with the fragrances of the Paradise of Abhá.	12.9 Ang mga tagapagturo ng Kapakanan ay dapat maging makalangit, tulad ng Panginoon, at maningning. Kailangan silang maging mismong kinatawan ng espiritu, talinong nagkatawang-tao, at magbangon sa paglilingkod taglay ang sukdulang pagtatalaga, katatagan, at pagpapakasakit ng sarili. Sa kanilang mga paglalakbay hindi sila dapat nakapangapit sa pagkain at pananamit. Kailangan nilang ituon ang kanilang mga kaisipan sa mga pagbuhos ng Kaharian ng Diyos at magsumamo para sa mga pagpapatibay ng Espiritu Santo. Taglay ang kapangyarihang banal, ang pagkaakit ng kabatiran, ang makalangit na magandang balita, at ang kabanalan ng langit, ay dapat nilang pabanguhan ang mga ilong sa pamamagitan ng mga halimuyak ng Paraiso ng Abhá.

¹⁷ Qur’án 34:15

¹⁸ Qur’án 30:9, 40:82, 47:10.

¹⁹ Qur’án 30:50.

The following commune is to be read by them every day:	Ang sumusunod na dalangin ay dapat nilang basahin araw-araw:
12.10 O God! O God! This is a broken-winged bird and his flight is very slow—assist him so that he may fly toward the apex of prosperity and salvation, wing his way with the utmost joy and happiness throughout the illimitable space, raise his melody in Thy Supreme Name in all the regions, exhilarate the ears with this call, and brighten the eyes by beholding the signs of guidance.	12.10 O Diyos! O Diyos! Ito ay isang ibong bali ang bagwis at ang kaniyang paglipad ay napakabagal—tulongan siya upang makalipad tungo sa tugatog ng kasaganaan at kaligtasan, magpailanglang sa sukdulang tuwa at kaligayahan sa kahabaan ng walang-hangganang kalawakan, itaas ang kaniyang awitin sa Iyong Kataas-taasang Pangalan sa lahat ng rehiyon, pasiglahin ang mga tainga sa tawag na ito, at paningningin ang mga mata sa pagkamalas sa mga tanda ng pamamatnubay.
12.11 O Lord! I am single, alone and lowly. For me there is no support save Thee, no helper except Thee and no sustainer beside Thee. Confirm me in Thy service, assist me with the cohorts of Thine angels, make me victorious in the promotion of Thy Word and suffer me to speak out Thy wisdom amongst Thy creatures. Verily, Thou art the helper of the weak and the defender of the little ones, and verily Thou art the Powerful, the Mighty and the Unconstrained.	12.11 O Panginoon! Ako ay walang kasama, nag-iisa at aba. Para sa akin ay walang gabay kundi Ikaw, walang katulong liban sa Iyo, at walang tagapagtaguyod kundi Ikaw. Pagtibayin ako sa paglilingkod sa Iyo, tulongan ako sa mga hukbo ng Iyong mga anghel, pagtagumpayin ako sa pagpapalaganap ng Iyong Salita at itulot na maisaysay ko ang Iyong karunungan sa Iyong mga nilalang. Tunay na Ikaw ang tagapagkukup ng mga dukha at tagapagtanggol ng mga mumunti, at tunay na Ikaw ang Malakas, ang Makapangyarihan at ang Hindi Napipigilan.

13	13
Tablet to the Bahá'ís of Canada and Greenland	Tableta sa mga Baha'i ng Canada at Greenland
Revealed on February 21, 1917, in Bahá'u'lláh's room at the house of 'Abbúd in 'Akká, and addressed to the Bahá'ís of Canada—Newfoundland, Prince Edward Island, Nova Scotia, New Brunswick, Quebec, Saskatchewan, Manitoba, Ontario, Alberta, British Columbia, Yukon, Mackenzie, Keewatin, Ungava, Franklin Islands—and Greenland.	Ipinahayag noong ika-21 ng Pebrero 1917, sa silid ni Bahá'u'lláh sa bahay ni 'Abbúd sa 'Akká, at isinulat para sa mga Bahá'í ng Canada—Newfoundland, Prince Edward Island, Nova Scotia, New Brunswick, Quebec, Saskatchewan, Manitoba, Ontario, Alberta, British Columbia, Yukon, Mackenzie, Keewatin, Ungava, Franklin Islands—at Greenland.
<i>He is God! O ye kind friends and the maidservants of the Merciful:</i>	<i>Siya ang Diyos! O kayong mabait na mga kaibigan at mga kawaksing babae ng Mahabagin:</i>
13.1 In the great Qur'án, God says: “Thou shalt see no difference in the creatures of God.” ¹ In other words, He says: From the ideal standpoint, there is no variation between the creatures of God, because they are all created by Him. From the above premise, a conclusion is drawn, that there is no difference between	13.1 Sa dakilang Qur'án, sinasabi ng Diyos: “Wala kang dapat makitang pagkakaiba sa mga nilikha ng Diyos.” ²⁰ Sa ibang salita, sinasabi Niyang: Mula sa pananaw ng kasakdalan, walang pagkakaiba sa mga nilikha ng Diyos, sapagkat lahat sila ay nilikha Niya. Mula sa ganitong katwiran, maaaring mahinuhang walang pagkakaiba sa mga

²⁰ Qur'án 67:3.

countries. The future of the Dominion of Canada, however, is very great, and the events connected with it infinitely glorious. It shall become the object of the glance of Providence, and shall show forth the bounties of the All-Glorious.	bansa. Gayumpaman, ang hinaharap ng Dominion ng Canada ay napakadakila, at ang mga pangyayaring nauugnay rito ay walang hanggan ang kaluwalhatian. Ito ay magiging tampulan ng paningin ng Maykapal, at maihahayag nito ang mga biyaya ng Lubos na Maluwalhati.
13.2 ‘Abdu’l-Bahá during his journey and sojourn through that Dominion obtained the utmost joy. Before My departure, many souls warned Me not to travel to Montreal, saying, the majority of the inhabitants are Catholics, and are in the utmost fanaticism, that they are submerged in the sea of imitations, that they have not the capability to hearken to the call of the Kingdom of God, that the veil of bigotry has so covered the eyes that they have deprived themselves from beholding the signs of the Most Great Guidance, and that the dogmas have taken possession of the hearts entirely, leaving no trace of reality. They asserted that should the Sun of Reality shine with perfect splendor throughout that Dominion, the dark, impenetrable clouds of superstitions have so enveloped the horizon that it would be utterly impossible for anyone to behold its rays.	13.2 Si ‘Abdu’l-Bahá sa Kaniyang paglalakbay at pagtigil sa Dominion na iyan ay nagtamasa ng sukdulang kaligayahan. Bago Ako umalis, maraming kaluluwa ang nagbabala sa Aking huwag Akong maglakbay sa Montreal, sinabing ang karamihan ng mga nananahan doon ay mga Katoliko, at nasa lubhang panatisismo, na sila ay nakalugmok sa karagatan ng panggagaya, na wala silang kakayahang makinig sa panawagan ng Kaharian ng Diyos, na ang lambong ng pagkapanatiko ay lubusang nagtatakip sa mga mata na ipinagkait nila sa kanilang mga sarili ang pagtingin sa mga palatandaan ng Pinakadakilang Patnubay, at ang mga turo ng tao ay lubusan nang sumakop sa kanilang mga puso, na wala nang naiwang bahid ng realidad. Sinabi nilang kahit pa sumikat ang Araw ng Realidad sa ganap na karingalan sa kabuuan ng Dominion na iyon, ang maitim at di-mahawing mga ulap ng mga pamahiin ay ganoon na lamang ang pagkabalot sa sugpungang-guhit na imposible na talaga para sa kaninuman ang makita ang mga silahis niyon.
13.3 But these stories did not have any effect on the resolution of ‘Abdu’l-Bahá. He, trusting in God, turned his face toward Montreal. When he entered that city he observed all the doors open, he found the hearts in the utmost receptivity and the ideal power of the Kingdom of God removing every obstacle and obstruction. In the churches and meetings of that Dominion he called men to the Kingdom of God with the utmost joy, and scattered such seeds which will be irrigated with the hand of divine power. Undoubtedly those seeds will grow, becoming green and verdant, and many rich harvests will be gathered. In the promotion of the divine principles he found no antagonist and no adversary. The believers he met in that city were in the utmost spirituality, and attracted with the fragrances of God. He found that through the effort of the maidservant of God Mrs. Maxwell a number of the sons and daughters of the Kingdom in that Dominion were gathered together and associated with each other, increasing this joyous exhilaration day by day. The time of sojourn was limited to a number of days, but the results in the future are inexhaustible. When a farmer comes into the possession of a virgin soil, in a short time	13.3 Subalit ang mga kuwentong ito ay hindi nagkaroon ng anumang epekto sa pagtatalaga ni ‘Abdu’l-Bahá. Habang nagtitiwala sa Diyos, idinako Niya ang Kaniyang mukha tungo sa Montreal. Sa pagpasok Niya sa lungsod na iyon, nakita Niyang nakabukas ang lahat ng mga pinto, natagpuan Niyang handang-handang tumanggap ang mga puso, at ang huwarang kapangyarihan ng Kaharian ng Diyos ay nag-aalis ng bawat balakid at hadlang. Sa mga simbahan at mga pagtitipon sa Dominion na iyon tinawagan Niya ang mga tao tungo sa Kaharian ng Diyos sa lubos na kaligayahan, at inihasik ang gayong mga binhi na didiligin ng kamay ng makadiyos na kapangyarihan. Walang pag-aalinlangang ang mga binhing iyon ay tutubo, magiging luntian at mayabong, at maraming aning mayaman ang matitipon. Sa pagtataguyod ng mga simulaing makadiyos ay wala Siyang nakatagpong katunggali at walang kalaban. Ang mga mananampalatayang nakaharap Niya sa lungsod na iyon ay lubusang espirital, at nahahalina sa mga halimuyak ng Diyos. Nakita Niyang mula sa mga pagsisikap ng kawaksing babae ng Diyos, si Gng. Maxwell, ang isang bilang ng mga anak ng Kaharian sa Dominion

he will bring under cultivation a large field. Therefore I hope that in the future Montreal may become so stirred, that the melody of the Kingdom may travel to all parts of the world from that Dominion and the breaths of the Holy Spirit may spread from that center to the East and the West of America.	na iyon ay nagtitipon at nakikipagsalamuha sa isa't isa, pinalalakas itong maligayang kasiglahan sa bawat araw. Ang panahon ng pagtigil doon ay ilang araw lamang, subalit ang mga bunga sa hinaharap ay hindi mauubos. Kapag ang isang magsasaka ay nagkaroon ng basal na lupa, sa maikling panahon ay maaari niyang linangin ang malaking sakahan. Samakatwid umaasa Akong sa hinaharap ganoon na lamang ang pagkaantig sa Montreal na ang himig ng Kaharian ay maglalakbay mula sa Dominion na iyon patungo sa lahat ng dako ng daigdig at ang mga hininga ng Espiritu Santo ay kakalat mula sa sentrong iyon patungo sa Silangan at Kanluran ng America.
13.4 O ye believers of God! Be not concerned with the smallness of your numbers, neither be oppressed by the multitude of an unbelieving world. Five grains of wheat will be endued with heavenly blessing, whereas a thousand tons of tares will yield no results or effect. One fruitful tree will be conducive to the life of society, whereas a thousand forests of wild trees offer no fruits. The plain is covered with pebbles, but precious stones are rare. One pearl is better than a thousand wildernesses of sand, especially this pearl of great price, which is endowed with divine blessing. Erelong thousands of other pearls will be born from it. When that pearl associates and becomes the intimate of the pebbles, they also all change into pearls.	13.4 O kayong mga mananampalataya ng Diyos! Huwag mabahala sa kaliitan ng inyong mga bilang, ni huwag manghina sa karamihan ng daigdig na hindi nananalig. Ang limang butil ng trigo ay pagkakalooban ng makalangit ng biyaya, samantalang ang isang toneladang tinikan ay hindi magbibigay anumang bunga o bisa. Ang isang mabungang puno ay makatutulong sa buhay ng lipunan, samantalang ang isang libong mga gubat ng mga punong ligaw ay hindi magdudulot ng anumang bunga. Ang parang ay puno ng mga bato, subalit ang mamahaling brilyante ay madalang. Ang isang perlas ay higit na mabuti pa kaysa sa isang libong kagubatan ng buhangin, lalo na itong perlas na napakahalaga, na pinagkalooban ng makadiyos na pagpapala. Hindi magtatagal ang libo-libong ibang mga perlas ay isisilang mula rito. Sa pagkakataong ang perlas na iyon ay makikipag-ugnay sa mga bato, ang mga iyon din ay mababago upang maging mga perlas.
13.5 Again I repeat that the future of Canada, whether from a material or a spiritual standpoint, is very great. Day by day civilization and freedom shall increase. The clouds of the Kingdom will water the seeds of guidance which have been sown there. Consequently, rest ye not, seek ye no composure, attach not yourselves to the luxuries of this ephemeral world, free yourselves from every attachment, and strive with heart and soul to become fully established in the Kingdom of God. Gain ye the heavenly treasures. Day by day become ye more illumined. Draw ye nearer and nearer unto the threshold of oneness. Become ye the manifestors of spiritual favors and the dawning-places of infinite lights! If it is possible, send ye teachers to other portions of Canada; likewise, dispatch ye teachers to Greenland and the home of the Eskimos.	13.5 Muling inuulit Ko na ang hinaharap ng Canada, maging sa pananaw ng materyal o sa espiritwal, ay napakadakila. Sa araw-araw ang kabihasan at kalayaan ay madaragdagan. Ang mga ulap ng Kaharian ay magdidilig sa mga binhi ng patnubay na inihasik doon. Samakatwid ay huwag kayong magpahinga, huwag kayong humanap ng katiwasayan, huwag ninyong ikapit ang inyong mga sarili sa mga luho nitong naglalahong daigdig, palayain ang inyong mga sarili mula sa bawat pangangapit, at magsumikap nang buong puso't kaluluwa upang maging lubos na nakatatag sa Kaharian ng Diyos. Tamuhin ninyo ang makalangit na mga kayamanan. Araw-araw ay maging higit kayong natataglwan. Lumapit nang lumapit sa bungad ng kaisahan. Maging tagahayag kayo ng mga pagpapalang espiritwal at mga pook-silangan ng walang-hanggang mga liwanag! Kung maaari ay magpapunta kayo ng mga tagapagturo sa ibang mga

	bahagi ng Canada; gayundin ay magpapunta kayo ng mga tagapagturo sa Greenland at sa tahanan ng mga Eskimo.
13.6 As regards the teachers, they must completely divest themselves from the old garments and be invested with a new garment. According to the statement of Christ, they must attain to the station of rebirth—that is, whereas in the first instance they were born from the womb of the mother, this time they must be born from the womb of the world of nature. Just as they are now totally unaware of the experiences of the fetal world, they must also forget entirely the defects of the world of nature. They must be baptized with the water of life, the fire of the love of God and the breaths of the Holy Spirit; be satisfied with little food, but take a large portion from the heavenly table. They must disengage themselves from temptation and covetousness, and be filled with the spirit. Through the effect of their pure breath, they must change the stone into the brilliant ruby and the shell into pearl. Like unto the cloud of vernal shower, they must transform the black soil into the rose garden and orchard. They must make the blind seeing, the deaf hearing, the extinguished one enkindled and set aglow, and the dead quickened.	13.6 Kaugnay ng mga tagapagturo, kailangan nilang lubos na hubarin ang lumang mga damit at magsuot ng bagong damit. Sang-ayon sa pahayag ni Kristo, kailangan nilang maabot ang katayuan ng muling pagkasilang—yaon ay, samantalang sa unang pagkakataon ay isinilang sila mula sa sinapupunan ng ina, sa ngayon ay kailangan silang isilang mula sa sinapupunan ng kalikasan. Tulad ng sa ngayon ay wala na silang kabatiran sa mga pangyayari sa daigdig ng sinapupunan, gayundin ay dapat nilang lubos na limutin ang mga kapintasan ng daigdig ng kalikasan. Kailangan silang mabinyagan ng tubig ng buhay, ng apoy ng pag-ibig sa Diyos, at ng mga hininga ng Espiritu Santo; masiyahan sa kaunting pagkain lamang, subalit ay kumuha nang marami mula sa makalangit na hapag. Kailangan nilang iwalay ang kanilang mga sarili mula sa tukso at kaimbutan, at mapuspos ng espiritu. Mula sa bisa ng kanilang dalisay na hininga, kailangan nilang baguhin ang bato upang maging nagniningning na rubi, at ang kabibi na maging perlas. Tulad ng ulan ng tagsibol, kailangan nilang baguhin ang itim na lupa upang maging hardin ng rosas at halamanan ng mga prutas. Kailangan nilang gawing makakita ang bulag, makarinig ang bingi, magingning ang nalipol, at mabuhay ang patay.
13.7 Upon you be greeting and praise!	13.7 Mapasa-inyo ang pagbati at papuri!
13.8 Praise be to Thee, O my God! These are Thy servants who are attracted by the fragrances of Thy mercifulness, are enkindled by the fire burning in the tree of Thy singleness, and whose eyes are brightened by beholding the splendors of the light shining in the Sinai of Thy oneness.	13.8 Purihin Ka nawa, O aking Diyos! Ito ang Iyong mga tagapaglingkod na nahalina ng mga halimuyak ng Iyong kahabagan, na pinarikit ng apoy na lumiliyab sa puno ng Iyong kaisahan, at ang kanilang mga mata ay kumikinang nang masilayan ang mga karingalan ng liwanag na sumisikat sa Sinai ng Iyong kaisahan.
13.9 O Lord! Loose their tongues to make mention of Thee amongst Thy people, suffer them to speak forth Thy praise through Thy grace and loving-kindness, assist them with the cohorts of Thine angels, strengthen their loins in Thy service, and make them the signs of Thy guidance amongst Thy creatures.	13.9 O Panginoon! Kalagan ang kanilang mga dila upang banggitin Ka sa Iyong mga tao, tulutang maisaysay nila ang Iyong kapurihan mula sa Iyong biyaya at masuyong kabaitan, tulungan sila ng mga hukbo ng Iyong mga anghel, palakasin ang kanilang mga balakang sa paglilingkod sa Iyo, at gawin silang mga palatandaan ng Iyong patnubay sa Iyong mga nilalang.
13.10 Verily, Thou art the All-Powerful, the Most Exalted, the Ever-Forgiving, the All-Merciful.	13.10 Tunay na Ikaw ang Lubos na Makapangyarihan, ang Pinakadakila, ang Laging Nagpapatawad, ang Lubos na Mahabagin.

<i>The spreaders of the fragrances of God should recite this prayer every morning:</i>	<i>Dapat basahin tuwing umaga ng mga tagapagkalat ng mga halimuyak ng Diyos ang sumusunod na dalangin:</i>
13.11 O God, my God! Thou beholdest this weak one begging for celestial strength, this poor one craving Thy heavenly treasures, this thirsty one longing for the fountain of eternal life, this afflicted one yearning for Thy promised healing through Thy boundless mercy which Thou hast destined for Thy chosen servants in Thy kingdom on high.	13.11 O Diyos, aking Diyos! Nakikita Mo ang mahinang ito na sumasamo ng makalangit na lakas, ang dukhang ito na naghahangad sa Iyong makalangit na mga kayamanan, ang nauuhaw na itong nagnanais ng bukal ng walang hanggang buhay, ang maysakit na itong nananabik sa Iyong ipinangakong lunas mula sa Iyong walang hanggang kahabagan, na itinadhana Mo sa Iyong piniling mga tagapaglingkod sa Iyong Kaharian sa kaitaasan.
13.12 O Lord! I have no helper save Thee, no shelter besides Thee, and no sustainer except Thee. Assist me with Thine angels to diffuse Thy holy fragrances and to spread abroad Thy teachings amongst the choicest of Thy people.	13.12 O Panginoon! Wala akong katulong liban sa Iyo, walang kanlungan liban sa Iyo, at walang tagapagtaguyod liban sa Iyo! Ako ay tulongan Mo at ng Iyong mga anghel, sa pagpapalaganap ng Iyong banal na mga halimuyak at sa pagkakalat ng Iyong mga katuruan sa pinakapili sa Iyong mga tao!
13.12 O my Lord! Suffer me to be detached from aught else save Thee, to hold fast to the hem of Thy bounty, to be wholly devoted to Thy Faith, to remain fast and firm in Thy love and to observe what Thou hast prescribed in Thy Book.	13.13 O Panginoon! Tulutang makakalas ako sa anuman liban sa Iyo, makapangapit nang mahigpit sa laylayan ng Iyong kasuutan; gawin akong matapat sa Iyong relihiyon, matatag sa Iyong pag-ibig, at namumuhay nang alinsunod sa iniutos Mo sa Iyong Aklat.
13.14 Verily, Thou art the Powerful, the Mighty, the Omnipotent.	13.14 Tunay na Ikaw ang Malakas, ang Makapangyarihan, at ang Lubos na Mabisa.

14	14
Tablet to the Bahá'ís of the United States and Canada	Tableta sa mga Baha'i ng Estados Unidos at Canada
Revealed on March 8, 1917, in the summerhouse (Ismá'íl Áqá's room) at 'Abdu'l-Bahá's house in Haifa, and addressed to the Bahá'ís of the United States and Canada.	Ipinahayag noong ika-8 ng Marso 1917 sa bahay bakasyonan (silid ni Ismá'íl Áqá) sa tahanan ni 'Abdu'l-Bahá sa Haifa, at isinulat para sa mga Bahá'í ng Estados Unidos at Canada.
<i>He is God! O ye heavenly souls, sons and daughters of the Kingdom:</i>	<i>Siya ang Diyos! O kayong makalangit na mga kaluluwa, mga anak na lalaki at babae ng Kaharian:</i>

14.1 God says in the Qur’án: “Take ye hold of the Cord of God, all of you, and become ye not disunited.”²¹	14.1 Sinasabi ng Diyos sa Qur’án: “Humawak kayo sa Kurdon ng Diyos, kayong lahat, at huwag kayong maghiwa-hiwalay.”²¹
14.2 In the contingent world there are many collective centers which are conducive to association and unity between the children of men. For example, patriotism is a collective center; nationalism is a collective center; identity of interests is a collective center; political alliance is a collective center; the union of ideals is a collective center, and the prosperity of the world of humanity is dependent upon the organization and promotion of the collective centers. Nevertheless, all the above institutions are, in reality, the matter and not the substance, accidental and not eternal—temporary and not everlasting. With the appearance of great revolutions and upheavals, all these collective centers are swept away. But the Collective Center of the Kingdom, embodying the institutions and divine teachings, is the eternal Collective Center. It establishes relationship between the East and the West, organizes the oneness of the world of humanity, and destroys the foundation of differences. It overcomes and includes all the other collective centers. Like unto the ray of the sun, it dispels entirely the darkness encompassing all the regions, bestows ideal life, and causes the effulgence of divine illumination. Through the breaths of the Holy Spirit it performs miracles; the Orient and the Occident embrace each other, the North and South become intimates and associates, conflicting and contending opinions disappear, antagonistic aims are brushed aside, the law of the struggle for existence is abrogated, and the canopy of the oneness of the world of humanity is raised on the apex of the globe, casting its shade over all the races of men. Consequently, the real Collective Center is the body of the divine teachings, which include all the degrees and embrace all the universal relations and necessary laws of humanity.	14.2 “Sa mundong walang katiyakan may maraming mga sentro ng pagsasama-sama na nagdudulot ng pakikisalamuha at pagkakaisa sa pagitan ng mga anak ng tao. Halimbawa, ang pagkamakabayan ay isang sentro ng pagsasama-sama; ang nasyonalismo ay isang sentro ng pagsasama-sama; ang magkakaparehong kapakinabangan ay isang sentro ng pagsasama-sama; ang pampulitikang alyansa ay isang sentro ng pagsasama-sama; ang pagbubuklod ng mga mithiin ay isang sentro ng pagsasama-sama, at ang kasaganaan ng daigdig ng sangkatauhan ay nakasalalay sa pagsasaayos at pagtataguyod ng mga sentro ng pagsasama-sama. Gayumpaman, ang lahat ng mga institusyon sa itaas, sa katotohanan, ay ang sangkap lamang at hindi ang pinakadiwa, nagkataon lamang at hindi walang-maliw—pansamantala at hindi walang-hanggan. Sa paglitaw ng malaking mga himagsikan at mga kaguluhan, ang lahat ng mga sentro ng pagsasama-sama ay naguguho. Ngunit ang Sentro ng Pagsasama-sama ng Kaharian, na kumakatawan sa mga institusyon at banal na mga aral, ay ang walang-maliw na Sentro ng Pagsasama-sama. Itinatag nito ng ugnayan sa pagitan ng Silangan at ng Kanluran, isinasaayos ang kaisahan ng mundo ng sangkatauhan, at winawasak ang pundasyon ng mga pagtatalo. Sinasaklaw at isinasama nito ang lahat ng iba pang mga sentro ng pagsasama-sama. Tulad ng sinag ng araw, ganap na pinapawi nito ang kadilimang bumabalot sa lahat ng mga rehiyon, nagkakaloob ng huwarang buhay, at nagsasanhi ng kaningningan ng banal na liwanag. Sa pamamagitan ng mga hininga ng Espiritu Santo nakagagawa ito ng mga himala; tinatanggap ng Silangan at ng Kanluran ang isa’t isa, ang Hilaga at ang Timog ay nagiging matalik na magkaibigan at magkasama, ang magkasalungat at naglalabang mga palagay ay nawawala, ang magkatunggaling mga hangarin ay isinasa-isantabi, ang batas ng pakikibaka upang mabuhay ay napapawalang-bisa, at ang kulandong ng pagkakaisa ng daigdig ng sangkatauhan ay naitataas sa tugatog ng mundo, napalalaganap ang lilim nito sa lahat ng mga lahi ng tao. Dahil dito, ang tunay na Sentro ng Pagsasama-sama ay ang kabuuan ng banal na mga aral, na kasama ang lahat ng mga antas at saklaw

²¹ Qur’án 3:103.

	ang lahat ng mga ugnayang pangkalahatan at ang kinakailangang mga batas ng sangkatauhan.
14.3 Consider! The people of the East and the West were in the utmost strangeness. Now to what a high degree they are acquainted with each other and united together! How far are the inhabitants of Persia from the remotest countries of America! And now observe how great has been the influence of the heavenly power, for the distance of thousands of miles has become identical with one step! How various nations that have had no relations or similarity with each other are now united and agreed through this divine potency! Indeed to God belongs power in the past and in the future! And verily God is powerful over all things!	14.3 Isipin! Ang mga tao ng Silangan at ng Kanluran ay lubhang estranghero sa isa't isa. Ngayon ay napakataas na ng antas ng kanilang pagkakilala sa isa't isa at pagkakaisa! Napakalayo ng mga nananahan sa Persia mula sa liblib na mga bansa ng America! At ngayon ay masdan ang napakalaking impluwensiya ng makalangit na kapangyarihan, sapagkat ang kalayuan ng libu-libong mga milya ay naging katulad na ng isang hakbang! Ang iba't ibang mga bansang dati ay walang ugnayan o pagkakahawig sa isa't isa sa ngayon ay nagkakaisa at nagkakasundo sa pamamagitan nitong makadiyos na bisa! Sa katunayan nasa Diyos ang kapangyarihan noong nakaraan at sa hinaharap! At sa katunayan ang Diyos ay makapangyarihan sa lahat ng bagay!
14.4 Consider the flowers of a garden. Though differing in kind, color, form, and shape, yet, inasmuch as they are refreshed by the waters of one spring, revived by the breath of one wind, invigorated by the rays of one sun, this diversity increaseth their charm, and addeth unto their beauty. How unpleasing to the eye if all the flowers and plants, the leaves and blossoms, the fruits, the branches and the trees of that garden were all of the same shape and color! Diversity of hues, form and shape, enricheth and adorneth the garden, and heighteneth the effect thereof. In like manner, when divers shades of thought, temperament and character, are brought together under the power and influence of one central agency, the beauty and glory of human perfection will be revealed and made manifest. Naught but the celestial potency of the Word of God, which ruleth and transcendeth the realities of all things, is capable of harmonizing the divergent thoughts, sentiments, ideas, and convictions of the children of men.	14.4 Isipin ang mga bulaklak sa isang hardin. Bagaman magkakaiba ang uri, kulay, anyo, at hugis, gayumpaman, yamang nananariwa silang lahat sa mga tubig ng iisang bukal, binubuhay ng hininga ng iisang hangin, pinasisigla ng mga sinag ng iisang araw, itong pagkakaiba-iba ay nagpapalakas sa kanilang halina, at nakadaragdag sa kanilang kagandahan. Lubos na nakayayamot sa mata kung ang lahat ng mga bulaklak at mga halaman, ang mga dahon at mga buko, ang mga prutas, ang mga sanga, at ang mga puno ng hardin na iyon ay magkapareho lahat ang hugis at kulay! Ang pagkakaiba ng mga kulay, anyo, at hugis ay nagpapayaman at nagpapalamuti sa hardin, at pinalalakas ang bisa niyon. Sa gayunding paraan, kapag ang magkakaibang mga kulay ng kaisipan, pag-uugali, at pagkatao, ay pinagsama-sama sa ilalim ng kapangyarihan at impluwensiya ng iisang sentrong nakapangyayari, ang kagandahan at kaluwalhatian ng kaganapan ng tao ay maisisiwalat at maihahayag. Walang iba liban sa makalangit na bisa ng Salita ng Diyos, na namumuno at nangingibabaw sa mga realidad ng lahat ng bagay, ang may kakayahang pagtugma-tugmain ang magkakaibang mga kaisipan, mga damdamin, mga kuro-kuro, at mga paniniwala ng mga anak ng tao.
14.5 Therefore, the believers of God throughout all the republics of America, through the divine power, must become the cause of the promotion of heavenly teachings and the establishment of the oneness of humanity. Every one of the important souls must arise, blowing over all parts of America the breath of life, conferring upon the people a new spirit, baptizing them with	14.5 Samakatwid, ang mga mananampalataya ng Diyos sa kabuuan ng lahat ng republika ng America, sa pamamagitan ng kapangyarihang makadiyos, ay dapat maging sanhi ng pagtataguyod ng makalangit na mga katuruan at ng pagtatatag ng kaisahan ng sangkatauhan. Ang bawat isa sa mahalagang mga kaluluwa ay dapat magbangon, ihip sa lahat ng dako ng America ang

the fire of the love of God, the water of life, and the breaths of the Holy Spirit so that the second birth may become realized. For it is written in the Gospel: “That which is born of the flesh is flesh; and that which is born of the Spirit is spirit.”²	hininga ng buhay, ipagkaloob sa mga tao ang panibagong espiritu, binyagan sila ng apoy ng pag-ibig sa Diyos, ng tubig ng buhay, at ng mga hininga ng Espiritu Santo nang sa gayon ay maisakatuparan ang pangalawang pagsilang. Sapagkat nasusulat sa Ebanghelyo: “Ang ipinanganak ng laman ay laman nga; at ang ipinanganak ng Espiritu ay espiritu nga.”
^{14.6} Therefore, O ye believers of God in the United States and Canada! Select ye important personages, or else they by themselves, becoming severed from rest and composure of the world, may arise and travel throughout Alaska, the republic of Mexico, and south of Mexico in the Central American republics, such as Guatemala, Honduras, Salvador, Nicaragua, Costa Rica, Panama and Belize; and through the great South American republics, such as Argentina, Uruguay, Paraguay, Brazil, French Guiana, Dutch Guiana, British Guiana, Venezuela, Ecuador, Peru, Bolivia and Chile; also in the group of the West Indies islands, such as Cuba, Haiti, Puerto Rico, Jamaica and Santo Domingo, and the group of islands of the Lesser Antilles, the Islands of Bahama and the Islands of Bermuda; likewise to the islands to the east, west and north of South America, such as Trinidad, Falkland Islands, Galapagòs Islands, Juan Fernandez and Tobago. Visit ye especially the city of Bahia, on the eastern shore of Brazil. Because in the past years this city was christened with the name, BAHIA, there is no doubt that it has been through the inspiration of the Holy Spirit.	^{14.6} Samakatwid, O kayong mga mananampalataya ng Diyos sa Estados Unidos at Canada! Pumili kayo ng mahalagang mga tao, o kaya sila mismo sa kanilang mga sarili, sa pagkawalay mula sa pahinga at katiwasayan ng daigdig, na magbangon at maglakbay sa kabuuan ng Alaska, ng republika ng Mexico, at sa katimugan ng Mexico tungo sa mga republika ng Central America, tulad ng Guatemala, Honduras, Salvador, Nicaragua, Costa Rica, Panama at Belize; at sa kabuuan ng malaking mga republika ng South America, tulad ng Argentina, Uruguay, Paraguay, Brazil, French Guiana, Dutch Guiana, British Guiana, Venezuela, Ecuador, Peru, Bolivia at Chile; gayundin sa grupo ng mga isla ng West Indies, tulad ng Cuba, Haiti, Puerto Rico, Jamaica, at Santo Domingo, at sa grupo ng mga isla ng Lesser Antilles, ang mga Isla ng Bahama at ang mga Isla ng Bermuda; gayundin sa isla ng silangan, kanluran at hilaga ng South America, tulad ng Trinidad, Falkland Islands, Galapagòs Islands, Juan Fernandez at Tobago. At lalo na ay dalawin ninyo ang lungsod ng Bahia, sa silanganing dalampasigan ng Brazil. Yamang nitong nakaraang mga taon ang lungsod na ito ay bininyagan ng pangalang BAHIA, walang pag-aalinlangang iyon ay mula sa inspirasyon ng Espiritu Santo.
^{14.7} Consequently, the believers of God must display the utmost effort, upraise the divine melody throughout those regions, promulgate the heavenly teachings and waft over all the spirit of eternal life, so that those republics may become so illumined with the splendors and the effulgences of the Sun of Reality that they may become the objects of the praise and commendation of all other countries. Likewise, ye must give great attention to the Republic of Panama, for in that point the Occident and the Orient find each other united through the Panama Canal, and it is also situated between the two great oceans. That place will become very important in the future. The teachings, once established there, will unite the East and the West, the North and the South.	^{14.7} Samakatwid ang mga mananampalataya ng Diyos ay dapat magpakita ng sukdulang pagsisikap, itaas ang banal na himig sa kabuuan ng mga rehiyong iyon, ipalaganap ang makalangit na mga katuruan at ipasimoy sa lahat ang espiritu ng walang hanggang buhay, nang sa gayon ang mga republikang iyon ay lubusang matanglawan ng mga karingalan at mga kaningningan ng Araw ng Katotohanan na ang mga iyon ay magiging tampulan ng papuri at parangal ng lahat ng ibang mga bansa. Gayundin ay dapat kayong magbigay ng malaking pansin sa Republika ng Panama, sapagkat sa dakong iyon ang Kanluran at Silangan ay nagtatagpo sa Panama Canal, at gayundin iyon ay matatagpuan sa pagitan ng dalawang malaking karagatan. Ang lugar na iyon ay magiging napakahalaga sa hinaharap. Ang mga katuruan, kapag naitatag na roon, ay pagkakaisahin

	ang Silangan at ang Kanluran, ang Hilaga at ang Timog.
14.8 Hence the intention must be purified, the effort ennobled and exalted, so that you may establish affinity between the hearts of the world of humanity. This glorious aim will not become realized save through the promotion of divine teachings which are the foundations of the holy religions.	14.8 Samakatwid ay kailangang dalisay ang hangarin, marangal at dakila ang pagpupunyagi, nang sa gayon ay magawa ninyong maitatag ang pagkakasundo sa pagitan ng mga puso sa daigdig ng sangkatauhan. Itong maluwalhating adhikain ay hindi matatamo liban sa pamamagitan ng pagtataguyod ng mga katuruang makadiyos na iyon ang mga saligan ng lahat ng mga relihiyong banal.
14.9 Consider how the religions of God served the world of humanity! How the religion of Torah became conducive to the glory and honor and progress of the Israelitish nation! How the breaths of the Holy Spirit of His Holiness Christ created affinity and unity between divergent communities and quarreling families! How the sacred power of His Holiness Muhammad became the means of uniting and harmonizing the contentious tribes and the different clans of Peninsular Arabia—to such an extent that one thousand tribes were welded into one tribe; strife and discord were done away with; all of them unitedly and with one accord strove in advancing the cause of culture and civilization, and thus were freed from the lowest degree of degradation, soaring toward the height of everlasting glory! Is it possible to find a greater Collective Center in the phenomenal world than this? In comparison to this divine Collective Center, the national collective center, the patriotic collective center, the political collective center and the cultural and intellectual collective center are like child's play!	14.9 Isipin kung paano pinaglingkuran ng mga relihiyon ng Diyos ang daigdig ng sangkatauhan! Kung paanong ang relihiyon ng Tora ay nagdulot ng kaluwalhatian at karangalan at pagsulong ng sambayanang Israelite! Kung paanong lumikha ng pagkakasundo at pagkakaisa ang mga hininga ng Espiritu Santo ng Kaniyang Kabanalan, si Kristo sa pagitan ng magkakaibang mga pamayanan at nag-aaway na mga pamilya! Kung paanong ang banal na kapangyarihan ng Kaniyang Kabanalan, si Muhammad, ang naging paraan upang pagkaisahin at pagkasunduin ang pala-away na mga tribu at magkakaibang mga angkan ng Tangway ng Arabia—sa gayong antas na ang isang libong tribu ay ginawang maging isang tribu; ang pag-aaway at pagtatalo ay pinawi; lahat sila ay nagkaisa at nagkasundong pagsikapang isulong ang kapakanan ng kultura at kabihasnan, at sa gayon ay nakalaya sa pinakamababang antas ng kaimbihan, at pumailanglang tungo sa rurok ng walang maliw na kaluwalhatian! Maaari bang makatagpo ng nakahihigit pang Sentro ng Pagsasama-sama sa makalupang daigdig kaysa sa rito? Kung ihahambing dito sa makadiyos na Sentro ng Pagsasama-sama, ang pambansang sentro ng pagsasama-sama, ang makabayang sentro ng pagsasama-sama, ang pampulitikang sentro ng pagsasama-sama, at ang pangkultura at pangkaisipang sentro ng pagsasama-sama ay waring laro ng bata lamang!
14.10 Now strive ye that the Collective Center of the sacred religions—for the inculcation of which all the Prophets were manifested and which is no other than the spirit of the divine teachings—be spread in all parts of America, so that each one of you may shine forth from the horizon of reality like unto the morning star, divine illumination may overcome the darkness of nature, and the world of humanity may become enlightened. This is the most great work! Should you become confirmed therein, this world will become another world, the surface of the earth will	14.10 Ngayon ay magsumikap kayo upang ang Sentro ng Pagsasama-sama ng mga banal na relihiyon—na alang-alang sa pagkikintal niyon ang lahat ng mga Propeta ay ginawang mahayag at iyon ay walang iba kundi ang pinakadiwa ng mga katuruang makadiyos—ay mapalaganap sa lahat ng bahagi ng America, upang ang bawat isa sa inyo ay maging mula sa sugpungang-guhit ng realidad tulad ng buntala ng umaga, upang mapawi ng banal na liwanag ang karimlan ng kalikasan, at ang daigdig ng sangkatauhan ay maliwanagan. Ito ang pinakadakilang gawain! Kung kayo ay pagtitibayin

become the delectable paradise, and eternal Institutions be founded.	doon, itong daigdig ay magiging ibang daigdig, ang balat ng lupa ay magiging isang napakagandang paraiso, at ang mga Institusyong walang-maliw ay maitatatag.
<i>Let whosoever travels to different parts to teach, peruse over mountain, desert, land and sea this supplication:</i>	<i>Dapat basahin ang dalanging ito ng sinumang maglalakbay upang magturo sa iba't ibang lugar, sa ibabaw ng bundok, disyerto, lupa at dagat:</i>
14.11 O God! O God! Thou seest my weakness, lowliness and humility before Thy creatures; nevertheless, I have trusted in Thee and have arisen in the promotion of Thy teachings among Thy strong servants, relying on Thy power and might.	14.11 O Diyos, O Diyos! Nakikita Mo ang aking kahinaan, kababaan at pagkahamak sa harap ng Iyong mga nilalang; gayumpaman ay nagtiwala ako sa Iyo at nagbangon sa pagpapalaganap ng Iyong mga katuruan sa Iyong malakas na mga tagapaglingkod, habang nananangan sa Iyong lakas at kapangyarihan!
14.12 O Lord! I am a broken-winged bird and desire to soar in Thy limitless space. How is it possible for me to do this save through Thy providence and grace, Thy confirmation and assistance.	14.12 O Panginoon! Ako ay isang ibong bali ang bagwis at nagnanais na lumipad sa Iyong kalawakang walang hanggan. Paano ko magagawa ito kung hindi sa Iyong pagpapala at biyaya, sa Iyong pagpapatibay at tulong.
14.13 O Lord! Have pity on my weakness, and strengthen me with Thy power. O Lord! Have pity on my impotence, and assist me with Thy might and majesty.	14.13 O Panginoon! Maawa sa aking kahinaan, at palakasin ako sa Iyong lakas. O Panginoon! Maawa sa aking kawalan ng kakayahan, at tulungan ako sa Iyong kapangyarihan at kamahalan.
14.14 O Lord! Should the breath of the Holy Spirit confirm the weakest of creatures, he would attain all to which he aspireth and would possess anything he desireth. Indeed, Thou hast assisted Thy servants in the past and, though they were the weakest of Thy creatures, the lowliest of Thy servants and the most insignificant of those who lived upon the earth, through Thy sanction and potency they took precedence over the most glorious of Thy people and the most noble of mankind. Whereas formerly they were as moths, they became as royal falcons, and whereas before they were as brooks, they became as seas, through Thy bestowal and Thy mercy. They became, through Thy most great favor, stars shining on the horizon of guidance, birds singing in the rose gardens of immortality, lions roaring in the forests of knowledge and wisdom, and whales swimming in the oceans of life.	14.14 O Panginoon! Kung ang mga hininga ng Espiritu Santo ay magpapatibay sa pinakamahinang nilalang, matatamo niya ang lahat ng kaniyang hinahangad at makakamtan ang anumang naisin niya. Sa katunayan, tinulungan Mo ang Iyong mga tagapaglingkod noong nakaraan, at bagaman sila ang pinakamahina sa Iyong mga nilalang, ang pinakamababa sa Iyong mga tagapaglingkod, at ang pinakahamak sa lahat ng nabubuhay sa lupa, sa pamamagitan ng Iyong pagpapatibay at lakas ay nauna sila sa pinakamaringal sa Iyong mga tao at sa pinakadakila sa sangkatauhan. Bagaman sila ay dating tulad ng mga gamugamo, sila ay naging maharlikang mga lawin, at bagaman sila ay dating tulad ng mga batis sila ay naging mga dagat, sa pamamagitan ng Iyong kaloob at Iyong habag. Mula sa Iyong pinakadakilang pagpapala, sila ay naging mga bituing nagniningning sa sugpungang-guhit ng pamamatnubay, mga ibong umaawit sa mga hardin ng rosas ng kawalang-kamatayan, mga leong umaatungal sa mga gubat ng kaalaman at karunungan, at mga balyenang lumalangoy sa mga karagatan ng buhay.

14.15

Verily, Thou art the Clement, the
Powerful, the Mighty, and the Most Merciful of the
merciful.

14.15

Tunay na Ikaw ang Mapagbigay, ang
Malakas, ang Makapangyarihan, at ang
Pinakamahabagin ng mga mahabagin.

Notes and References in this Publication

1: Tablet to the Bahá'ís of the Northeastern States

1. Qur'án 22:5. ↵
2. Cf. Mark 16:15. ↵
3. Cf. Qur'án 2:261. ↵

2: Tablet to the Bahá'ís of the Southern States

1. Qur'án 1:6. ↵
2. Cf. Mark 16:15. ↵

3: Tablet to the Bahá'ís of the Central States

1. Cf. Matthew 13:23. ↵

4: Tablet to the Bahá'ís of the Western States

1. Qur'án 2:257. ↵
2. Cf. Mark 16:15. ↵

5: Tablet to the Bahá'ís of Canada and Greenland

1. Qur'án 39:69. ↵

6: Tablet to the Bahá'ís of the United States and Canada

1. Cf. Mark 16:15. ↵
2. Cf. Matthew 5:3. ↵
3. Qur'án 28:5. ↵

8: Tablet to the Bahá'ís of the United States and Canada

1. Cf. Matthew 10:14. ↵

9: Tablet to the Bahá'ís of the Northeastern States

1. Qur'án 24:35. ↵
2. Qur'án 1:6. ↵

11: Tablet to the Bahá'ís of the Central States

1. Qur'án 2:105, 3:74. ↵

12: Tablet to the Bahá'ís of the Western States

1. Qur'án 34:15. ↵
2. Qur'án 30:9, 40:82, 47:10. ↵
3. Qur'án 30:50. ↵

13: Tablet to the Bahá'ís of Canada and Greenland

1. Qur'án 67:3. ↵

14: Tablet to the Bahá'ís of the United States and Canada

1. Qur'án 3:103. ↵
2. John 3:6. ↵